



# Handbook ng Miyembro

---

Ang dapat mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

Alameda Alliance for Health  
Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (EOC)  
at Form sa Paghahayag

2022

# Iba pang wika at format

## Iba pang wika

Puwede mong makuha ang Handbook ng Miyembro na ito at ang iba pang materyal ng plano sa ibang wika, nang libre sa iyo. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Toll-free ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa tulong sa wika para sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng mga serbisyo ng interpreter at serbisyo sa pagsasalin. Maraming feature sa self-service na available sa iyo sa pamamagitan ng Portal ng Miyembro ng Alliance. Magagawa mong piliin ang iyong doktor sa pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP), humiling ng pamalit na ID card ng miyembro, at tingnan ang iyong pagiging kwalipikado sa plano sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong Member Portal account.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Iba pang format

Makukuha mo ang impormasyong ito sa iba pang format, gaya ng Braille, 20-point na font na malaking print, audio, at accessible na elektronikong format, nang libre sa iyo. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Toll-free ang tawag.

---

## Mga serbisyo ng interpreter

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay nagbibigay ng nakasulat at oral na serbisyo sa pagsasalin mula sa isang kwalipikadong interpreter, sa 24 na oras na batayan, nang libre sa iyo. Hindi mo kailangang gumamit ng miyembro ng pamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga tagasalin, maliban na lang kung isa itong emergency. Ang mga serbisyo sa tagasalin, lingwistiko, at kultural na serbisyo ay available nang libre sa iyo. Ang tulong ay available 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Toll-free ang tawag.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## English Tagline

ATTENTION: If you need help in your language call **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Aids and services for people with disabilities, like documents in Braille and large print, are also available. Call **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). These services are at no cost.

## الشعار بالعربية (Arabic)

يُرجى الانتباه: إذا احتجت إلى المساعدة بلغتك، فاتصل بـ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). تتوفر أيضًا المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة بريـل والخط الكبير. اتصل بـ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). هذه الخدمات مجانية.

## Հայերեն պիտակ (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ: Եթե Ձեզ օգնություն է հարկավոր Ձեր լեզվով, զանգահարեք **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**): Կան նաև օժանդակ միջոցներ ու ծառայություններ հաշմանդամություն ունեցող անձանց համար, օրինակ՝ Բրայլի գրատիպով ու խոշորատառ տպագրված նյութեր: Չանգահարեք **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**): Այդ ծառայություններն անվճար են:

## ឃ្លាសម្គាល់ជាភាសាខ្មែរ (Cambodian)

ចំណាំ: បើអ្នក ត្រូវ ការជំនួយ ជាភាសា របស់អ្នក សូម ទូរស័ព្ទទៅលេខ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**)។ ជំនួយ និង សេវាកម្ម សម្រាប់ ជនពិការ ដូចជាឯកសារសរសេរជាអក្សរធំ សម្រាប់ជនពិការភ្នែក ឬឯកសារសរសេរជាអក្សរពុម្ពធំ ក៏អាចរកបានផងដែរ។ ទូរស័ព្ទមកលេខ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) ។ សេវាកម្មទាំងនេះមិនគិតថ្លៃឡើយ។



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## 简体中文标语 (Chinese)

请注意：如果您需要以您的母语提供帮助，请致电 **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**)。另外还提供针对残疾人士的帮助和服务，例如文盲和需要较大字体阅读，也是方便取用的。请致电 **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**)。这些服务都是免费的。

## (Farsi) مطلب به زبان فارسی

**1.877.932.2738** خواهيد به زبان خود کمک دریافت کنید، با توجه: اگر می تماس بگیرید. کمک‌ها و خدمات مخصوص افراد (TTY: **1.800.735.2929**) دارای معلولیت، مانند نسخه‌های خط بریل و چاپ با حروف بزرگ، نیز موجود تماس بگیرید. این (TTY: **1.800.735.2929**) **1.877.932.2738** است. با خدمات رایگان ارائه می‌شوند.

## हिंदी टैगलाइन (Hindi)

ध्यान दें: अगर आपको अपनी भाषा में सहायता की आवश्यकता है तो **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) पर कॉल करें। अशक्तता वाले लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे ब्रेल और बड़े प्रिंट में भी दस्तावेज़ उपलब्ध हैं। **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) पर कॉल करें। ये सेवाएं नि: शुल्क हैं।

## Nqe Lus Hmoob Cob (Hmong)

CEEB TOOM: Yog koj xav tau kev pab txhais koj hom lus hu rau **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Muaj cov kev pab txhawb thiab kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab, xws li puav leej muaj ua cov ntawv su thiab luam tawm ua tus ntawv loj. Hu rau **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Cov kev pab cuam no yog pab dawb xwb.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## 日本語表記 (Japanese)

注意日本語での対応が必要な場合は **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) へお電話ください。点字の資料や文字の拡大表示など、障がいをお持ちの方のためのサービスも用意しています。 **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) へお電話ください。これらのサービスは無料で提供しています。

## 한국어 태그라인 (Korean)

유의사항: 귀하의 언어로 도움을 받고 싶으시면 **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) 번으로 문의하십시오. 점자나 큰 활자로 된 문서와 같이 장애가 있는 분들을 위한 도움과 서비스도 이용 가능합니다. **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) 번으로 문의하십시오. 이러한 서비스는 무료로 제공됩니다.

## ແທກໄລພາສາລາວ (Laotian)

ປະກາດ: ຖ້າທ່ານຕ້ອງການຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອໃນພາສາຂອງທ່ານໃຫ້ໂທຫາເບີ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). ຍັງມີຄວາມຊ່ວຍເຫຼືອແລະການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການ ເຊັ່ນເອກະສານທີ່ເປັນອັກສອນນູນແລະມິໂຕພິມໃຫຍ່ ໃຫ້ໂທຫາເບີ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ບໍ່ຕ້ອງເສຍຄ່າໃຊ້ຈ່າຍໃດໆ.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa  
[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Mien Tagline (Mien)

LONGC HNYOUV JANGX LONGX OC: Beiv taux meih qiemx longc mienh tengx faan benx meih nyei waac nor douc waac daaih lorx taux **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Liouh lorx jauv-louc tengx aengx caux nzie gong bun taux ninh mbuo wuaaic fangx mienh, beiv taux longc benx nzangc-pokc bun hluc mbiutc aengx caux aamz mborqv benx domh sou se mbenc nzoih bun longc. Douc waac daaih lorx **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Naaiv deix nzie weih gong-bou jauv-louc se benx wang-henh tengx mv zuqc cuotv nyaanh oc.

## ਪੰਜਾਬੀ ਟੈਗਲਾਈਨ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਆਪਣੀ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਮਦਦ ਦੀ ਲੋੜ ਹੈ ਤਾਂ ਕਾਲ ਕਰੋ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ, ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬੋਲ ਅਤੇ ਮੋਟੀ ਛਪਾਈ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼, ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਕਾਲ ਕਰੋ **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਮੁਫਤ ਹਨ।

## Русский слоган (Russian)

ВНИМАНИЕ! Если вам нужна помощь на вашем родном языке, звоните по номеру **1.877.932.2738** (линия TTY: **1.800.735.2929**). Также предоставляются средства и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы крупным шрифтом или шрифтом Брайля. Звоните по номеру **1.877.932.2738** (линия TTY: **1.800.735.2929**). Такие услуги предоставляются бесплатно.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).



## Mensaje en español (Spanish)

ATENCIÓN: si necesita ayuda en su idioma, llame al **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). También ofrecemos asistencia y servicios para personas con discapacidades, como documentos en braille y con letras grandes. Llame al **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Estos servicios son gratuitos.

## Tagalog Tagline (Tagalog)

ATENSIYON: Kung kailangan mo ng tulong sa iyong wika, tumawag sa **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Mayroon ding mga tulong at serbisyo para sa mga taong may kapansanan, tulad ng mga dokumento sa braille at malaking print. Tumawag sa **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Libre ang mga serbisyonang ito.

## แท็กไลน์ภาษาไทย (Thai)

โปรดทราบ: หากคุณต้องการความช่วยเหลือเป็นภาษาของคุณ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) นอกจากนี้ ยังพร้อมให้ความช่วยเหลือและบริการต่าง ๆ สำหรับบุคคลที่มีความพิการ เช่น เอกสารต่าง ๆ ที่เป็นอักษรเบรลล์และเอกสารที่พิมพ์ด้วยตัวอักษรขนาดใหญ่ กรุณาโทรศัพท์ไปที่หมายเลข **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**) ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับบริการเหล่านี้



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).



## Примітка українською (Ukrainian)

УВАГА! Якщо вам потрібна допомога вашою рідною мовою, телефонуйте на номер **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Люди з обмеженими можливостями також можуть скористатися допоміжними засобами та послугами, наприклад, отримати документи, надруковані шрифтом Брайля та великим шрифтом. Телефонуйте на номер **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Ці послуги безкоштовні.

## Khẩu Hiệu Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu quý vị cần trợ giúp bằng ngôn ngữ của mình, vui lòng gọi số **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Chúng tôi cũng hỗ trợ và cung cấp các dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và chữ khổ lớn (chữ hoa). Vui lòng gọi số **1.877.932.2738** (TTY: **1.800.735.2929**). Các dịch vụ này đều miễn phí.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

# Maligayang Pagdating sa Alliance!

Salamat sa pagsali sa Alameda Alliance for Health (Alliance). Ang Alliance ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Nakikipagtulungan ang Alliance sa Estado ng California para matulungan kang matanggap ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Nakikipagkontrata ang Alliance sa Alameda Health System (AHS), Community Health Center Network (CHCN), Children First Medical Group (CFMG), at Kaiser Permanente (Kaiser), para maging bahagi ng network ng provider ng Alliance. Bilang miyembro ng Medi-Cal, posibleng kwalipikado kang piliin ang isa sa mga grupong ito ng provider bilang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP).

Puwede mong piliin ang Kaiser bilang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung miyembro ka ng Medi-Cal ng Alliance, at kung natutugunan mo ang ilang partikular na kinakailangan.

Kasama rito ang:

- Pagkakaroon ng mga medikal na pangangailangan sa pagpapatuloy ng pangangalaga, o
- Dapat ay isa kang kwalipikadong miyembro ng pamilya na kasama sa bahay ng kasalukuyang miyembro ng Kaiser.

Posibleng kasama sa karagdagang kapamilya ang sumusunod:

- Asawa
- Hindi pa kasal na dependent na anak na wala pang **21 taong gulang**
- May kapansanan na dependent na may edad na mahigit sa **21 taon** (kailangan ng legal na conservatorship)
- Mga kasal o hindi kasal na magulang o stepparent ng mga batang wala pang **21 taong gulang**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

- Foster na anak, step child, o legal na tagapangalaga; o
- Miyembro ka ng Kaiser sa nakalipas na **anim (6) na buwan**. Ikaw ay dapat nasa **anim (6) na buwan** mula sa petsa ng pagwawakas ng iyong dating membership sa Kaiser.

Para mapili ang Kaiser bilang iyong PCP, dapat kang tumawag sa aming Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro, Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm sa **1.510.747.4567** o toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Ipaalam sa amin kung gusto mong Kaiser ang iyong maging provider ng pangangalagang pangkalusugan. Pagkatapos, isi-screen ka para malaman kung natutugunan mo ang mga pamantayan. Puwedeng abutin ng hanggang **30 araw** bago magsimula ang iyong saklaw sa Kaiser pagkatapos mong sabihin sa amin na gusto mong piliin ang Kaiser bilang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Pakitandaang kung maaaprubahan ka, karaniwang magsisimula ang iyong saklaw sa Kaiser sa unang araw ng susunod na buwan.

Kung hindi mo kami tatawagan para piliin ang Kaiser bilang iyong PCP, hindi namin magagarantiya na masasaklawan ang mga serbisyo, kahit sumang-ayon ang Kaiser na tingnan ka para sa isang appointment.

---

## Handbook ng Miyembro

Nakasaad sa Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong saklaw sa Alliance. Pakibasa ito nang husto at nang buo. Makakatulong ito sa iyong unawain at gamitin ang iyong mga benepisyo at serbisyo. Ipinapaliwanag din dito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Alliance. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangan sa kalusugan, pakitiyak na babasahin mo ang lahat ng seksyong naaangkop sa iyo.

Tinatawag din ang Handbook ng Miyembro na ito na Pinagsamang Ebidensya ng Saklaw (Evidence of Coverage, EOC) at Form sa Paghahayag. Ito ay isang buod ng mga panuntunan at patakaran ng Alliance, at nakabatay ang mga ito sa kontrata sa pagitan ng Alliance at Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS). Kung gusto mo ng higit pang impormasyon, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) para humiling ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Alliance at DHCS. Puwede ka ring humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang walang bayad, o bumisita sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org** para makita ang Handbook ng Miyembro. Puwede ka ring humingi, nang walang bayad sa iyo, ng kopya ng mga hindi kumpidensyal na klinikal at pang-administratibong patakaran at pamamaraan ng Alliance, o ng kung paano i-access ang impormasyong ito sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.

---

## Makipag-ugnayan sa amin

Narito ang Alliance para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll-free ang tawag.

Puwede ka ring bumisita online anumang oras sa **www.alamedaalliance.org**.

Salamat,

Alameda Alliance for Health  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

# Talaan ng Nilalaman

<b>Iba pang wika at format.....</b>	<b>2</b>
Iba pang wika.....	2
Iba pang format.....	3
Mga serbisyo ng interpreter .....	3
<b>Maligayang Pagdating sa Alliance!.....</b>	<b>10</b>
Handbook ng Miyembro.....	11
Makipag-ugnayan sa amin.....	12
<b>Talaan ng Nilalaman .....</b>	<b>13</b>
<b>1. Pagsisimula bilang miyembro.....</b>	<b>16</b>
Paano makatanggap ng tulong .....	16
Sino ang puwedeng maging miyembro .....	17
Mga card ng pagkakakilanlan (ID) .....	17
<b>2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan.....</b>	<b>20</b>
Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan .....	20
Paano gumagana ang iyong plano .....	22
Pagpapalit ng planong pangkalusugan .....	22
Mga mag-aaral sa kolehiyo na lilipat sa ibang county o sa labas ng California ..	23
Pagpapatuloy ng pangangalaga .....	25
Mga Gastusin.....	27
<b>3. Paano makatanggap ng pangangalaga .....</b>	<b>32</b>
Pagtanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.....	32
Pangunahing provider ng pangangalaga (PCP).....	33
Network ng provider.....	37
Mga Appointment.....	46
Pagpaunta sa iyong appointment.....	46
Pagkansela at Muling Pagpapaiskedyul .....	47
Pagbabayad.....	47
Mga Referral .....	48
Paunang pag-apruba (paunang pahintulot) .....	50



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Mga pangalawang opinyon .....	52
Sensitibong pangangalaga .....	53
Agarang pangangalaga.....	56
Emergency na pangangalaga .....	56
Linya para sa Payo ng Nurse.....	58
Mga paunang direktiba .....	59
Pag-donate ng organ at tissue .....	59
<b>4. Mga benepisyo at serbisyo .....</b>	<b>60</b>
Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan.....	60
Mga benepisyo ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Alliance .....	64
Iba pang benepisyo at programang sinasaklaw ng Alliance .....	85
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal .....	89
Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Alliance o Medi-Cal ..	95
<b>5. Pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit.....</b>	<b>96</b>
Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit ng bata ....	96
Mga pediatric na serbisyo (Mga batang wala pang 21 taong gulang) .....	97
Pagsusuri para sa pagkalason ng dugo na dulot ng lead .....	99
Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit .....	99
Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng fee-for-service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa .....	100
<b>6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema .....</b>	<b>103</b>
Mga Reklamo.....	104
Mga Apela.....	106
Ang Dapat Gawin Kung Hindi Ka Sumasang-ayon sa Isang Pasya sa Apela...	108
Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan.....	109
Mga Pagdinig ng Estado.....	110
Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso (FWA).....	112
<b>7. Mga karapatan at responsibilidad.....</b>	<b>114</b>
Iyong Mga Karapatan.....	114
Ang iyong mga responsibilidad .....	116
Paunawa laban sa diskriminasyon.....	117
Mga paraan ng pakikibahagi bilang miyembro.....	119
Paunawa sa mga kasanayan sa privacy .....	120



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Paunawa tungkol sa mga batas ..... 121

Paunawa tungkol sa pagiging huling tagapagbayad ng Medi-Cal,  
 iba pang saklaw sa kalusugan, at pag-recover ng tort ..... 121

Paunawa tungkol sa pag-recover ng estate ..... 122

Paunawa ng Pagkilos ..... 123

**8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman..... 124**

Mahahalagang numero ng telepono ..... 124

Mga salitang dapat malaman ..... 126



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
 Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
 O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



# 1. Pagsisimula bilang miyembro

## Paano makatanggap ng tulong

Gusto ng Alliance na naging masaya ka tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gustong malaman ng Alliance ang iyong saloobin!

## Mga Serbisyo sa Miyembro

Narito ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita para tulungan ka.

Magagawa ng Alliance na:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga sinasaklaw na serbisyo
- Tulungan kang pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP)
- Sasabihin sa iyo kung saan makukuha ang pangangalagang kailangan mo.
- Tutulungan kang kumuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nakakapagsalita ng Ingles.
- Tutulungan kang makuha ang impormasyon sa iba pang wika at format
- Tulungan kang matuto tungkol sa mga programa sa wellness.

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll-free ang tawag. Dapat tiyakin ng Alliance na wala pang 10 minuto ka maghihintay kung tatawag ka.

Puwede ka ring bumisita online anumang oras sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Sino ang puwedeng maging miyembro

Kwalipikado ka sa Alliance dahil kwalipikado ka sa Medi-Cal at nakatira ka sa Alameda County. Puwede kang makipag-ugnayan sa isang lokal na tanggapan ng Social Security sa pamamagitan ng pagtawag nang toll-free sa **1.800.772.1213**. Posibleng kwalipikado ka rin sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil nakakatanggap ka ng Pantulong na Panseguridad ng Kita/Pantulong na Pagbabayad ng Estado (Supplemental Security Income/State Supplementary Payment, SSI/SSP).

Para sa mga tanong tungkol sa pagpapatala, tumawag sa Health Care Options (Mga Opsyon sa Pangangalangan Pangkalusugan) sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**). O bumisita sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

## Transitional Medi-Cal

Ang Transitional Medi-Cal ay tinatawag ding “Medi-Cal para sa mga taong may trabaho.” Posibleng magkaroon ka ng Transitional Medi-Cal kung hihinto ka sa pagtanggap ng Medi-Cal dahil:

- Nagsimula nang madagdagan ang iyong kita.
- Nagsimula nang madagdagan ang sustento sa anak o asawa ng iyong pamilya.

Puwede ka ring magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado sa Transitional Medi-Cal sa lokal na tanggapan ng mga serbisyong pangkalusugan at pantao ng iyong county sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx) o tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**).


## Mga card ng pagkakakilanlan (ID)

Bilang miyembro ng Alliance, makakakuha ka ng ID card ng Alliance. Dapat mong ipakita ang iyong ID card sa Alliance at ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyong (Benefits Identification Card, BIC) ng Medi-Cal, na ipinadala sa iyo ng Estado ng California, kapag kumuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o inireresetang gamot. Dapat ay palagi mong dala ang iyong mga card sa kalusugan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Narito ang mga halimbawang BIC at ID card ng Alliance para malaman mo ang magiging hitsura ng iyo:



**Member ID Card**

Jane Doe  
 Member ID: 000000000-01  
 DOB: 00/00/0000  
 Sex: F Language: English  
 CIN: 90000000A  
 Primary Care: Dr. Johnson  
 Phone: (510) 000-0000  
 Effective: 12/09/2014

RxBIN: 003585  
 RxPCN: 56350

Group: MCAL

**ALAMEDA Alliance FOR HEALTH**

**This card does not guarantee eligibility.**  
 <Provider Group (CHCN/CFMG)>  
 Provider Inquiries: (510) 000-0000  
 Claims: P.O. Box 0000  
 Alameda, CA 94501  
 Copays: OV \$0 ER \$0 RX \$0  
 Mental Health Care: Medi-Cal 1-800-491-9099  
 www.alamedaalliance.org

**For Physicians, Medical Staff, & Pharmacy:**

This card is for identification only.  
 To verify eligibility, check  
 www.alamedalliance.org  
 or call (510) 747-4505

Out-of-network emergency services will be reimbursed without prior authorization.

**For Members:**  
 Always carry this card with you. For day or after-hours and weekend care, call your doctor's office listed on the front of this card.  
 Member Services can answer your questions and help you find or change your doctor. Call (510) 747-4567 (TTY 711 or 1-800-735-2929)

**Emergency Care:**  
 If you think you have an emergency, go to the closest emergency room or call 911. An emergency is a sudden health problem with severe symptoms that needs treatment right away.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
 Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
 O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Kung hindi mo makukuha ang iyong ID card ng Alliance sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng petsa ng pagpapatala, o kung sira, nawala, o nanakaw ang iyong card, tumawag kaagad sa Mga Serbisyo sa Miyembro. Magpapadala ng bago card ang Alliance nang libre sa iyo. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Puwede ka ring humiling ng ID card ng Alliance online sa Portal ng Miyembro ng Alliance sa pamamagitan ng pagbisita sa amin sa **www.alamedaalliance.org**. Maraming feature sa self-service na available sa iyo sa pamamagitan ng Portal ng Miyembro. Magagawa mong piliin ang iyong doktor sa pangunahing pangangalaga (PCP), humiling ng pamalit na ID card, at tingnan ang iyong pagiging kwalipikado sa plano sa pamamagitan ng pag-log in sa iyong Member Portal account.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

## 2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

### Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan

Ang Alameda Alliance for Health (Alliance) ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa Alameda County. Nakikipagtulungan ang Alliance sa Estado ng California para matulungan kang matanggap ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Puwede kang makipag-usap sa isa sa mga kinatawan ng Serbisyo sa Miyembro ng Alliance para matuto pa tungkol sa planong pangkalusugan at sa kung paano mo ito mapapakinabangan. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

### Kailan magsisimula at matatapos ang iyong saklaw

Kapag nagpatala ka sa Alliance, magpapadala kami sa iyo ng ID card sa loob ng **dalawang (2) linggo** mula sa petsa ng pagpapatala. Dapat mong ipakita ang iyong ID card sa Alliance at ang iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo (BIC) ng Medi-Cal kapag kumuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o inireresetang gamot.

Kakailanganing i-renew ang iyong saklaw sa Medi-Cal taun-taon. Kung hindi mare-renew ng iyong lokal na opisina sa county ang iyong saklaw sa Medi-Cal gamit ang mga elektronikong source, magpapadala sa iyo ang county ng form sa pag-renew sa Medi-Cal. Sagutan ang form na ito at ipadala ito sa lokal na ahensya ng mga serbisyong pantao ng iyong county. Puwede mong ibalik ang iyong impormasyon online, nang personal, o sa pamamagitan ng telepono o iba pang elektronikong paraan kung available sa iyong county.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Puwede mong hilinging wakasan ang iyong saklaw sa Alliance, at puwede kang pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**). O bumisita sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>. Puwede mo ring hilinging wakasan ang iyong Medi-Cal.

Ang Alliance ang isang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Alameda County. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa [www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx).

Puwedeng matapos ang pagiging kwalipikado sa Alliance kung natutugunan ang alinman sa mga sumusunod:

- Lumipat ka paalis sa Alameda County
- Nasa kulungan o bilangguan ka
- Wala ka nang Medi-Cal
- Nasa isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga ka sa buwan ng pagkaka-admit hanggang sa susunod na buwan.
- Kung magiging kwalipikado ka para sa isang programa sa waiver na nag-aatas sa iyong maitala sa Fee-For-Service (FFS) na Medi-Cal.

Kung mawawalan ka ng saklaw sa Alliance Medi-Cal, posible ka pa ring maging kwalipikado para sa saklaw sa FFS na Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung sinasaklaw ka pa rin ng Alliance, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

## **Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga American Indian sa pinapamahalaang pangangalaga**

May karapatan ang mga American Indian na hindi magpatala sa isang plano sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal, o puwede silang umalis sa kanilang plano sa pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS na Medi-Cal anumang oras para sa anumang dahilan.

Kung isa kang American Indian, mayroon kang karapatang kumuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP). Puwede ka ring manatili o umalis sa pagkakatala



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

sa Alliance habang tumatanggap ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga lokasyong ito. Para sa impormasyon tungkol sa pagpapatala at pag-alis sa pagpapatala, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

---

## Paano gumagana ang iyong plano

Ang Alliance ay isang planong pangkalusugan sa pinapamahalaang pangangalaga na may kontrata sa DHCS. Ang Alliance ay nakikipagtulungan sa mga doktor, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan sa pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance para makapagbigay sa iyo, ang miyembro, ng pangangalagang pangkalusugan. Habang miyembro ka ng the Alliance, posible kang maging kwalipikadong makatanggap ng ilang karagdagang serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal. Kasama rito ang mga inireresetang gamot, hindi inireresetang gamot, at ilang medikal na supply para sa outpatient sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal Rx.

Sasabihin sa iyo ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance kung paano gumagana ang Alliance, paano kunin ang pangangalagang kailangan mo, paano magpa-appointment sa provider sa mga karaniwang oras ng pag-access, paano humiling ng mga libreng serbisyo sa pagsasalin, at paano malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo sa transportasyon.

Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Makakakita ka rin ng impormasyon tungkol sa serbisyo sa miyembro online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

---

## Pagpapalit ng planong pangkalusugan

Puwede kang umalis sa Alliance at lumipat sa ibang planong pangkalusugan sa tinitirhan mong county anumang oras. Tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**) para pumili ng bagong plano. Puwede kang tumawag Lunes – Biyernes, 8 am – 6 pm. O bumisita sa **<https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Puwedeng abutin ng hanggang **30 araw** bago maproseso ang kahilingan mong umalis sa Alliance at magpatala sa ibang plano sa iyong county kung walang isyu sa kahilingan. Para malaman ang status ng iyong kahilingan, tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**).

Kung gusto mong umalis sa Alliance nang mas maaga, puwede kang humiling sa Health Care Options ng pinabilis (mabilis) na pag-alis sa pagkakatala. Kung ang dahilan ng iyong kahilingan ay nakakatugon sa mga panuntunan sa pinabilis na pag-alis sa pagkakatala, makakatanggap ka ng liham na nagsasaad na naalis ka na sa pagkakatala.

Ang mga miyembrong puwedeng humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkakatala ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, mga batang nakakatanggap ng mga serbisyo sa ilalim ng programang Foster Care o Adoption Assistance Program (Programang Tulong sa Pag-aampon), miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at miyembrong nakatala na sa Medicare o sa iba pang Medi-Cal o komersyal na plano sa pinapamahalaang pangangalaga.

Puwede mong personal na hilinging umalis sa Alliance sa lokal na tanggapan ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao sa iyong county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa **[www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx)**. O tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o sa **711**).

---

## Mga mag-aaral sa kolehiyo na lilipat sa ibang county o sa labas ng California

Kung lilipat ka sa ibang county sa California para mag-aral ng kolehiyo, sasaklawin ng Alliance ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa bago mong county. Available ang mga serbisyo sa emergency at agarang pangangalaga sa lahat ng nakatala sa Medi-Cal sa buong estado, saanman ang tinitirhang county. Ang routine at pang-iwas na pangangalaga ay sinasaklaw lang sa iyong tinitirhang bansa.

Kung nakatala ka sa Medi-Cal at mag-aaral ka ng kolehiyo sa ibang county sa California, hindi mo kailangang mag-apply para sa Medi-Cal sa county na iyon.

Kapag pansamantala kang aalis ng bahay para mag-aral ng kolehiyo sa ibang county sa California, mayroon kang **dalawang (2)** opsyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Magagawa mong:

- Abisuhan ang Mga Serbisyonang Panlipunan ng Alameda County na pansamantala kang aalis para mag-aral ng kolehiyo, at ibigay ang address mo sa bagong county. Ia-update ng county ang mga talaan ng kaso at ilalagay nito ang iyong bagong address at county code sa database ng estado. Gamitin ang opsyong ito kung gusto mong makatanggap ng regular na pangangalaga o pangangalagang pang-iwas sa sakit sa bago mong county. Posibleng kailanganin mong magpalit ng mga planong pangkalusugan kung hindi nagpapatakbo ang Alliance sa county kung saan ka papasok sa kolehiyo. Para sa mga tanong at para maiwasan ang anumang pagkaantala sa pagpapatala sa bagong planong pangkalusugan, tumawag sa Health Care Options sa **1.800.430.4263** (TTY **1.800.430.7077** o **711**).

O

- Piliing hindi baguhin ang iyong planong pangkalusugan kapag pansamantala lang ang paglipat mo para mag-aral ng kolehiyo sa ibang county. Mga serbisyo lang sa emergency room at agarang pangangalaga ang maa-access mo sa bagong county, para sa ilang kundisyon. Para matuto pa, pumunta sa **Kabanata 3, “Paano makatanggap ng pangangalaga.”** Para sa regular o pang-iwas sa sakit na pangangalagang pangkalusugan, kakailanganin mong gamitin ang regular na network ng mga provider ng Alliance na nasa tinitirhang county ng lider ng sambahayan.

Kung aalis ka ng California para pansamantalang mag-aral ng kolehiyo sa ibang estado at gusto mong panatilihin ang iyong saklaw sa Medi-Cal, makipag-ugnayan sa iyong eligibility worker sa Mga Serbisyonang Panlipunan ng Alameda County. Hangga't kwalipikado ka, sasaklawin ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasaklawin din namin ang pangangalaga sa emergency na magresulta sa pagpapaospital sa Canada at Mexico kung maaaprubahan ang naturang serbisyo, at makakatugon ang doktor at ospital sa mga panuntunan ng Medi-Cal.

Ang mga serbisyo sa routine at pang-iwas na pangangalaga, kasama ang mga inireresetang gamot, ay hindi nasasaklawan sa labas ng California. Kung gusto mo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin mong mag-apply sa estadong iyon. Hindi ka magiging kwalipikado para sa Medi-Cal at hindi babayaran ng Alliance ang iyong pangangalagang pangkalusugan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Pagpapatuloy ng pangangalaga

Bilang miyembro ng Alliance, sa mga provider na nasa network ng Alliance mo kukunin ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Sa ilang sitwasyon, posibleng makapagpatingin ka sa mga provider na wala sa network ng Alliance. Tinatawag itong patuloy na pangangalaga. Tumawag sa Alliance at sabihin sa amin kung kailangan mong magpatingin sa isang provider na wala sa network. Sasabihin namin sa iyo kung mayroon kang \_\_\_\_\_ pagpapatuloy ng pangangalaga.

Magagamit mo ang pagpapatuloy ng pangangalaga sa loob ng hanggang **12 buwan**, o higit pa sa ilang kaso, kung natutugunan ang lahat ng sumusunod:

- Mayroon kang kasalukuyang ugnayan sa isang provider na wala sa plano, bago ang pagpapatala sa Alliance.
- Handa ang provider na wala sa plano na makipagtulungan sa Alliance at sumasang-ayon siya sa mga ipinag-aatas ng Alliance.
- Nagpatingin ka sa provider na wala sa plano nang hindi bababa sa isang beses sa **12 buwan** bago ang pagpapatala sa Alliance para sa isang hindi pang-emergency na pagbisita.
- Nagpatingin ka sa provider na wala sa plano nang hindi bababa sa isang beses sa **anim (6) na buwan** bago ang transisyon ng mga serbisyo mula sa isang Regional \_\_\_\_\_ Center sa Alliance.
- Ang Alliance ay walang nakadokumentong alalahanin sa kalidad ng pangangalaga sa provider na wala sa plano.

Kung ang iyong mga provider ay hindi sasali sa network ng Alliance sa pagtatapos ng **12 buwan**, huwag sumang-ayon sa mga rate ng pagbabayad ng Alliance, o hindi niya natutugunan ang mga ipinag-aatas sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin mong magpalit ng provider na nasa network ng Alliance o tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) para matalakay ang iyong mga opsyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

## Mga provider na aalis sa Alliance o hindi pangplano na provider

Kung ginagamot ka ng isang provider para sa isang partikular na kundisyon sa kalusugan, na hindi provider ng Alliance o huminto sa pagtatrabaho para sa Alliance ang iyong provider, posibleng patuloy kang makatanggap ng mga serbisyo mula sa provider na iyon. Ito ay isa pang paraan ng pagpapatuloy ng pangangalaga.

Ang mga serbisyong ibinibigay ng Alliance para sa pagpapatuloy ng pangangalaga ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Mga acute na kundisyon (isang medikal na isyu na nangangailangan ng mabilis na atensyon) – Hangga't naroon ang kundisyon.
- Mga pabalik-balik na kundisyon sa pangangatawan at pag-uugali (medikal na isyung mayroon ka na sa loob ng mahabang panahon) – Para sa tagal ng panahong kinakailangan para matapos ang kurso ng paggamot at maisaayos ang ligtas na paglipat sa bagong doktor sa network ng Alliance.
- Pagbubuntis – Sa panahon ng pagbubuntis at kasunod na panahon pagkatapos manganak.
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na nauugnay sa pagbubuntis.
- Pangangalaga sa isang bagong silang na sanggol sa pagitan ng **kapanganakan at 36 na buwang gulang** hanggang **12 buwan** mula sa pagisismula ng petsa ng saklaw o sa petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider sa Alliance.
- Terminal na karamdaman (nakakamatay na medikal na isyu) – Hanggang sa mayroong karamdaman. Ang pagtatapos ng mga sinasaklawang serbisyo ay posibleng lumampas sa **12 buwan** mula sa panahong ihinto ng provider ang pagtatrabaho para sa Alliance.
- Pagsasagawa ng operasyon o iba pang medikal na pamamaraan mula sa isang provider na wala sa plano hangga't ito ay sinasaklawan, medikal na kinakailangan, at awtorisado ng Alliance bilang bahagi ng nakadokumentong kurso ng paggamot at inirekomenda at isinadokumento ng provider – Operasyon o iba pang medikal na pamamaraan na isasagawa sa loob ng **180 araw** mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider o **180 araw** mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng saklwa ng isang bagong miyembro.
- Para sa iba pang kundisyong posibleng kwalipikado, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung hindi handa ang wala sa plano na provider na ipagpatuloy ang pagbibigay ng mga serbisyo, hindi sumang-ayon sa bayad, o iba pang tuntunin sa pagbibigay ng pangangalaga, matatanggap mo ang patuloy na pangangalaga mula sa provider. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) para sa tulong sa pagpili ng nakakontratang provider na magpapatuloy sa iyong pangangalaga o kung mayroon kang mga tanong o problema sa pagtanggap ng mga sinasaklawang serbisyo mula sa isang provider na hindi na bahagi ng Alliance.

Hindi inaatasan ang Alliance na magbigay ng patuloy na pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sinasaklawan ng Medi-Cal, matibay na medikal na kagamitan, transportasyon, iba pang pantulong na serbisyo, at carved-out na provider ng serbisyo. Para matuto pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at mga kwalipikasyon sa pagiging kwalipikado, at malaman ang tungkol sa lahat ng available na serbisyo, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

---

## Mga Gastusin

### Mga gastusin ng miyembro

Nagseserbisyo ang Alliance sa mga taong kwalipikado sa Medi-Cal. Kadalasan, **hindi** kailangang bayaran ng mga miyembro ng Alliance ang mga sinasaklaw na serbisyo, premium, o naibabawas. Posibleng magkaroon ng buwanang premium at mga copayment ang mga miyembrong nakatala sa Programa ng Insurance sa Kalusugan ng Mga Bata ng California (California Children's Health Insurance Program, CCHIP) sa County ng Santa Clara, San Francisco, at San Mateo, at ang mga miyembrong nasa Medi-Cal for Families Program (Programang Medi-Cal para sa Mga Pamilya). Maliban sa pangangalaga sa emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Alliance bago ka magpatingin sa isang provider sa labas ng network ng Alliance. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba at pupunta ka sa isang provider na wala sa network para sa hindi pangangalaga sa emergency, agarang pangangalaga, o sensitibong pangangalaga, posibleng kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Para sa listahan ng mga sinasaklaw na serbisyo, pumunta sa "**Mga benepisyo at serbisyo.**"



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at bahagi sa gastusin

Posibleng kailanganin mong magbayad ng bahagi sa gastusin bawat buwan para sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Nakadepende sa kita at mga resource mo ang halaga ng iyong bahagi sa gastusin. Bawat buwan, ikaw ang magbabayad ng mga sarili mong medikal na bill, kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga bill sa Pinapamahalaang Pangmatagalang Pansuportang Sebisyo (Managed Long-Term Support Service, MLTSS), hanggang sa umabot ang naibayad mo sa iyong bahagi sa gastusin. Pagkatapos noon, sasaklawin ng Alliance ang iyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwang iyon. Hindi ka sasaklawin ng Alliance hangga't hindi mo nababayaran nang buo ang iyong bahagi sa gastusin sa pangmatagalang pangangalaga para sa nasabing buwan.

### Paano nababayaran ang isang provider

Binabayaran ng Alliance ang mga provider sa mga paraang ito:

- Mga capitation na pagbabayad
  - Nagbabayad ang Alliance sa ilang provider ng nakatakdang halaga bawat buwan para sa bawat miyembro ng Alliance. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Ang Alliance at mga provider ay nagtutulungan para magpasya sa halaga ng bayad.
- Mga FFS na pagbabayad
  - May ilang provider na nagbibigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng Alliance at pagkatapos ay nagpapadala ng bill sa Alliance para sa mga ibinigay nilang serbisyo. Tinatawag itong FFS na pagbabayad. Nagtutulungan ang Alliance at ang mga provider sa pagpapasya kung magkano ang sisingilin sa bawat serbisyo.

Para matuto pa tungkol sa kung paano binabayaran ng Alliance ang mga provider, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Ipinagmamalaki ng Alliance na mahigit sa dalawang (2) dekada na nitong pinaglilingkuran ang ating komunidad. Kami ay nabuo at para sa mga residente ng Alameda County, at sa kasalukuyan ay nagbibigay kami sa mahigit 270,000 bata at nasa hustong taong gulang ng access sa pangangalagang pangkalusugan. Pinapahalagahan namin ang mataas na kalidad, accessible, at abot-kayang serbisyo sa pangangalagang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

pangkalusugan na inihahatid ng aming mga partner na provider. Ang aming 2021 Pay-for-Performance (P4P) na programa ay nag-aalok ng mga insentibong bayad batay sa performance para sa mga naihatid na serbisyo. Sa pamamagitan ng programang ito, nabibigyan ng reward ang mga PCP at Grupo ng PCP para sa napakahusay na performance at taunang pagpapahusay.

### **Paghiling sa Alliance na bayaran ang isang bill**

Ang mga nasasaklawang serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na responsibilidad ng Alliance na bayaran. Kung makakatanggap ka ng bill para sa mga bayarin sa mga pansuportang serbisyo, co-pay, o bayad sa pagpaparehistro para sa isang sinasaklawang serbisyo, huwag bayaran ang bill. Tumawag kaagad sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



## Paghiling sa Alliance ibalik ang ibinayad mo para sa mga gastos

Kung nagbayad ka para sa mga serbisyong natanggap mo na at gusto mong i-reimburse (ibalik ang ibinayad mo) ng Alliance, dapat ay natutugunan mo ang **lahat** ng sumusunod na kundisyon:

- Ang serbisyong natanggap mo ay nasasaklawang serbsiyo na responsibilidad bayaran ng Alliance. Hindi ka ire-reimburse ng Alliance para sa isang serbisyong hindi nasasaklawan ng Medi-Cal o Alliance.
- Natanggap mo ang sinasaklaw na serbisyo pagkatapos mong maging kwalipikadong miyembro ng Alliance.
- Hiniling mong maibalik ang ibinayad mo sa loob ng **isang (1) taon** mula sa petsa kung kailan mo natanggap ang nasasaklawang serbisyo.
- Nagbigay ka ng patunay na nagbayad ka para sa sinasaklaw na serbisyo, gaya ng detalyadong resibo mula sa provider.
- Natanggap mo ang sinawaklaw na serbisyo mula sa isang provider na nakatala sa Medi-Cal sa network ng Alliance. Hindi mo kailangang matugunan ang kundisyong ito kung tumanggap ka ng mga serbisyo sa emergency, serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na gawin ng mga provider na wala sa network nang walang pag-apruba.
- Kung karaniwang nangangailangan ang sinasaklawang serbisyo ng paunang pag-apruba, dapat kang magbigay ng patunay mula sa provider na nagpapakita ng medikal na pangangailangan para sa sinasaklawang serbisyo.

Sasabihin ng Alliance ang tungkol sa pasya nito na i-reimburse ka sa isang liham na tinatawag na Paunawa sa Pagkilos. Kung natutugunan mo ang mga kundisyon sa itaas, dapat ibalik ng provider na nakatala sa Medi-Cal ang buong ibinayad mo. Kung tatanggi ang provider na ibalik ang ibinayad mo, ibabalik ng Alliance ang buong halaga na ibinayad mo. Kung nakatala ang provider sa Medi-Cal, pero wala ito sa network ng Alliance at tumatanggi siyang ibalik ang ibinayad mo, babayaran ka ng Alliance, pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS na Medi-Cal. Ibabalik ng Alliance ang buong gastos mula sa sariling bulsa na ibinayad mo para sa mga serbisyo sa emergency, serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na maibigay ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba. Kung hindi mo natutugunan ang mga kundisyon sa itaas, hindi ibabalik ng Alliance ang ibinayad mo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Hindi ibabalik ng Alliance ang ibinayad mo kung:

- Humiling ka at nakatanggap ng mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga cosmetic na serbisyo.
- Mayroon kang hindi natutugunan na Bahagi sa Gastos sa Medi-Cal.
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismong ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- Hiniling mong maibalik ang iyong ibinayad para sa mga co-pay sa mga inireresetang gamot na sinasaklaw ng iyong Medicare Part D plan.

Kung nagbayad ka para sa isang serbisyo na sa palagay mo ay dapat saklawin ng Alliance, kailangan mong sagutan ang isang Form sa Kahilingan ng Miyembro sa Reimbursement at sabihin sa Alliance sa pamamagitan ng pagsulat kung bakit kinailangan mo itong bayaran. Kailangan mong magsama ng kopya ng itemized bill at katunayan ng pagbabayad (gaya ng mga resibo) sa iyong kahilingan. Susuriin ng Alliance ang iyong kahilingan para malaman kung puwedeng maibalik sa iyo ang iyong pera.

Tatanggap at magsusuri ang Alliance ng mga kahilingan para sa reimbursement para sa isang gastos sa kalusugan na natanggap sa loob ng **180 araw ng kalendaryo** pagkatapos ng petsa kung kailan binayaran ang bill. Hindi matatanggap ng Alliance ang mga bill na natanggap nang lampas sa **180 araw ng kalendaryo** pagkatapos ng petsa kung kailan nabayaran ang bill. Kung hindi kakontrata ng provider ang Alliance, magiging limitado ang reimbursement sa rate ng Medi-Cal para sa (mga) ibinigay na serbisyo. Ang rate na ito ay posibleng mas mababa sa halagang binayaran mo o sa halagang siningil ng provider para sa serbisyo.

Para humiling ng form sa pag-reimburse, sa tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede ka ring mag-print ng kopya ng Form para sa Paghiling ng Miyembro ng Reimbursement sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

# 3. Paano makatanggap ng pangangalaga

## Pagtanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

**PAKIBASA ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN KUNG KANINO O SA ALING GRUPO NG MGA PROVIDER PUWEDENG KUMUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.**

Puwede ka nang tumanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagpapatala. Palaging dalhin ang iyong ID card bilang miyembro ng Alliance, Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo sa Medical (BIC), at iba pang card ng insurance sa kalusugan. Huwag hayaan ang sinumang gamitin ang iyong BIC o ID card bilang miyembro ng Alliance.

Dapat pumili ang mga bagong miyembro ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) na nasa network ng Alliance. Ang network ng Alliance ay isang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Alliance. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng **30 araw** mula sa panahong naging miyembro ka sa Alliance. Kung hindi ka pipili ng PCP, ang Alliance ang pipili nito para sa iyo.

Puwedeng iisang PCP lang ang piliin mo, o puwede kang pumili ng magkakaibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya na nasa Alliance, basta't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o kung gusto mong maghanap ng bagong PCP, puwede kang tumingin sa Direktoryo ng Provider. Inilista nito ang lahat ng PCP na nasa network ng Alliance. Makakakita sa Direktoryo ng Provider ng iba pang impormasyong makakatulong sa pagpili mo ng PCP. Kung kailangan mo ng Provider ng Direktoryo, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Kung hindi mo makuha ang kinakailangan mong pangangalaga mula sa isang kalahok na provider sa network ng Alliance, dapat humingi ang iyong PCP sa Alliance ng pag-apruba para ipadala ka sa isang wala sa network na provider. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng pag-apruba para pumunta sa isang provider na wala sa network para kumuha ng mga sensitibong serbisyo na inilalarawan sa “**Sensitibong pangangalaga**” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang iba pang bahagi ng kabanatang ito para matuto pa tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider, at network ng provider.

**Ang mga benepisyo sa parmasya ay ibinibigay na sa pamamagitan ng programang Fee-For-Service (FFS) na Medi-Cal Rx. Para matuto pa, basahin ang seksyong “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4.**

---

## Pangunahing provider ng pangangalaga (PCP)

Dapat kang pumili ng pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) **sa loob ng 30 araw** mula sa pagpapatala sa Alliance. Depende sa iyong edad at kasarian, puwede kang pumiili ng general practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist, o pediatrician bilang iyong PCP. Puwede ring tumayo ang isang nurse practitioner (NP), physician assistant (PA), o certified nurse midwife bilang iyong PCP. Kung pipili ka ng NP, PA, o certified nurse midwife, puwede kang maitalaga sa isang doktor na susubaybay sa iyong pangangalaga. Kung nasa Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon kang iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Puwede ka ring pumili ng Provider ng Pangangalangang Pangkalusugan para sa Mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP), Pederal na Kwalipikadong Health Center (Federally Qualified Health Center, FQHC) o Klinikang Pangkalusugan sa Probinsya (Rural Health Clinic, RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, puwede kang pumili ng isang PCP para sa iyong buong pamilya na mga miyembro ng Alliance, hangga't available ang PCP.

Tandaan: Puwedeng pumili ang mga American Indian ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit ang IHCP ay wala sa network ng Alliance.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng **30 araw** mula sa pagpapatala, ang Alliance ang magtatalaga para sa iyo ng PCP. Kung itinalaga ka sa isang PCP at gusto mo itong baguhin, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Magkakaroon ng bisa ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Gagawin ng iyong PCP ang sumusunod:

- Alamin ang kasaysayan at pangangailangan ng iyong kalusugan
- Papanatilihin ang iyong mga talaan sa kalusugan
- Ibigay ang pang-iwas at routine na pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo
- I-refer (ipadala) ka sa mga espesyalista kung kinakailangan
- Magsaayos para sa pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Puwede kang maghanap ng PCP sa Direktoryo ng Provider sa network ng Alliance. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC, at RHC na nakikipagtulungan sa Alliance.

Makikita mo rin ang Direktoryo ng Provider ng Alliance online sa **www.alamedaalliance.org**. O maaari mong hilinging ipadala sa iyo ang Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Maaari ka ring tumawag para malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang gusto mong PCP.

### **Opsyon sa mga doktor at iba pang provider**

Ikaw ang pinakanakakaalam sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung pipiliin mo ang iyong PCP.

Pinakamainam na manatili sa isang PCP para malaman nila ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong magbago ng PCP, puwede mo itong gawin anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng Alliance at tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Ang iyong bagong pinili ay magiging PCP mo sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong gawin ang pagbabago.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Para baguhin ang iyong PCP, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede mo ring mapalitan ang iyong PCP online kapag nag-log in ka sa iyong Portal ng Miyembro ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.

Maaaring hilingin sa iyo ng Alliance na baguhin ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP, umalis sa network ng Alliance o hindi nagbibigayng pangangalaga sa mga pasyenteng kaedad mo. Maaari ding hilingin sa iyo ng Alliance o ng iyong PCP na baguhin ang PCP kung hindi ka nasisiyahan o hindi ka sumasang-ayon sa PCP mo, o kung makakaligtaan o mahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangang baguhin ng Alliance ang iyong PCP, sasabihin ito sa iyo ng Alliance sa pamamagitan ng pagsulat.

Kung magbabago ang iyong PCP, makakatanggap ka ng bagong ID card ng miyembro ng Alliance sa pamamagitan ng koreo. Isasaad doon ang pangalan ng bago mong PCP. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagkuha ng bagong ID card sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Ilang bagay na dapat pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nangangalaga ba sa mga bata ang PCP?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa klinikang gusto kong gamitin?
- Malapit ba ang opisina ng PCP na ito sa aking bahay, trabaho, o paaralan ng aking mga anak?
- Malapit ba ang opisina ng PCP kung saan ako nakatira, at madali bang puntahan ang opisina ng PCP?
- Nagsasalita ba sa wika ko ang mga doktor at staff?
- Natatrabaho ba ang PCP sa ospital na gusto ko?
- Nagbibigay ba ang PCP ng mga serbisyong posible kong kailanganin?
- Naaangkop ba sa iskedyl ko ang mga oras ng opisina ng PCP?



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

## Paunang pagtatasa sa kalusugan (IHA)

Inirerekomenda ng Alliance na magpatingin ka sa iyong bagong PCP, bilang bagong miyembro, sa unang **120 araw** para sa paunang pagtatasa sa kalusugan (initial health assessment, IHA). Layunin ng IHA na ito na tulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong kasaysayan at mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Ang iyong PCP ay puwedeng magtanong tungkol sa history ng iyong kalusugan o puwede niyang hilingin sa iyong magsagot ng questionnaire. Sasabihin din sa iyo ng PCP mo ang tungkol sa pagpapayo at mga klase sa edukasyon sa kalusugan na puwedeng makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka para magpa-appointment para sa IHA, sabihin sa sasagot sa telepono na miyembro ka ng Alliance. Ibigay ang iyong ID number sa Alliance.

Dalhin sa appointment mo ang iyong BIC at ID card sa Alliance. Mainam na magdala ka ng listahan ng mga gamot at tanong mo sa iyong pagpapatilingin. Maghandang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.

Tiyaking tatawag ka sa tanggapan ng iyong PCP kung male-late ka o kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa IHA, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

## Regular na pangangalaga

Ang regular na pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang pang-iwas na pangangalaga, na tinatawag ding wellness o well care. Tinutulungan ka nitong manatiling malusog at tinutulungan kang umiwas sa pagkakasakit. Kasama sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na checkup at edukasyon at pagpapayo sa kalusugan. Ang mga bata ay nakakatanggap ng mga lubos na kinakailangang maagang serbisyong pang-iwas sa sakit gaya ng screening para sa pandinig at paningin, pagtatasa sa proseso ng development, at marami pang iba na inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician. Bukod sa pangangalagang pang-iwas sa sakit, ang regular na pangangalaga ay mayroon ding pangangalaga kapag may sakit. Sinasaklaw ng Alliance ang routine na pangangalaga mula sa iyong PCP.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Gagawin ng iyong PCP ang sumusunod:

- Ibigay sa iyo ang lahat ng iyong regular na pangangalaga, kasama ang mga regular na checkup, bakuna, mga paggamot, reseta, at medikal na payo
- Papanatilihin ang iyong mga talaan sa kalusugan
- I-refer (ipadala) ka sa mga espesyalista, kung kinakailangan
- Magpapasagawa ng mga X-ray, mammogram, o pagsusuri sa laboratoryo kung kailangan mo ang mga ito

Kapag kailangan mo ng regular na pangangalaga, tatawag ka sa iyong PCP para magpa-appointment. Tiyaking tatawag ka muna sa iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga, maliban na lang kung isa itong emergency. Para sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Para matuto pa tungkol sa mga pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasaklaw ng iyong plano, at kung ano ang hindi sinasaklaw, basahin ang “**Mga benepisyo at serbisyo**” at **Kabanata 5**, “**Pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit**” sa handbook na ito.

**Ang lahat ng provider ng Alliance ay puwedeng gumamit ng mga aid at serbisyo para makipag-ugnayan sa mga taong may kapansanan. Puwede rin silang makipag-ugnayan sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong**

## Network ng provider

Ang network ng provider ay ang grupo ng mga doktor, ospital, at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Alliance. Matatanggap mo ang karamihan ng iyong mga sinasaklaw na serbisyo sa pamamagitan ng network ng Alliance.

Tandaan: Puwedeng pumili ang mga American Indian ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit ang IHCP ay wala sa network ng Alliance.

Kung ang iyong PCP, ospital, o iba pang provider ay tutol, batay sa kanilang prinsipyo, na ibigay sa iyo ang isang sinasaklaw na serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya at pagpapalaglag ng sanggol, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyon sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Para sa higit pang pagtutol batay sa prinsipyo, basahin ang seksyong “**Pagtutol batay sa prinsipyo**” seksyong pagkatapos ng kabanatang ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung may moral na pagtangga ang iyong provider, matutulungan ka nilang maghanap ng iba pang provider na makakapagbigay sa iyo ng serbisyong kailangan mo. Puwede ka ring tulungan ng Alliance na maghanap ng provider na magsasagawa sa serbisyo.

### Mga provider na nasa network

Ang mga provider na nasa network ng Alliance ang gagamitin mo para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makatanggap ka ng pang-iwas at routine na pangangalaga mula sa iyong PCP. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital, at iba pang provider na nasa network ng Alliance.

Para makakuha ng Provider ng Direktoryo ng mga provider ng network, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Makikita mo rin ang Direktoryo ng Provider online sa **www.alamedaalliance.org**. Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot sa Kontrata, tumawag sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pindutin ang **5** o **711**). O kaya, bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa **https://medi-calrx.dhcs.ca.gov**.

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Maliban sa pangangalaga sa emergency o sensitibong pangangalaga, kailangan mong kumuha ng paunang pag-apruba mula sa Alliance bago ka magpatingin sa isang provider sa labas ng network ng Alliance. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba at pupunta ka sa isang provider na wala sa network para sa hindi pangangalaga sa emergency o sensitibong pangangalaga, posibleng kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network.

### Mga provider na wala sa network na nasa pinagseserbisyuhang lugar

Ang mga provider na wala sa network ay mga provider na walang kasunduan na makipagtulungan sa Alliance. Maliban sa emergency na pangangalaga, posibleng kailanganin mong bayaran ang pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga sinasaklaw na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, posibleng makuha mo ang mga ito sa labas ng network nang walang bayad basta't medikal na kinakailangan at hindi available ang mga ito sa network.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Puwedeng aprubahan ng Alliance ang referral sa isang provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa network o masyadong malayo sa tirahan mo. Kung bibigyan ka namin ng referral sa isang provider na wala sa network, babayaran namin ang iyong pangangalaga.

Dapat kang magkaroon ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) bago ka pumunta sa isang provider na wala sa network sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance, maliban na lang kung para sa pangangalaga sa emergency at sensitibong pangangalaga. Para sa agarang pangangalaga sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance, dapat kang magpatingin sa isang provider na nasa network ng Alliance. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba para makatanggap ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Kung hindi ka kukuha ng paunang pag-apruba, posibleng kailanganin mong magbayad para sa agarang pangangalaga na matatanggap mo mula sa provider na wala sa network sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga serbisyo sa pangangalaga sa emergency, agarang pangangalaga, at mga sensitibong pangangalaga, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Tala: Kung isa kang American Indian, puwede kang tumanggap ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyo sa labas ng network, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

### Wala sa pinagseserbisyuhang lugar

Kung wala ka sa pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance at kailangan mo ng pangangalagang **hindi** emergency o nangangailangan ng agarang atensyon, tumawag kaagad sa iyong PCP. O tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room. Sinasaklaw ng Alliance ang emergency na pangangalaga na wala sa network. Kung magbibiyahe ka sa Canada o Mexico at kailangan mo ng mga serbisyo sa emergency na nangangailangan ng pagpapaospital, sasaklawin ng Alliance ang iyong pangangalaga. Kung bibiyahe ka sa ibang bansa na iba pa sa Canada o Mexico, at kailangan mo ng emergency na pangangalaga, hindi sasaklawin ng **Alliance** ang iyong pangangalaga.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung magbabayad ka para sa mga pang-emergency na serbisyo na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, puwede mong hilingin sa Alliance na ibalok ang ibinayad mo. Susuriin ng Alliance ang iyong kahilingan.

Kung nasa ibang estado ka, kasama ang mga teritoryo ng US (American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, at US Virgin Islands), nasasaklawan ka para sa pangangalaga sa emergency, pero hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid (Medicaid ang tawag sa Medi-Cal sa ibang estado). Kung kailangan mo ng pangangalaga sa emergency sa labas ng California, sabihin sa doktor sa ospital o emergency room na mayroon kang Medi-Cal at miyembro ng Alliance, sa lalong madaling panahon. Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong ID card sa Alliance. Sabihin sa ospital at sa mga doktor na singilin ang Alliance. Kung makakatanggap ka ng bill para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang estado, tumawag kaagad sa Alliance. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para asikasuhing bayaran ng Alliance ang iyong pangangalaga.

Kung nasa labas ka ng California at may emergency na pangangailangan para kumuha ng outpatient na mga inireresetang gamot, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** para sa tulong.

Tandaan: Puwedeng kumuha ang mga American Indian ng mga serbisyo sa mga IHCP na wala sa network.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa isang medikal na kundisyong kwalipikado sa Mga Serbisyo sa Mga Bata ng California (California Children's Services, CCS) at walang nakatakdang espesyalista sa panel ng CCS na nasa network ang Alliance na makakapagbigay sa pangangalagang kailangan mo, posibleng makapagpatingin ka sa isang provider na wala sa network ng provider nang walang bayad. Para matuto pa tungkol sa programang CCS, basahin ang kabanatang **Mga Benepisyo at Serbisyo** ng handbook na ito.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalaga sa labas ng network o sa labas ng pinagseserbisyuhang lugar, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Kung sarado ang tanggapan at gusto mo ng tulong mula sa isang kinatawan, tumawag sa 24/7 Linya para sa Payo ng Nurse anumang oras sa **1.888.433.1876**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga Karagdagang Provider ng Serbisyo

Nakikipagkontrata ang Alliance sa mga grupo ng provider para magbigay ng ilang partikular na serbisyo. Nasa ibaba ang mga provider na kakontrata ng Alliance para sa mga nakalistang serbisyo:

- **Ang durable na medikal na kagamitan (durable medical equipment, DME) at mga medikal na supply** ay ibinibigay ng kontraktor ng Alliance, California Home Medical Equipment (CHME).
- **Ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient** ay mga nasasaklawang serbisyo at ibinibigay ng provider ng Alliance sa kalusugan ng pag-iisip, ang Beacon Health Options (Beacon). Ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (specialty mental health service, SMHS) ay nakukuha sa pamamagitan ng Plano sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Alameda County (ACCESS Program).
- **Ang mga serbisyo sa transportasyon** ay iniaalok sa pamamagitan ng provider ng transportasyon ng Alliance, ang ModivCare (dating LogistiCare).
- **Iniaalok ang mga benepisyo sa paningin** sa pamamagitan ng provider sa paningin ng network ng Alliance, ang MARCH Vision.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa mga network ng provider na ito, pakitawagan ang provider at ipaalam sa kanila na miyembro ka ng Alliance Medi-Cal at tumatawag ka para magpaskedyul ng pagsusuri o appointment. Kakailanganin ng provider na kumpirmahin na kwalipikado ka at makatanggap ng pag-apruba para makapagbigay ito ng mga serbisyo sa iyo. Kung pupunta ka sa isang wala sa network na provider o kukuha ng mga serbisyo ng walang pag-apruba, kakailanganin mong magbayad nang buo para sa mga serbisyong iyon. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyong ito, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance, Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (para sa mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita ([CRS/TTY] **711/1.800.735.2929**).

## Mga Doktor

Pipili ka ng iyong doktor na magiging pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) mula sa Direktoryo ng Provider ng Alliance. Ang pipiliin mong doktor ay dapat isang provider sa network. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Alliance, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). O hanapin ito online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Kung pipili ka ng bagong doktor, dapat ka ring tumawag para matiyak na tumatanggap ng mga bagong pasyente ang gusto mong PCP.

Kung mayroon ka nang doktor bago ka naging miyembro ng Alliance, at hindi bahagi ng Alliance network ang doktor na iyon, posibleng mapanatili mo ang doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong patuloy na pangangalaga. Makakapagbasa ka ng higit pang impormasyon tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa handbook na ito.

Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalista sa network ng Alliance.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, ang Alliance ang pipili nito para sa iyo. Ikaw ang pinakanakakaalam sa iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam kung pipili ka. Kung nasa Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon kang iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Kung gusto mong baguhin ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP sa Direktoryo ng Provider ng Alliance. Tiyaking tumatanggap ng mga bagong pasyente ang iyong PCP. Para baguhin ang iyong PCP, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede mo ring mapalitan ang iyong PCP online kapag nag-log in ka sa iyong Portal ng Miyembro ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.

## Mga Ospital

Sa isang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ER.

Kung walang emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, magpapasya ang iyong PCP kung saang ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng provider ng Alliance siya. Ang mga ospital sa network ng Alliance ay nakalista sa Direktoryo ng Provider. Ang mga admission sa ospital, maliban sa mga emergency, ay dapat na may paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.



## Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Puwede kang pumunta sa isang espesyalista para sa kalusugan ng kababaihan na nasa network ng Alliance para sa sinasaklawang pangangalaga na kinakailangan para magbigay ng mga routine at pang-iwas na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para matanggap ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng mga kababaihan, puwede kang tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede ka ring tumawag sa 24/7 na Linya para sa Payo ng Nurse nang toll-free sa **1.888.433.1876**.

## Direktoryo ng Provider

Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Alliance ang mga provider na kasali sa network ng Alliance. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Alliance.

Nakalista sa Direktoryo ng Provider ng Alliance ang mga ospital, PCP, espesyalista, nurse practitioner, nurse midwife, physician assistant, provider sa pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC), provider sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient, mga pinapamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS), Mga Freestanding na Paanakan (Freestanding Birth Centers, FBC), Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP), at Klinika ng Kalusugan sa Probinsya (RHC).

Ang Direktoryo ng Provider ay may mga pangalan, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, at sinasalitang wika ng provider ng network ng Alliance. Sinasabi nito kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider. Ibinibigay din nito ang antas ng pisikal na accessibility para sa gusali, gaya ng paradahan, mga ramp, hagdang may hawakan, at banyong may malalawak na pinto at grab bar. Kung gusto mo ng impormasyon tungkol sa edukasyon, pagsasanay, at sertipikasyon sa lupon ng isang doktor, tumawag sa Departamento sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Provider sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede ka ring humiling ng naka-print na kopya ng Direktoryo ng Provider online kapag nag-log in ka sa iyong Portal ng Miyembro ng Alliance sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

**Makakakita ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org). Makakakita ka rin ng parmasya malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx nang toll-free sa (TTY 1.800.977.2273 at pindutin ang 5 o 711).**

### Napapanahong access sa pangangalaga

Dapat mag-alok sa iyo ang iyong provider ng appointment sa loob ng mga time frame na nakalista sa ibaba.

Kung minsang, hindi problema ang paghihintay para sa pangangalaga nang medyo mas matagal. Posible kang bigyan ng iyong provider ng mas mahabang panahon ng paghihintay kung hindi ito magiging masama para sa iyong kalusugan. Dapat itala sa iyong talaan na ang mas mahabang panahon ng paghihintay ay hindi makakasama sa iyong kalusugan.

Uri ng appointment	Dapat ay makapagpa-appointment ka sa:
Mga appointment sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment sa hindi agarang pangunahing pangangalaga (routine)	10 araw ng negosyo
Mga appointment sa hindi agarang pangangalaga ng espesyalista (routine)	15 araw ng negosyo
Provider ng hindi agarang kalusugan (routine) ng pag-iisip (hindi doktor) na appointment sa pangangalaga	10 araw ng negosyo



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Uri ng appointment	Dapat ay makapagpa-appointment ka sa:
Mga hindi agarang appointment (routine) para sa mga karagdagang (pansuportang) serbisyo para sa pag-diagnose o paggamot ng injury, karamdaman o iba pang kondisyon sa kalusugan	15 araw ng negosyo
Ang mga tagal ng paghihintay sa telepono sa mga normal na oras ng negosyo	10 minuto

### Tagal ng biyahe o distansya papunta sa pangangalaga

Dapat sundin ng Alliance ang mga pamantayan sa tagal ng pagbiyahe o distansya para sa iyong pangangalaga. Makakatulong ang mga pamantayang iyon na matiyak na makukuha mo ang pangangalaga nang hindi kailangang bumiyahe nang masyadong mahaba o masyadong malayo mula sa iyong tinitirhan. Ang mga pamantayan sa tagal ng pagbiyahe o distansya ay depende sa county kung saan ka nakatira.

Kung hindi makakapagbigay ang Alliance ng pangangalaga sa iyo sa mga pamantayan sa tagal ng pagbiyahe o distansya na ito, maaaring mag-apruba ang DHCS ng ibang pamantayan na tinatawag na pamantayang alternatibong access. Para sa mga pamantayan sa oras o distansya ng Alliance kung saan ka nakatira, pumunta sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org). O tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang provider at ang provider na iyon ay malayo kung saan ka nakatira, tumawag sa Departamento sa Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Matutulungan ka nilang humanap ng pangangalaga ng isang provider na malapit sa iyo. Kung hindi makakahanap ang Alliance ng mas malapit na provider na mangangalaga para sa iyo, puwede mong hilingin sa Alliance na mag-asikaso ng transportasyon para sa iyo para magpatingin sa iyong provider kahit na malayo sa tirahan mo ang provider na iyon. Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider ng parmasya, tumawag sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pindutin ang **5** o **711**).

Itinuturing na malayo kung hindi ka makapunta sa provider na iyon sa loob ng mga pamantayan sa tagal ng pagbiyahe o distansya ng Alliance para sa iyong county, anuman ang pamantayang alternatibong access na maaaring gamitin ng Alliance para sa iyong ZIP Code.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Mga Appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP.
- Ihanda ang iyong numero ng ID sa Alliance sa tawag.
- Mag-iwan ng mensahe kasama ang iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan.
- Dalhin sa appointment mo ang iyong BIC at ID card sa Alliance.
- Humiling ng transportasyon para sa iyong appointment, kung kinakailangan.
- Humiling para sa tulong sa wika o serbisyo sa interpretasyon, kung kinakailangan.
- Pumunta sa oras sa iyong appointment, dapat kang dumating nang mas maaga para mag-sign in, magsagot ng mga form, at magsagot ng anumang tanong ng iyong PCP.
- Tumawag kaagad kung hindi mo mapupuntahan o kung mahuhuli ka sa iyong appointment.
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon sa gamot kung sakaling kakailanganin mo ang mga ito.

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

## Pagpaunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para pumunta at makabalik mula sa iyong mga serbisyo at appointment sa pangangalagang pangkalusugan, matutulungan ka naming mag-ayos ng transportasyon para sa iyo. Available ang tulong sa transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na hindi nauugnay sa mga serbisyo sa emergency at puwede kang makakuha ng libreng sakay. Ang serbisyong ito, na tinatawag na medikal na transportasyon, ay **hindi** para sa mga emergency. Kung nakakaranas ka ng emergency, tumawag sa **911**.

Pumunta sa seksyong “**Mga benepisyo sa transportasyon**” para sa higit pang impormasyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

---

## Pagkansela at Muling Pagpapaiskedyul

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, tumawag kaagad sa opisina ng iyong provider. Hinihiling ng karamihan ng mga doktor na tumawag ka 24 na oras (**isang [1] araw ng negosyo**) bago ang iyong appointment, kung kailangan mong magkansela. Kung paulit-ulit kang hindi makakapunta sa mga appointment, posibleng hindi na gustuhin ng iyong doktor na maging pasyente ka.

---

## Pagbabayad

**Hindi** mo kailangang magbayad para sa mga sinasaklawang serbisyo. Sa karamihan ng kaso, hindi ka makakatanggap ng bill mula sa isang provider. Dapat mong ipakita ang iyong ID card sa Alliance at ang iyong BIC ng Medi-Cal kapag kumuha ka ng anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o inireresetang gamot, para malaman ng provider mo kung sino ang sisingilin. Puwede kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) o statement mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bill.

Kung makakatanggap ka ng bill, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Kung makakatanggap ka ng bill para sa mga inireresetang gamot, tumawag sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pindutin ang **5** o **711**). O kaya, bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa **<https://med-calrx.dhcs.ca.gov/home/>**. Sabihin sa Alliance ang sinisingil na halaga, petsa ng serbisyo, at ang dahilan para sa bill. **Hindi** mo responsibilidad na magbayad sa provider para sa anumang halaga na dapat bayaran ng Alliance para sa anumang sinasaklawang serbisyo. Dapat kang magkaroon ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) bago ka pumunta sa isang provider na wala sa network, maliban na lang kung para sa pang-emergency na pangangalaga o sensitibong pangangalaga o agarang pangangalaga (sa loob ng pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance).

Kung hindi ka kukuha ng paunang pag-apruba, posibleng kailanganin mong magbayad para sa pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network. Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa sinasaklawang pangangalagang pangkalusugan, puwede mong matanggap ang mga ito sa isang provider na nasa labas ng provider nang libre sa iyo, hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito, hindi available sa network at paunang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

naaprubahan ng Alliance. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pangangalaga sa emergency, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap ka ng bill o kung hihilingin sa iyo na magbayad ng co-pay na sa palagay mo ay hindi mo dapat bayaran, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Kung babayaran mo ang bill, puwede kang mag-file ng form sa claim sa Alliance. Kakailanganin mong sabihan ang Alliance sa pamamagitan ng pagsulat kung bakit kinailangan mong bayaran ang item o serbisyo. Babasahin ng Alliance ang iyong claim at pagpapasyahan kung puwedeng ibalik ang iyong pera. Para sa mga tanong o para humingi ng form sa claim, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Kung tumatanggap ka ng mga serbisyo sa sistema ng Mga Ugnayan para sa Mga Beterano o hindi sinasaklaw o hindi awtorisadong serbisyo sa labas ng California, posibleng ikaw ang dapat magbayad sa mga iyon.

Hindi ibabalik ng Alliance ang ibinayad mo kung:

- Humiling ka at nakatanggap ng mga serbisyo na hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, gaya ng mga cosmetic na serbisyo.
- Mayroon kang hindi natutugunan na Bahagi sa Gastos sa Medi-Cal.
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at lumagda ka sa isang form na nagsasabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismong ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- Hiniling mong maibalik ang iyong ibinayad para sa mga co-pay sa mga inireresetang gamot na sinasaklaw ng iyong Medicare Part D plan.

---

## Mga Referral

Bibigyan ka ng iyong PCP ng referral para maipadala ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito. Ang isang espesyalista ay isang doktor na may karagdagang edulasyon sa isang larangan ng medisina. Makikipagtulungan ang iyong PCP para makapili ka ng espesyalista. Makakatulong ang tanggapan ng iyong PCP para mag-set up ng oras para pumunta sa espesyalista.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kasama sa iba pang serbisyo na posibleng mangailangan ng referral ang mga pamamaraan sa opisina, X-ray, at pagsusuri sa laboratoryo.

Puwede kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ibabalik niya ito sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hanggang sa palagay niya ang kailangan mo ng paggamot.

Kung may problema ka sa kalusugan na nangangailangan ng espesyal na medikal na pangangalaga sa loob ng mahabang panahon, posibleng kailanganin mo ng pangmatagalang referral. Ang ibig sabihin nito ay puwede kang pumunta sa parehong espesyalista nang mahigit sa isang beses na hindi kumukuha ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng karaniwang referral o gusto mo ng kopya ng patakaran sa referral ng Alliance, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Hindi mo kailangan ng referral para sa:

- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pagbisita sa Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagbisita para sa agaran o emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para matuto pa, tumawag sa Tanggapan ng Serbisyo sa Impormasyon at Referral sa Pagpapalano ng Pamilya sa **1.800.942.1054**).
- Pagsusuri at pagpapayo sa HIV (**12 taong gulang** pataas)
- Mga serbisyo sa impeksyong naihahawa sa paraang sekswal (**12 taong** gulang pataas)
- Mga serbisyong chiropractic (maaaring kailanganin ng referral kapag ibinigay ng mga out-of-network na FQHC, RHC at IHCP)
- Inisyal na pagsusuri ng kalusugan ng pag-iisip

Puwede ring makatanggap ang mga menor de edad ng ilang partikular na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, sensitibong serbisyo, at serbisyo sa problema sa pag-abuso sa substance para sa outpatient, nang wala ang pahintulot ng magulang. Para sa higit pang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

impormasyon, basahin ang “**Mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad**” at “**Mga serbisyo sa paggamot sa problema sa paggamit ng substance**” sa handbook na ito.

Handa ka na bang ihinto ang paninigarilyo? Tumawag sa (English):  
1.800.300.8086 o (Spanish): 1.800.600.8191 para malaman kung paano.  
O kaya, pumunta sa [www.kickitca.org](http://www.kickitca.org).

## Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganing humingi ng iyong PCP o espesyalista ang Alliance ng pahintulot bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pahintulot, paunang pag-apruba, o maagang pag-apruba. Ang ibig sabihin nito, dapat tiyakin ng Alliance na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan o kinakailangan.

Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iiwas ka sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para maayos ang o makatulong na maibsan ang isang karamdaman o kundisyon sa pangangatawan o pag-iisip.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay palaging nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit natatanggap mo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng Alliance:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emergency
- Mga serbisyong wala sa pinagseserbisyuhang lugar ng Alliance, kung hindi emergency o agaran
- Operasyon ng outpatient
- Pangmatagalang pangangalaga sa isang pasilidad sa pangangalaga
- Mga espesyalisadong paggamot
- Mga medikal na serbisyo sa transportasyon kapag hindi ito isang emergency. Hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba ang mga serbisyo sa pang-emergency na ambulansya.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).



- Mga serbisyo sa diagnostic at radiology, minimally invasive o invasive, gaya ng mga CT scan, MRI, cardiac catheterization, PET para sa outpatient
- Pangangalaga ng Kalusugan sa Bahay, kasama ang sanay na pangangalaga, mga nursing aide, therapy para sa rehabilitasyon, at mga social worker

Alinsunod sa Kodigo sa Kalusugan at Kaligtasan Seksyon 1367.01(h)(1), magpapasya ang Alliance sa mga routine na paunang pag-apruba (paunang pahintulot) sa loob ng **limang (5) araw ng trabaho** mula sa kung kailan natanggap ng Alliance ang impormasyong makatuwirang kinakailangan para makapagpasya.

Para sa mga kahilingan kung saan isasaad ng provider o tutukuyin ng Alliance na ang mga sumusunod na karaniwang yugto ng panahon ay makakapaglagay sa iyong buhay o kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili, o maibalik ang iyong maximum na pagkilos, gagawa ang Alliance ng pinabilis (mabilis) na pasya sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Mag-aabiso sa iyo kaagad ang Alliance kapag kinailangan ng kundisyon ng iyong kalusugan at hindi lalampas nang **72 oras** mula nang matanggap ang kahilingan para sa mga serbisyo.

Ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) ay sinusuri ng klinikal o medikal na staff, gaya ng mga doktor, nurse, at pharmacist.

**Hindi** binabayaran ng Alliance ang mga tagasuri para magtanggap ng saklaw o mga serbisyo. Kung hindi aaprubahan ng Alliance ang kahilingan, magpapadala ang Alliance sa iyo ng liham ng Abiso sa Pagkilos (Notice of Action, NOA). Ipapaalam sa iyo sa NOA kung paano maghahain ng apela kung hindi ka sang-ayon sa desisyon.

Makikipag-ugnayan sa iyo ang Alliance kung kailangan ng Alliance ng higit pang impormasyon o higit pang oras para suriin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa emergency na pangangalaga, kahit wala pa ito sa network o nasa labas ng pinagseserbisyuhang lugar. Kasama rito ang labor at panganganak kung buntis ka. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga sensitibong serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya, mga serbisyo sa HIV/AIDS, at mga outpatient na aborsyon.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon), tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

---

## Mga pangalawang opinyon

Posibleng gustuhin mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, posibleng gustuhin mo ng pangalawang opinyon kung hindi ka sigurado na kailangan mo ng isang inireresetang paggamot o operasyon, o kung sinubukan mong sundin ang isang plano sa paggamot at hindi ito naging epektibo.

Kung gusto mong makatanggap ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider ng network na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon. Para sa tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Magbabayad ang Alliance para sa pangalawang opinyon kung hihilingin mo o ng iyong provider sa network ang pangalawang opinyon mula sa isang provider sa network. Hindi mo kailangan ng pahintulot mula sa Alliance para humingi ng pangalawang opinyon mula sa isang provider sa network. Gayunpaman, kung kailangan mo ng referral, matutulungan ka ng iyong provider sa network na makakuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung kailangan mo nito.

Kung walang provider sa network ng Alliance na magbibigay sa iyo ng pangalawang opinyon, magbabayad ang Alliance para sa pangalawang opinyon mula sa isang wala sa network na provider. Sasabihin sa iyo ng Alliance sa loob ng **limang (5) araw ng negosyo** kung naaprubahan ang pinili mong provider para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha, o seryosong karamdaman, o nahaharap ka sa isang agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kasama ang, ngunit hindi limitado sa pagkawala ng buhay, braso o binti, o mahalagang bahagi ng katawan o paggalaw ng katawan, sasabihin ito sa iyo ng Alliance sa pamamagitan ng pagsulat sa loob ng **72 oras**.

Kung tatanggihan ng Alliance ang iyong kahilingan para sa isang pangalawang opinyon, puwede kang maghain ng karaingan. Para matuto pa tungkol sa mga karaingan, pumunta sa heading na **“Mga Reklamo”** sa kabanatang may pamagat na **“Pag-uulat at Paglutas**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

ng Mga Problema” sa handbook na ito.

---

## Sensitibong pangangalaga

### Mga serbisyo sa pagpapahintulot ng menor de edad

Matatanggap mo lang ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga mo kung ikaw ay may edad na **12 taon** pataas:

- Outpatient na pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip (mga menor de **edad na 12 taon** pataas)
- Sekswal na pag-atake (walang mas mababang limitasyon sa edad)
- Incest
- Pisikal na pag-atake
- Pang-aabuso sa bata
- Kapag naiisip mong saktan ang iyong sarili o ang ibang tao (mga menor de edad **na 12 tao** pataas)
- Pag-iwas sa/pagsusuri para sa/paggamot sa HIV/AIDS
- Pag-iwas sa/pagsusuri para sa/paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa pagkonsumo ng ipinagbabawal na gamot (mga menor de edad **na 12 tao** pataas) Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang **“Mga serbisyo sa problema sa paggamit ng substance”** sa handbook na ito.

Kung ikaw ay wala pang **18 taong gulang**, puwede kang pumunta sa doktor nang walang pahintulot ng mga magulang o tagapangalaga mo para sa mga uring ito ng pangangalaga

- Pagbubuntis
- Pagpaplano ng pamilya/pagkontrol sa pagbubuntis (kasama ang sterilization)
- Mga serbisyo sa pagpapalaglag ng sanggol

Para sa pagsusuri sa pagbubuntis, mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya, pagkontrol sa pagbubuntis, o serbisyo sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, hindi kailangang nasa network ng Alliance ang doktor o klinika. Puwede kang pumili ng kahit na sinong provider ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Medi-Cal at sa kanya pumunta para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Posibleng hindi saklawin ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga ganitong serbisyo, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyong ito (kasama ang transportasyon), puwede kang tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Puwedeng makipag-usap ang mga menor de edad sa isang kinatawan nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 na Linya sa Payo ng Nurse nang toll-free sa **1.888.433.1876**.

### **Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang**

Bilang nasa hustong gulang (na may edad na **18 taon pataas**), posibleng ayaw mong pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibong serbisyo o pribadong pangangalaga.

Kung ganoon, puwede kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga sumusunod na uri ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya at pagkontrol sa pagbubuntis (kasama ang sterilization)
- Pagsusuri at pagpapayo sa pagbubuntis
- Pag-iwas sa at pagsusuri para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas sa, pagsusuri para sa, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik
- Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga outpatient na serbisyo sa pagpapalaglag ng sanggol

Ang doktor o klinika ay hindi kailangang bahagi ng network ng Alliance. Puwede kang pumili ng kahit na sinong provider at sa kanya pumunta nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito. Posibleng hindi saklawin ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa sensitibong pangangalaga. Para sa tulong sa paghahanap ng doktor o klinika na nagbibigay ng mga ganitong serbisyo, o para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyong ito (kasama ang transportasyon), puwede kang tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

(TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede ka ring tumawag sa 24/7 na Linya para sa Payo ng Nurse nang toll-free sa **1.888.433.1876**.

### **Pagtutol batay sa prinsipyo**

Tutol ang ilang provider sa ilang sinasaklaw na serbisyo dahil sa kanilang prinsipyo. Ibig sabihin, may karapatan silang **hindi** ialok ang ilang sinasaklaw na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo dahil sa kanilang prinsipyo. Kung may pagtutol ang iyong provider batay sa kanyang mga prinsipyo, tutulongan ka niyang maghanap ng ibang provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Puwede ka ring tulungan ng Alliance na maghanap ng provider.

**Ang ilang ospital at iba pang provider ay hindi nagbibigay ng isa o higit pa ng mga sumusunod na serbisyo na posibleng masaklaw sa ilalim ng iyong kontrata sa plano, na maaaring kailanganin mo o ng iyong pamilya:**

- **Pagpapalano ng pamilya**
- **Pagpigil sa pagbubuntis, kasama ang emergency na contraception**
- **Sterilization, kasama ang tubal ligation sa panahon ng labor at panganganak**
- **Mga paggamot sa pagkabaog**
- **Pagpapalaglag ng sanggol**

**Dapat kang humingi ng higit pang impormasyon bago ka magpatala. Tumawag sa gusto mong doktor, medikal na grupo, samahan para sa independent na practice, o klinika, o tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** or **711**) para matiyak na makukuha mo ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo.**

Available ang mga serbisyong ito, at titiyakin ng Alliance na ikaw o ang iyong kapamilya ay makakapagpatingin o maa-admit sa isang ospital na magsasagawa sa mga sinasaklaw na serbisyo. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) kung mayroon kang mga tanon o kung kailanga mo ng tulong sa paghahanap ng provider.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kundisyon. Para ito sa mga serbisyong kailangan mo para maiwasan ang malubhang pagkakapinsala ng iyong kalusugan dahil sa isang biglaang karamdaman, pinsala, o kumplikasyon ng isang dati mo nang kundisyon. Ang karamihan ng mga appointment para sa agarang pangangalaga ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at available sa loob ng 48 oras pagkatapos mong hilinging magpa-appointment. Kung nangangailangan ng paunang pag-apruba ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan mo, aalukin ka ng appointment sa loob ng 96 na oras pagkatapos ng kahilingan mo.

Para sa agarang pangangalaga, tumawag sa iyong PCP. Kung hindi mo makaugnayan ang iyong PCP, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). O kaya, puwede kang tumawag sa 24/7 na Linya para sa Payo ng Nurse nang toll-free sa **1.888.433.1876** para malaman ang antas ng pangangalagang naaangkop para sa iyo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga na wala sa pinagseserbisyuhang lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Puwedeng kasama sa agarang pangangalaga ang sipon, pananakit ng lalamunan, lagnat, pananakit ng tainga, na-sprain na kalamnan, o mga serbisyo sa pagbubuntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip, tumawag sa plano sa kalusugan ng pag-iisip ng iyong county o sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Puwede mong tawagan ang plano sa kalusugan ng pag-iisip ng iyong county o ang iyong Organisasyon sa Kalusugan ng Pag-uugali ng Alliance anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para malaman ang lahat ng toll-free na numero ng telepono ng mga county online, bumisita sa [www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx).

## Emergency na pangangalaga

Para sa emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

emergency room (ER). Para sa emergency na pangangalaga, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Alliance. Mayroon kang karapatang gumamit ng anumang ospital o iba pang lugar para sa emergency na pangangalaga, kasama ang Canada at Mexico. Hindi nasasaklawan ang pang-emergency na pangangalaga at iba pang pangangalaga sa ibang bansa.

Ang emergency na pangangalaga ay para sa mga nakamamatay na medikal na kundisyon. Ang pangangalagang ito ay para sa karamdaman o pinsala na masasabi ng isang matino (makatuwirang) karaniwang tao (hindi propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at medisina, na kung hindi mo makukuha kaagad, ay maglalagay sa iyong kalusugan (o sa kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol) sa matinding panganib, o posibleng maging dahilan ng pinsala sa iyong katawan, organ ng katawan, o bahagi ng katawan.

Ang mga halimbawa ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Aktibong labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Hirap sa paghinga
- Matinding pagkalapnos ng balat
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga psychiatric na emergency na kundisyon, gaya ng matinding depresyon o pag-iisip na magpakamatay

**Huwag pumunta sa ER para sa routine na pangangalaga o pangangalaga na hindi kaagad kinakailangan.** Sa iyong PCP ka dapat kumuha ng regular na pangangalaga, na siyang pinakanakakakilala sa iyo. Kung hindi ka sigurado kung emergency ang iyong medikal na kundisyon, tumawag sa PCP mo. Puwede ka ring tumawag sa 24/7 na Linya para sa Payo ng Nurse nang toll-free sa **1.888.433.1876**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa emergency nang malayo sa bahay, pumunta sa pinakamalapit na emergency room (ER), kahit hindi sa network ng Alliance. Kung pupunta ka sa isang ER, hilingin sa kanila na tumawag sa Alliance. Ikaw o ang ospital kung saan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.



ka na-admit ay dapat tumawag sa Alliance sa loob ng **24 na oras** pagkatapos mong makatanggap ng pangangalaga sa emergency. Kung bibiyahe ka sa labas ng U.S., na iba pa sa Canada o Mexico, at kailangan mo ng emergency na pangangalaga, **hindi** sasaklawin ng Alliance ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng emergency na transportasyon, tumawag sa **911**. Hingi mo kailangang magtanong muna sa iyong PCP o sa Alliance bago ka pumunta sa ER.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa ospital na wala sa network pagkatapos ng iyong emergency (post-stabilization na pangangalaga), tatawagan ng ospital ang Alliance.

**Tandaan:** Huwag tumawag sa **911** maliban kung may emergency. Kumuha lang ng emergency na pangangalaga kung may emergency, at hindi para sa regular na pangangalaga para sa isang simpleng karamdaman gaya ng sipon o pananakit ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

**Binibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nurse ng libheng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag nang toll-free sa 1.888.433.1876 o TTY 711.**

## Linya para sa Payo ng Nurse

Binibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nurse ng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon, nang walang bayad.

Tumawag nang toll-free sa **1.888.433.1876 (TTY 711)** para:

- Makipag-usap sa isang nurse na sasagot sa iyong mga medikal na tanong, magbibigay sa iyo ng payo sa pangangalaga, at tutulong sa iyong magpasya king dapat kang magpatingin kaagad sa isang provider
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kundisyon gaya ng diabete o hika, kasama ang payo tungkol sa kung anong uri ng provider ang naaangkop para sa iyong kundisyon

**Hindi** makakatulong ang Linya para sa Payo ng Nurse sa mga appointment sa klinika o pagkuha ng gamot. Tumawag sa opisina ng iyong provider kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567 (TTY 1.800.735.2929)**. Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga paunang direktiba

Ang paunang direktiba sa kalusugan ay isang legal na form. Dito, puwede kang maglista ng pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka makakapagsalita o makakapagpasya sa hinaharap. Puwede mong ilista ang pangangalagang **hindi** mo gusto. Puwede mong pangalanan ang isang tao, gaya ng asawa, para magpasya para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo magagawa ito.

Puwede kang makakuha ng form sa paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, tanggapan ng abogado, at tanggapan ng doktor. Posibleng kailanganin mong bayaran ang form. May makikita at mada-download ka ring libreng form online. Puwede mong hilingin sa iyong pamilya, PCP, o sa isang taong pinagkakatiwalaan mo na tulungan kang sagutan ang form.

May karapatan kang ipalagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihin sa iyo ng Alliance ang mga pagbabago sa batas ng estado hindi hihigit sa **90 araw** pagkatapos ng pagbabago.

Puwede kang tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) para sa higit pang impormasyon.

## Pag-donate ng organ at tissue

Makakatulong ang mga nasa hustong gulang na sumagip ng buhay sa pamamagitan ng pag-donate ng organ o tissue. Kung ikaw ay may edad na **15 hanggang 18 taon**, puwede kang maging donor kapag may nakasulat na pahintulot mula sa iyong magulang o tagapangalaga. Puwedeng magbago ang iyong isip tungkol sa pag-donate ng organ anumang oras. Kung gusto mong matuto pa tungkol sa pag-donate ng organ o tissue, makipag-usap sa iyong PCP. Puwede mo ring bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyon Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos sa **www.organdonor.gov**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

## 4. Mga benepisyo at serbisyo

### Ano ang sinasaklaw ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo bilang miyembro ng Alliance. Libre ang iyong mga sinasaklaw na serbisyo hangga't medikal na kinakailangan ang mga ito at ipinagkakaloob ng isang provider sa network. Dapat kang humingi sa amin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa mga sensitibong serbisyo, serbisyong pang-emergency, at ilang agarang pangangalaga. Maaaring saklawin ng iyong planong pangkalusugan ang mga medikal na kinakailangang serbisyo mula sa isang provider sa labas ng network. Pero kailangan mong humingi ng paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon) sa Alliance para dito. Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iiwas ka sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**, kasama sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para maayos ang o makatulong na maibsan ang isang karamdaman o kundisyon sa pangangatawan o pag-iisip. Para sa higit pang detalye tungkol sa mga nasasaklawang serbisyo, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Nakakatanggap ang mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang** ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Basahin ang **Kabanata 5: Pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit** para sa higit pang impormasyon.

Nakalista sa ibaba ang ilan sa mga pangunahing benepisyo sa kalusugan na iniaalok ng Alliance. Kailangan ng paunang pag-apruba ng mga benepisyong may star (\*).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Acupuncture\*
- Mga acute (panandaliang panggamot) na therapy at serbisyo sa pangangalaga sa bahay\*
- Mga imunisasyon ng nasa hustong gulang (bakuna)
- Pagsusuri ng allergy at mga iniksyon
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng Anesthesiologist
- Audiology\*
- Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali\*
- Rehabilitasyon kaugnay ng puso
- Chemotherapy at radiation therapy
- Mga serbisyong chiropractic\*
- Mga serbisyo sa anesthesia sa ngipin – limitado (isinasagawa ng medikal na propesyonal/PCP sa isang medikal na opisina)
- Mga serbisyo ng dialysis/hemodialysis
- Matibay na medikal na kagamitan (DME)\*
- Pagpunta sa emergency room
- Enteral at parenteral nutrition\*
- Mga pagbisita sa opisina at pagpapayo para sa pagpapalano ng pamilya (puwede kang pumunta sa isang hindi kalahok na provider)
- Mga habilitative na serbisyo at device\*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay\*
- Pangangalaga sa hospice\*
- Inpatient na medikal at surgical na pangangalaga\*
- Laboratory at radiology\*
- Pangmatagalang therapy at serbisyo sa pangangalaga sa bahay\*
- Major organ transplant\*
- Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol
- Occupational therapy\*
- Orthotics/prostheses\*
- Mga ostomy at urological supply



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Mga outpatient na serbisyo sa ospital
- Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip
- Operasyon ng outpatient\*
- Palliative na pangangalaga\*
- Mga pagbisita sa PCP
- Mga pediatric na serbisyo
- Physical therapy\*
- Mga serbisyong podiatry\*
- Rehabilitasyon kaugnay ng pulmonary
- Mga serbisyo at device sa rehabilitasyon\*
- Mga serbisyo sa sanay na pangangalaga
- Mga pagbisita sa espesyalista
- Speech therapy\*
- Mga surgical na serbisyo
- Telemedicine/telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender\*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo sa paningin\*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng kababaihan

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga nasasaklawang serbisyo ay makikita sa **Kabanata 8, “Mahahalagang Numero at Salitang Dapat Malaman.”**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ay makatuwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, iiwas ka sa pagkakaroon ng malubhang karamdaman o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit mula sa isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga serbisyong kinakailangan para sa naaangkop sa edad na paglaki at development, o para makuha, mapanatili, o muling makamit ang kapasidad sa pagkilos.

Para sa mga miyembrong wala pang **21 taong gulang**, ang isang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung kailangan ito para iwasto o pagbutihin ang mga depekto at pisikal at mental na karamdaman o kundisyon alinsunod sa pederal na benepisyong Mga serbisyo ng Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Diagnostic at Paggagamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT). Kasama rito ang pangangalaga na kinakailangan para ayusin o tulungang maibsan ang isang pisikal o mental na karamdaman o kundisyon, o mapanatili ang kundisyon ng miyembro para maiwasang mas lumubha ito.

Hindi kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang:

- Mga paggamot na hindi pa nasusuri o sinusuri pa rin
- Mga serbisyo o item na karaniwang hindi tinatanggap bilang epektibo
- Mga serbisyo sa labas ng normal na kurso at tagal ng paggamot o mga serbisyong walang klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa pagiging kumportable ng tagapag-alaga o provider

Makikipagtulungan ang Alliance sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ibang programa, at hindi Alliance, ang sumasaklaw sa mga serbisyong iyon.

Kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang mga nasasaklawang serbisyo na makatuwiran at kinakailangan para:

- Maprotektahan ang buhay
- Maiwasan ang matinding karamdaman o matinding kapansanan
- Maibsan ang matinding pananakit



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Makamit ang naaangkop sa edad na paglaki at development
- Makamit, mapanatili, at muling magkaroon ng kapasidad sa pagkilos

Para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang, kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ang lahat ng mga sinasaklawang serbisyonang tinutukoy sa itaas, at ang anumang iba pang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, diagnostic na serbisyo, paggamot, at iba pang hakbang para maiwasto o mapabuti ang mga depekto at karamdaman o kundisyon sa pag-iisip, ayon sa iniaatas ng pederal na benepisyong Maaga at Pana-panahong Pagsusuri, Diagnostic, at Paggamot (Early and Periodic Screening, Diagnostic and Treatment, EPSDT).

Nagbibigay ang EPSDT ng maraming iba't ibang serbisyonang pag-iwas, diagnostic, at paggamot para sa mga sanggol, bata, at teenager na wala pang **21 taong gulang** mula sa mahihirap na pamilya. Ang benepisyong EPSDT ay mas maganda kaysa sa benepisyong para sa mga nasa hustong gulang at nakadisenyo ito para matiyak na ang bata ay makakatanggap ng maagang deteksyon at pangangalaga, para ang mga problema sa kalusugan ay maiwasan o ma-diagnose at magamot sa lalong madaling panahon. Layunin ng EPSDT na matiyak na ang mga indibidwal na bata ay makakatanggap ng pangangalagang pangkalusugan kapag kailangan nila ito – ang wastong pangangalaga sa wastong bata sa wastong oras sa wastong setting.

Makikipagtulungan ang Alliance sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ibang programa, at hindi Alliance, ang sumasaklaw sa mga serbisyonang iyon.

---

## Mga benepisyong ng Medi-Cal na sinasaklaw ng Alliance

### Mga outpatient (ambulatory) na serbisyo

#### *Mga pagbabakuna ng nasa hustong gulang*

Makakakuha ka ng mga pagbabakuna sa mga nasa hustong gulang (mga iniksyon) mula sa isang provider ng network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Sinasaklaw ng Alliance ang mga bakunang iyon na inirerekomenda ng Tagapayong Komite sa Mga Kagawian sa Pagbabakuna (Advisory Committee on Immunization Practices, ACIP) ng Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC), kasama ang mga bakunang kailangan mo para magbiyahe.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Puwede ka ring makatanggap ng mga serbisyo sa imunisasyon para sa nasa hustong gulang (bakuna) sa isang pharmacy sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para matuto pa tungkol sa programa ng Medi-Cal Rx, basahin ang seksyong “**Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal**” sa kabanatang ito.

### ***Pangangalaga sa allergy***

Sinasaklaw ng Alliance ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kasama ang desensitization sa allergy, hypo-sensitization o immunotherapy.

### ***Mga serbisyo ng Anesthesiologist***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo sa anesthesia na medikal na kinakailangan kapag nakatanggap ka ng outpatient na pangangalaga. Posibleng kasama rito ang anesthesia para sa mga pamamaraan sa ngipin kapag ibinigay ng isang medikal na anesthesiologist.

### ***Mga serbisyong chiropractic***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyong chiropractic, limitado sa paggamot ng spine sa pamamagitan ng manual na manipulasyon. Ang mga chiropractic na serbisyo ay limitado sa dalawang serbisyo bawat buwan, kasama ang acupuncture, audiology, occupational therapy na serbisyo, at serbisyo sa speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang **21 taong gulang**). Maaaring paunang aprubahan ng Alliance ang iba pang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.

Ang mga sumusunod na miyembro ay kwalipikado para sa mga serbisyong chiropractic:

- Mga batang wala pang **21 taong gulang**.
- Mga buntis hanggang sa pagtatapos ng buwan kung saan may kasamang **60 araw** matapos ang pagtatapos ng pagbubuntis.
- Ang mga residente sa isang pasilidad ng sanay na pangangalaga, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga.
- Lahat ng miyembro kapag ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa mga departamento ng outpatient sa ospital, FQHC o RHC na nasa network ng Alliance. Hindi lahat ng FQHC, RHC, o ospital ng county ay nag-aalok ng mga chiropractic na serbisyo para sa outpatient.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

### ***Mga serbisyo sa dialysis at hemodialysis***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga dialysis na paggamot. Sinasaklaw din ng Alliance ang mga serbisyo sa hemodialysis (chronic dialysis) kung aaprubahan ito ng iyong doktor ay nagsumite ng kahilangang at aprubahan ito ng Alliance.

### ***Operasyon ng outpatient***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga surgical procedure ng outpatient. Iyong kinakailangan para sa mga layuning pang-diagnostic, mga procedure na itinuturing na elective, at tinukoy na medikal na procedure ng outpatient ay dapat na may paunang pag-apruba (paunang pagpapahintulot).

### ***Mga serbisyo ng doktor***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

### ***Mga serbisyong podiatry (paa)***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyong podiatry na medikal na kinakailangan para sa diagnosis at medikal, surgical, mekanikal, manipulative, at elektrikal na paggamot sa paa ng tao. Kasama rito ang bukung-bukong at mga tendon sa paa at ang hindi surgical na paggamot ng mga kalamnan at tendon ng binti na nagkokontrol sa mga function ng paa.

### ***Mga therapy na panggamot***

Sinasaklaw ng Alliance ang iba't ibang therapy na panggamot, kasama ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy

### **Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng pangangalaga sa pagbubuntis at bagong panganak na sanggol:

- Edukasyon at mga pantulong sa pagpapasuso
- Panganganak at pangangalaga matapos manganak
- Mga breast pump at supply
- Pangangalaga bago ang panganganak
- Mga serbisyo ng paanakan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Sertipikadong Nurse na Komadrona (Certified Nurse Midwife, CNM)
- Lisensyadong Komadrona (Licensed Midwife, LM)
- Diagnosis ng mga genetic na karamdaman ng sanggol at pagpapayo
- Mga serbisyo sa pangangalaga sa bagong silang na sanggol

## Mga serbisyo ng telehealth

Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa pisikal na lokasyon kung nasaan din ang iyong provider. Maaaring may kaugnay ang telehealth na pakikipag-usap nang live sa iyong provider. O maaaring may kaugnay ang telehealth na pagbabahagi ng impormasyon kasama ang iyong provider nang walang live na pag-uusap. Makakatanggap ka ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth. Gayunpaman, posibleng hindi maging available ang telehealth para sa lahat ng sinasaklawang serbisyo. Maaari kang makipag-ugnayan sa iyong provider para malaman kung aling mga uri ng mga serbisyo ang maaaring available sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang sang-ayon ka at ang iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa isang partikular na serbisyo ay naaangkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga in-person na serbisyo at hindi ka inaasahang gumamit ng telehealth kahit sumang-ayon ang iyong provider na naaangkop ito para sa iyo.

## Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip

### *Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip*

Sinasaklaw ng Alliance ang isang miyembro para sa inisyal na assessment sa kalusugan ng pag-iisip nang hindi kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang makakuha ng assessment sa kalusugan ng pag-iisip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider ng kalusugan ng pag-iisip sa network ng Alliance nang walang referral.

Magbibigay ang iyong PCP o provider ng kalusugan ng pag-iisip ng referral para sa karagdagang screening sa kalusugan ng pag-iisip sa isang espesyalistang nasa network ng Alliance para matukoy ang antas ng iyong kapansanan. Kung malalaman mula sa iyong mga resulta ng kalusugan ng pag-iisip na ikaw ay may mild o moderate distress o kapansanan sa aspeto ng pag-iisip, emosyon o pag-uugali, maaaring magbigay ang Alliance ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa iyo.

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip gaya ng:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Indibidwal at panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Psychological na pagsusuri kapag klinikal na isinaad para masuri ang isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Paglinang ng mga kognitibong kakayahan para mapahusay ang atensyon, memorya at paglutas ng problema
- Mga outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay ng medication therapy
- Outpatient na laboratoryo, mga gamot, supply, at supplement
- Psychiatric na konsultasyon
- Pampamilyang therapy

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na ipinagkakaloob ng Alliance, tumawag sa Departamento sa Mga Serbisyo ng Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Kung malalaman sa mga resulta ng iyong screening sa kalusugan ng pag-iisip na mayroon kang mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan mo ng Mga Espesyal na Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip (SMHS), ire-refer ka ng iyong PCP o ng iyong provider ng kalusugan ng pag-iisip sa plano ng kalusugan ng pag-iisip ng county para makakuha ng assessment. Para matuto pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa pahina **86**.

## Mga serbisyong pang-emergency

### ***Mga serbisyong inpatient at outpatient na kinakailangan para magamot ang isang medikal na emergency***

Sinasaklaw ng Alliance ang lahat ng serbisyong kinakailangan para magamot ang isang medikal na emergency na mangyayari sa U.S. (kasama ang mga teritoryo gaya ng Puerto Rico, U.S. Virgin Islands, atbp.) o aatasan kang pumunta sa isang ospital sa Canada o Mexico. Ang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyong may matinding pananakit o malubhang injury.

Sobrang malala ang kondisyon na kung hindi ito makakakuha ng agarang medikal na pansin, maaaring asahan ng isang matalinong tao na magreresulta ito sa:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Matinding panganib sa iyong kalusugan; ○
- Matinding panganib sa mga paggana ng mga bahagi ng katawan; ○
- Matinding hindi paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan; ○
- Sakaling nagle-labor ang isang buntis, ibig sabihin ay nagle-labor sa panahon kung kailan maaaring mangyari ang alinman sa sumusunod:
  - Walang sapat na oras para ligtas kang mailipat sa ibang ospital bago manganak.
  - Maaaring magdulot ang paglilipat ng panganib sa iyong kalusugan o kaligtasan sa iyong hindi pa naipapanganak na anak.

Kung bibigyan ka ng emergency room ng ospital ng hanggang **72 oras** na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong panggamot, sasaklawin ang inireresetang gamot bilang bahagi ng mga sinasaklawang serbisyo sa emergency. Kung binigyan ka ng isang provider ng emergency room ng ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa outpatient na paramasya para makuha mo ito, magiging responsable ang Medi-Cal Rx para sa saklaw ng reseta ng iyon.

**Kung bibigyan ka ng isang pharmacist sa isang outpatient na parmasya ng pang-emergency na supply ng gamot, sasaklawin ang pang-emergency na supply na iyon ng Medi-Cal Rx, at hindi ng Alliance. Patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 1.800.977.2273 kung kailangan nila ng tulong sa pagbibigay sa iyo ng supply ng pang-emergency na gamot.**

### ***Mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng ambulansya para matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa mga emergency na sitwasyon. Nangangahulugan ito na ang iyong kundisyon ay malubha na kung saan maaaring maging mapanganib sa iyong kalusugan o buhay ang pagpunta sa isang lugar ng pangangalaga. Walang serbisyong sinasaklaw sa labas ng U.S., maliban sa mga pang-emergency na serbisyong nag-aatas sa iyong pumunta sa ospital sa Canada o Mexico. Kung tatanggap ka ng mga pang-emergency na serbisyo sa ambulansya sa Canada at Mexico, at hindi ka naospital sa yugto ng pangangalagang iyon, hindi sasaklawin ng Alliance ang iyong mga serbisyo sa ambulansya.

### **Hospice at palliative care**

Sinasaklaw ng Alliance ang hospice care at palliative care para sa mga bata at nasa hustong gulang, na nakakatulong sa pagpapababa ng pisikal, emosyonal, social, at



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

ispirituwal na kawalan ng ginhawa. Hindi puwedeng tumanggap ang mga nasa hustong gulang na **21 taong gulang** pataas ng mga serbisyo sa hospice care at palliative care nang magkasabay.

### ***Pangangalaga sa hospice***

Ang pangangalaga sa hospice ay isang benepisyong nagseserbisyo sa mga miyembrong may malubhang karamdamam. Sa hospice care, kailangang inaasahan na lang na mabuhay ang miyembro nang **anim (6) na buwan** o mas maikli. Isa itong intervention na pangunahing nakatuon sa pamamahala sa pananakit at sintomas sa halip na sa gamot na magpapahaba ng buhay.

Kasama sa mga pangangalaga sa hospice ang:

- Mga serbisyo ng pangangalaga
- Mga serbisyo ng physical, occupational o speech therapy
- Mga medikal na serbisyonang panlipunan
- Mga serbisyo ng home health aide at homemaker
- Mga medikal na supply at appliance
- Ilang gamot at biological na serbisyo (posibleng available ang ilan sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo ng pagpapayo
- Mga tuloy-tuloy na serbisyo ng pangangalaga nang 24 na oras sa mga panahon ng krisis at kung kinakailangan para mapanatili ang terminally ill na miyembro sa bahay
- Inpatient respite care nang hanggang **limang (5) magkakasunod na araw** sa bawat pagkakataon sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pangangalaga o pasilidad ng hospisyo
- Panandaliang inpatient na pangangalaga para sa pagkontrol sa pananakit o pamamahala sa sintomas sa isang ospital, pasilidad ng sanay na pangangalaga o pasilidad ng hospice

### ***Palliative na pangangalaga***

Ang palliative na pangangalaga ay pangangalagang nakatuon sa pasyente at pamilya na magpapaganda sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng pag-agap, pag-iwas at paggamot sa paghihirap. Hindi inaatas sa palliative pangangalaga na ang miyembro ay dapat na inaasahang mabubuhay pa nang anim na buwan o mas maikli. Maaaring ibigay ang palliative na pangangalaga kasabay ng paggamot na pangangalaga.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kasama sa palliative na pangangalaga ang:

- Advance na pagpapalano ng pangangalaga
- Pagsusuri at konsultasyon sa palliative na pangangalaga
- Plano ng pangangalaga, kasama ang ngunit hindi limitado sa:
  - Isang doktor ng medisina o osteopath
  - Isang physician assistant
  - Isang registered nurse
  - Isang lisensyadong vocational nurse o nurse practitioner
  - Isang social worker
  - Isang chaplain
- Koordinasyon ng pangangalaga
- Pamamahala ng pananakit at sintomas
- Mga panlipunang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at medikal na panlipunang serbisyo

Ang mga nasa hustong gulang na **21 taong gulang** pataas ay hindi puwedeng tumanggap ng parehong palliative na pangangalaga at pangangalaga sa hospice nang magkasabay. Kung tumanggap ka ng palliative na pangangalaga at natutugunan mo ang pagiging kwalipikado para sa pangangalaga sa hospice, puwede mong hilingin na magpalit patungong pangangalaga sa hospice anumang oras.

## Pagpapaospital

### *Mga serbisyo ng Anesthesiologist*

Sinasaklaw ng Alliance ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa mga panahon ng sinasaklaw na pananatili sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na bihasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal na procedure.

### *Mga inpatient na serbisyo sa ospital*

Sinasaklaw ng Alliance ang medikal na kinakailangang inpatient na pangangalaga sa ospital kapag na-admit ka sa ospital.

### *Mga surgical na serbisyo*

Sinasaklawan ng Alliance ang mga medikal na kinakailangang operasyon na ginagawa sa isang ospital.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



## Programang Provisional Postpartum Care Extension

Ang Programang Probisyonal na Pagkatapos ng Panganganak na Extension ng Pangangalaga (Provisional Postpartum Care Extension, PPCE) ay nagbibigay ng pinalawig na saklaw para sa mga miyembro ng Medi-Cal na may maternal na kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip habang nagbubuntis o pagkatapos magbuntis.

Sinasaklaw ng Alliance ang maternal na pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip para sa mga babae habang sila ay nagbubuntis at hanggang sa **dalawang (2) buwan** matapos nilang magbuntis. Pinapalawig ng programang PPCE ang saklaw ng Alliance nang hanggang sa **12 buwan** pagkatapos ng diagnosis o pagbubuntis, alinman doon ang mahuli.

Para maging kwalipikado sa programang PPCE, dapat kumpirmahin ng iyong doktor ang diagnosis mo ng maternal na kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip sa loob ng **150 araw** pagkatapos mong magbuntis. Tanungin ang iyong doktor tungkol sa mga serbisyo ito kung sa palagay mo ay kailangan mo ng mga ito. Kung sa palagay ng iyong doktor ay sa PPCE mo dapat kunin ang mga serbisyo, ang doktor mo ang sasagot at magsusumite ng mga form para sa iyo.

## Mga rehabilitative at habilitative (therapy) na serbisyo at device

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at device para tulungan ang mga tao sa mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kundisyon para magkaroon ng o mabawi ang mga mental at pisikal na kasanayan.

Sinasaklaw ng plano ang mga sumusunod:

### **Acupuncture**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng acupuncture para mapigilan, mabago o mabawasan ang matindi, tuloy-tuloy na pabalik-balik na pananakit na resulta ng karaniwang kilala na medikal na kondisyon. Ang mga outpatient na serbisyo ng acupuncture (na may electric stimulation ng mga karayom o wala) ay limitado sa **dalawang (2)** serbisyo kada buwan, na may kasamang mga serbisyo ng audiology, chiropractic, occupational therapy at speech therapy kapag ibinibigay ng doktor, dentist, podiatrist, o acupuncturist (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang **21 taong gulang**). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Alliance ang mga karagdagang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

### ***Audiology (pandinig)***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng audiology. Ang outpatient na audiology ay limitado sa **dalawang (2)** serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, chiropractic, occupational therapy, at speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang **21 taong gulang**). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Alliance ang mga karagdagang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.

### ***Mga paggamot sa kalusugan ng pag-uugali***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo sa paggamot sa kalusugan ng pag-uugali (behavioral health treatment, BHT) para sa mga miyembrong wala pang **21 taong gulang** sa pamamagitan ng benepisyong Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Diagnostic at Paggagamot (EPSDT). Kasama sa BHT ang mga serbisyo at programa sa paggamot, gaya ng applied na pagsusuri ng pag-uugali at mga programang nakabatay sa ebidensyang interbensyon ng pag-uugali na bumubuo o nagpapanumbalik, sa maximum na limitasyong posibleng gawin, ang pagkilos ng isang indibidwal na wala pang **21 taong gulang**.

Itinuturo sa mga serbisyo ng BHT ang mga kakayahan gamit ang pag-observerba sa pag-uugali at reinforcement, o sa pamamagitan ng pag-udyok na ituro ang bawat hakbang ng isang targeted na pag-uugali. Ang mga serbisyo ng BHT ay batay sa maaasahang ebidensya at hindi pinag-eeksperimentuhan. Kasama sa mga halimbawa ng mga serbisyo ng BHT ang mga intervention sa pag-uugali, package sa cognitive behavioral intervention, komprehensibong paggamot sa kalusugan ng pag-uugali at applied na pagsusuri sa pag-uugali.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat na medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng plano, at ipinagkakaloob sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

### ***Rehabilitasyon kaugnay ng puso***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga inpatient at outpatient na serbisyo sa rehabilitasyon kaugnay ng puso.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

### **Matibay na medikal na kagamitan (DME)**

Sinasaklaw lang ng Alliance ang pagbili o pagrenta ng mga DME supply, kagamitan at iba pang serbisyo nang may reseta galing sa doktor, physician assistant, nurse practitioner, at clinical nurse specialist. Ang mga inireresetang DME ay maaaring saklawin kung medikal na kinakailangan para mapanatili ang kakayahan ng katawan na makapagsagawa ng mga aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay o para mapigilan ang pagkakaroon ng pisikal na kapansanan.

Karaniwan, hindi sinasaklaw ng Alliance ang mga sumusunod:

- Pagiging kumportable, maginhawa, o marangya ng mga kagamitan, feature, at supply, maliban sa mga retail-grade na breast pump ayon sa inilalarawan sa “**Mga breast pump at supply**” sa ilalim ng heading na “**Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol**” sa kabanatang ito.
- Mga item na hindi para sa pagpapanatili ng mga normal na aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay, gaya ng kagamitan sa pag-eehersisyo (kasama ang mga device na nagbibigay ng karagdagang suporta para sa panlibangan o pang-sports na aktibidad).
- Kagamitan sa kalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang **21 taong gulang**.
- Mga hindi medikal na item, gaya ng mga sauna bath o elevator.
- Mga modipikasyon sa iyong bahay o sasakyan.
- Mga device para sa pagsusuri ng dugo o iba pang substance sa katawan (gayunpaman, sinasaklaw ng Medi-Cal Rx ang mga monitor ng glucose sa dugo para sa diabetes, test strip, at lancet).
- Mga elektronikong monitor para sa puso o baga, maliban sa mga monitor para sa apnea sa mga sanggol.
- Pagkukumpuni o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagnanakaw, o maling paggamit, maliban kung medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang **21 taong gulang**.
- Iba pang item na hindi pangkalahatang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan.

Gayunpaman, sa ilang sitwasyon, posibleng maaprubahan ang mga item na ito nang may paunang pahintulot (paunang pag-apruba) mula sa iyong doktor.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

### ***Enteral at parenteral nutrition***

Ang mga paraang ito ng paglalagay ng nutrisyon sa katawan ay ginagamit kapag nakakapigil sa iyo ang isang medikal na kundisyon na makakain nang normal. Sinaklaw ang mga produkto para sa enteral at parenteral nutrition sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx kapag medikal na kinakailangan.

### ***Mga hearing aid***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga hearing aid kung nasuri ka para sa pagkawala ng pandinig, medikal na kinakailangan ang mga hearing aid, at mayroon kang reseta galing sa iyong doktor. Limitado ang saklaw sa pinakamurang aid na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Sasaklawin ng Alliance ang **isang (1)** hearing aid maliban na lang kung kinakailangan ng aid para sa bawat tainga para sa mga resultang mas mahusay kaysa kapag **isa (1)** lang ang aid.

### **Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang **21 taong gulang****

- Iniaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng hearing aid sa programang California Children's Services (CCS) para malaman kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastusin para sa mga medikal na kinakailangang hearing aid. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin namin ang mga medikal na kinakailangang hearing aid bilang bahagi ng saklaw ng Medi-Cal.

### **Mga hearing aid para sa mga miyembrong may **edad na 21** pataas**

- Sa ilalim ng Medi-Cal, sinasaklaw namin ang mga sumusunod para sa bawat sinasaklaw na hearing aid:
  - Mga ear mold na kinakailangan para sa pagsusukat
  - Isang karaniwang package ng baterya
  - Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang maayos ang aid
  - Mga pagpapatingin para malinis at masukat ang iyong hearing aid
  - Pagsasaayos sa iyong hearing aid
- Sa ilalim ng Medi-Cal, sasaklaw kami ng kapalit na hearing aid kung:
  - Hindi naitatama ng kasalukuyan mong hearing aid ang problema sa iyong pandinig.
  - Nawala, ninakaw, o nasira ang iyong hearing aid, at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng abiso sa kung paano ito nangyari.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Para sa mga nasa hustong gulang na may edad na **21 taong gulang** pataas, ang Medi-Cal ay walang kasamang:
  - Baterya ng kapalit na hearing aid

### ***Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa iyong bahay, kapag inireseta ng iyong doktor at napag-alamang medikal na kinakailangan.

Limitado ang mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan sa mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal gaya ng:

- Part-time na sanay na pag-aalaga
- Part-time na aide sa kalusugan sa tahanan
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

### ***Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga medikal na supply na inireseta ng doktor, physician assistant, nurse practitioner, at clinical nurse specialist. May ilang medikal na supply na sinasaklaw sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx at hindi ng Alliance.

Hindi kasama sa saklaw ng Medi-Cal ang mga sumusunod:

- Mga karaniwang gamit sa bahay na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:
  - Adhesive tape (lahat ng uri)
  - Rubbing alcohol
  - Cosmetics
  - Cotton ball at swab
  - Dusting powder
  - Tissue wipes
  - Witch hazel
- Mga karaniwang remedyo sa bahay na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:
  - White petrolatum
  - Mga oil at lotion para sa dry na balat
  - Talc at mga produktong may talc
  - Mga oxidizing agent gaya ng hydrogen peroxide
  - Carbamide peroxide at sodium perborate



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Mga hindi inireresetang shampoo
- Mga topical preparation na may benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o likido at zinc oxide na paste
- Iba pang item na hindi pangkalahatang ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan at na regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

### ***Occupational therapy***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng occupational therapy, kasama ang pagsusuri para sa occupational therapy, pagpapalano sa paggamot, paggamot, mga serbisyo sa pagtuturo, at pagkonsulta. Ang mga serbisyo sa occupational therapy ay limitado sa **dalawang (2)** serbisyo bawat buwan, kasama ang acupuncture, audiology, chiropractic na serbisyo, at serbisyo sa speech therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang **21 taong gulang**). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Alliance ang mga karagdagang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.

### ***Orthotics/prostheses***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga orthotic at prosthetic na device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kasama rito ang mga implanted na aparato sa pandinig, breast prosthesis/mastectomy bra, compression burn garment at prosthetic para mapanumbalik ang kakayahan o mapalitan ang isang parte ng katawan, o para masuportahan ang isang nanghina o nadeportang bahagi ng katawan.

### ***Mga ostomy at urological supply***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga ostomy bag, urinary catheter, draining bag, irrigation supply, at adhesive. Hindi kasama rito ang mga supply, kagamitan o feature na para sa pagkakumportable, pagkakumbinyente, o karangyaan.

### ***Physical therapy***

Sinasaklaw ng Alliance ang mga medikal na kinakailangang serbisyo sa physical therapy, kasama ang pagsusuri para sa physical therapy, pagpapalano sa paggamot, paggamot, pagtuturo, serbisyo sa konsultasyon, at pagpapahid ng mga gamot.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

### **Rehabilitasyon ng baga**

Sinasaklaw ng Alliance ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inirereseta ng isang doktor.

### **Mga serbisyo sa pasilidad sa sanay na pangangalaga**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo ng pasilidad ng sanay na pangangalaga, gaya ng medikal na kinakailangan, kung may kapansanan ka at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Ang mga serbisyong ito ay may kasamang room and board sa isang lisensyadong pasilidad na may sanay na pag-aalaga sa loob ng 24 na oras bawat araw. Sasaklawin ng Alliance ang iyong awtorisadong pangangalaga sa isang pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga sa buwan ng pagkaka-admit hanggang sa susunod na buwan.

### **Speech therapy**

Sinasaklaw ng Alliance ang speech therapy na medikal na kinakailangan. Ang mga serbisyo sa speech therapy ay limitado sa **dalawang (2)** serbisyo bawat buwan, kasama ang acupuncture, audiology, chiropractic na serbisyo, at serbisyo sa occupational therapy (hindi nalalapat ang mga limitasyon sa mga batang wala pang **21 taong gulang**). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Alliance ang mga karagdagang serbisyo gaya ng medikal na kinakailangan.

### **Mga serbisyo para sa transgender**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo para sa transgender (mga gender-affirming na serbisyo) bilang benepisyo kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang mga pamantayan para sa reconstructive surgery.

### **Mga klinikal na pagsubok**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga gastos sa routine na pangangalaga sa pasyente para sa mga pasyenteng tinanggap sa mga klinikal na pagsubok sa Yugto I, Yugto II, Yugto III, o Yugto IV kung nauugnay ang mga ito sa pag-iwas, pagtukoy, o paggamot ng cancer o iba pang kundisyong mapanganib sa buhay at kung isinasagawa ang pag-aaral ng Administrasyon ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ng U.S., Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC), o Mga Sentro para sa Mga Serbisyo ng Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services, CMS). Ang mga pag-aaral ay dapat aprubado ng Pambansang Institusyon ng Kalusugan, FDA, Departamento ng Tanggulang Pambansa, o Administrasyon sa Mga Beterano.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, na isang programa ng Medi-Cal FFS, ang karamihan ng mga outpatient na inireresetang gamot. Basahin ang seksyong “**Mga outpatient na inireresetang gamot**” sa bandang dulo ng kabanatang ito para sa higit pang impormasyon.

### **Mga serbisyo sa laboratoryo at radiology**

Sinasaklaw ng Alliance ang mga outpatient at inpatient na serbisyo ng laboratoryo at X-ray kapag medikal na kinakailangan. Ang iba't ibang advanced na imaging procedure, gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, ay sinasaklaw batay sa medikal na pangangailangan at maaaring kailanganin ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ang mga serbisyo ng laboratoryo ay maaaring limitado sa piniling kontratista ng Alliance gaya ng Quest Diagnostics o Alameda Health System (AHS). Para matuto pa, makipag-ugnayan sa iyong PCP.

### **Pang-iwas at para sa wellness na serbisyo at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit**

Sinasaklaw ng plano ang mga sumusunod:

- Mga inirerekomandang bakuna ng Komite sa Pagpapayo para sa Mga Kasanayan sa Pagbabakuna.
- Mga serbisyo sa pagplano ng pamilya.
- Mga rekomendasyon ng Akademya ng America ng Pediatrics para sa Bright Futures.
- Mga pang-iwas na serbisyo para sa mga kababaihan na inirerekomenda ng Kolehiyo ng America ng Mga Obstetrician at Gynecologist.
- Tulong sa paghinto sa paninigarilyo, na tinatawag din mga serbisyo sa pagtigil sa paninigarilyo.
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit na inirerekomenda ng Task Force sa Mga Pang-iwas na Serbisyo ng United States, Grade A at B.

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ipinagkakaloob sa mga miyembrong nasa edad na may kakayahan nang mabuntis para mabigyang-daan silang mapagpasyahan ang bilang at pagitan ng magiging anak. Kasama sa mga serbisyong ito ang lahat paraan ng pagkontrol sa pagbubuntis na inaprubahan ng FDA. Ang mga espesyalistang PCP at OB/GYN ng Alliance ay available para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, puwede ka ring pumili ng doktor o klinika ng Medi-Cal na hindi nauugnay sa Alliance nang hindi humihingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Alliance. Ang mga serbisyo mula sa isang provider na wala sa network na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya ay maaaring hindi saklawin. Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Basahin ang **Kabanata 5: Pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit** para sa impormasyon sa pangangalagang pang-iwas sa sakit para sa mga batang may edad na **20 taon pababa**.

### **Diabetes Prevention Program (DPP)**

Ang Programa ng Pag-iwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program, DPP) ay isang programa sa pagbago sa paraan ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya. Idinisenyo ito para pigilan o iantala ang pagsisimula ng type 2 diabetes sa mga indibiduwal na na-diagnose na may prediabetes. Tatagal ang programa nang **isang (1) taon**. Maaari itong tumagal nang dalawang taon para sa mga miyembrong magkakwalipika.

Kasama sa mga suporta at diskarte sa paraan ng pamumuhay na inaprubahan ng programa ang, pero hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pag-monitor sa sarili at pagresolba ng problema
- Paghihikayat at pagbibigay ng feedback
- Pagbibigay ng mga materyal na nagbibigay ng impormasyon para suportahan ang mga layunin
- Pag-track ng mga regular na pagtitimbang para maisakatuparan ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang mga inaatas sa pagkakwalipikado sa programa para makasali sa DPP. Tumawag sa Alliance para matuto pa tungkol sa programa at pagiging kwalipikado.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga reconstructive na serbisyo

Sinasaklaw ng Alliance ang surgery para maiwasto o maisaayos ang mga abnormal na istruktura sa katawan para mapahusay ang pag-function o maibalik ang normal na hitsura hangga't posible. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay iyong mga sanhi ng depekto sa puso, abnormalidad sa development, trauma, impeksyon, tumor, sakit, o breast reconstruction pagkatapos ng mastectomy. Posibleng may mga limitasyon at pagbubukod.

## Mga serbisyo sa screening para sa problema sa paggamit ng substance

Sinasaklaw ng plano ang mga sumusunod:

- Mga screening sa maling pag-inom ng alak at screening sa bawal na gamot
- Tingnan ang “**Mga serbisyo sa paggamot ng problema sa paggamit ng substance**” sa bandang dulo ng kabanatang ito para sa saklaw ng paggamot sa county.

## Mga benepisyo sa paningin

Sinasaklaw ng plano ang mga sumusunod:

- Regular na pagsusuri sa mata nang isang beses bawat **24 na buwan**; sasaklawin ang mga karagdagan o higit pang regular na pagsusuri sa mata kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, gaya ng mga may diabetes.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) nang isang beses bawat **24 na buwan**, kapag mayroon kang valid na reseta.
  - Mga kapalit na salamin sa mata sa loob ng **24 na buwan** kung may magbabago sa iyong reseta o kung mawawala, mananakaw, o masisira ang iyong mga salamin sa mata (at hindi mo na ito maaayos), at hindi mo ito kasalanan. Dapat kang magbigay ng tala na nagsasabi sa amin kung paano nawala, ninakaw, o nasira ang iyong mga salamin sa mata.
- Mga device para sa malabong paningin para sa mga may problema sa paningin na hindi naitatama ng mga karaniwang salamin sa mata, contact lens, gamot, o operasyon na nakakasagabal sa kakayahan ng isang taong magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad ( ibig sabihin, macular degeneration na nauugnay sa edad).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Mga medikal na kinakailangang contact lens.
- Posibleng saklawin ang pagsusuri para sa contact lens at mismong contact lens kung hindi puwedeng gumamit ng mga salamin sa mata dahil sa isang sakit sa mata o kundisyon (ibig sabihin, kulang ng tainga). Ang mga medikal na kundisyong kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa, aniridia, aphakia, at keracotonus.

## Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyong hindi emergency

May karapatan ka sa medikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangang nakakahadlang sa paggamit mo ng sasakyan, bus, o taxi papunta sa iyong mga appointment. Puwedeng magbigay ng medikal na transportasyon para sa mga sinasaklaw na serbisyo gaya ng medikal na serbisyo, serbisyo sa ngipin, serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, serbisyo sa paggamit ng substance, at appointment sa parmasya. Kung kailangan mo ng medikal na transportasyon, puwede kang humiling nito sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa iyong doktor. Pagpapasyahan ng iyong doktor ang uri ng transportasyong makakatugon sa iyong mga pangangailangan. Kung malalaman nila na kailangan mo ng medikal na transportasyon, irereseta nila ito sa pamamagitan ng pagsagot ng form at pagsusumite nito sa Alliance. Kapag naaprubahan ito, may bisa ang pag-apruba sa loob ng **isang (1) taon** depende sa medikal na pangangailangan. Bukod pa rito, walang limitasyon sa bilang ng mga biyaheng puwede mong kunin. Kakailanganin ng iyong doktor na tasahin ulit ang pangangailangan mo ng medikal na transportasyon at aprubahan ito ulit bawat **12 buwan**.

Ang medikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o transportasyon sa himpapawid. Babayaran ng Alliance ang pinakamurang medikal na transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Ibig sabihin, halimbawa, kung kaya kang pisikal o medikal na madala sakay ng wheelchair van, hindi babayaran ng Alliance ang ambulansya. Hindi ka kwalipikado sa transportasyon sa himpapawid kung hindi posible ang transportasyon sa lupa dahil sa iyong medikal na kondisyon.

Dapat gumamit ng medikal na transportasyon sa mga sumusunod:

- Pisikal o medikal itong kinakailangan ayon sa pagpapasya sa nakasulta na pahintulot ng doktor o iba pang provider dahil wala kang pisikal o medikal na kakayahang gumamit ng bus, taxi, kotse o van para makarating sa iyong



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

appointment.

- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta o mula sa iyong bahay, sasakyan, lugar na pagamutan dahil sa kapansanan sa pangangatawan o pag-iisip.

Para humiling ng medikal na transportasyong inireseta ng iyong doktor para sa mga hindi agarang (routine na) appointment, tumawag sa ModivCare nang toll-free sa **1.855.891.7171** o sa Departamento para sa Pamamahala ng Kaso ng Alliance nang toll-free sa **1.877.251.9612** hindi bababa sa **tatlong (3) araw ng negosyo** (Lunes – Biyernes) bago ang iyong nakaiskedyul na appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Pakihanda ang iyong ID ng miyembro ng Alliance kapag tumawag.

**Mga limitasyon ng medikal na transportasyon:** Ibibigay ng Alliance ang pinakamurangi medikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan sa provider na pinakamalapit sa iyong tirahan, kung saan may available na appointment. Hindi magbibigay ng medikal na transportasyon kung hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo. Kung ang uri ng appointment ay sinasaklaw ng Medi-Cal pero hindi ng planong pangkalusugan, tutulungan ka ng Alliance na iiskedyul ang iyong transportasyon.

May listahan ng mga sinasaklawang serbisyo sa Handbook ng Miyembro na ito. Hindi sasaklawin ang transportasyon sa labas ng network o pinagseserbisyuhang lugar maliban na lang kung pauna itong papahintulutan ng Alliance. Para sa higit pang impormasyon o para humiling ng medikal na transportasyon, tumawag sa ModivCare nang toll-free sa **1.855.891.7171** o sa Departamento para sa Pamamahala ng Kaso ng Alliance nang toll-free sa **1.877.251.9612**.

**Gastos sa miyembro:** Walang babayaran kapag Alliance ang nag-ayos ng transportasyon.

### ***Paano kumuha ng hindi medikal na transportasyon***

Kasama sa iyong mga benepisyo ang pagkakaroon ng masasakyan papunta sa iyong mga appointment kapag para sa isang serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal ang nasabing appointment.

Puwede kang makakuha ng masasakyan, nang walang bayad, kapag ikaw ay:

- Bibiyahe sa at mula sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider; o
- Kukuha ng mga inireresetang gamot at medikal na supply.

Pinapayagan ka ng Alliance na gumamit ng sasakyan, taxi, bus o iba pang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal. Sasaklawin ng Alliance ang pinakamurang uri ng hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan. Kung minsan, puwedeng magbigay ang Alliance ng reimbursement para sa mga biyahe sakay ng pribadong sasakyan na isasaayos mo. Dapat itong maaprubahan ng Alliance bago mo ito gawin, at dapat mong sabihin sa amin kung bakit hindi ka puwedeng bumiyahе sa ibang paraan, gaya ng bus. Puwede mo itong sabihin sa amin sa pamamagitan ng pagtawag, pag-email, o nang personal. Hindi ka mare-reimburse kapag ikaw mismo ang nagmaneho.

Para ma-reimburse ang mileage, kailangan ang lahat ng sumusunod:

- Lisensya sa pagmamaneho ng driver
- Pagpaparehistro ng sasakyan ng driver
- Patunay ng insurance sa sasakyan ng driver

Para humiling ng masasakyan para sa mga awtorisadong serbisyo, tumawag sa ModivCare nang toll-free sa **1.855.891.7171** o sa Departamento para sa Pamamahala ng Kaso ng Alliance nang toll-free sa **1.877.251.9612** hindi bababa sa **tatlong (3) araw ng negosyo** (Lunes – Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag kaagad kapag mayroon kang agarang appointment. Pakihanda ang iyong ID ng miyembro ng Alliance kapag tumawag.

Tandaan: Puwedeng makipag-ugnayan ang mga American Indian sa kanilang lokal na Klinika para sa Kalusugan ng Mga Indian para humiling ng hindi medikal na transportasyon.

**Mga limitasyon ng hindi medikal na transportasyon:** Ibibigay ng Alliance ang pinakamurang hindi medikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa provider na pinakamalapit sa iyong tirahan, kung saan may available na appointment. Hindi puwedeng ang mga miyembro ang magmaneho para sa kanilang sarili o hindi sila puwedeng direktang bigyan ng reimbursement. Para sa higit pang impormasyon, tumawag sa ModivCare nang toll-free sa **1.855.891.7171**, o sa Departamento para sa Pamamahala ng Kaso ng Alliance nang toll-free sa **1.877.251.9612**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Hindi nalalapat ang hindi medikal na transportasyon kung:

- Medikal na kinakailangan ang isang ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang uri ng medikal na transportasyon para makapunta sa isang serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta o mula sa iyong bahay, sasakyan, lugar na pagamutan dahil sa kapansanan sa pangangatawan o pag-iisip.
- Nasa wheelchair ka at hindi makakasakay o makakababa ng sasakyan nang walang tulong ng driver.
- Hindi sinasaklaw ng Medi-Cal ang serbisyo.

**Gastos sa miyembro:** Walang babayaran kapag Alliance ang nag-ayos ng hindi medikal na transportasyon.

---

## Iba pang benepisyo at programang sinasaklaw ng Alliance

### Mga pinapamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS)

Sinasaklaw ng Alliance ang mga benepisyong ito sa pinapamahalaang pangmatagalang serbisyo at suporta (MLTSS) para sa mga kwalipikadong miyembro:

- Mga serbisyo sa pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga na naaprubahan ng Alliance.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa MLTSS, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

### Koordinasyon ng pangangalaga

Nag-aalok ang Alliance ng mga serbisyo sa Pamamahala ng Kaso para matulungan kang ayusin ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan nang walang bayad. Makikipagtulungan ang Alliance sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ibang programa, at hindi Alliance, ang sumasaklaw sa mga serbisyong iyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

## **Mga benepisyo ng Inisyatiba sa May Koordinasyong Pangangalaga (CCI)**

Ang Inisyatiba sa May Koordinasyong Pangangalaga (Coordinated Care Initiative, CCI) ay nagsisikap na pahasayin ang koordinasyon ng pangangalaga para sa mga dual eligible (mga taong kwalipikado sa parehong Medi-Cal a Medicare). May **dalawang (2)** pangunahing bahagi ang CCI:

### ***Cal MediConnect***

Layunin ng programang Cal MediConnect na pahasayin ang koordinasyon ng pangangalaga para sa mga benepisyaryong kwalipikado sa parehong Medicare at Medi-Cal. Sa pamamagitan nito, nakakapagpatala sila sa iisang plano para mapamahalaan ang lahat ng kanilang benepisyo, sa halip na kumuha sila ng magkahiwalay na plano sa Medi-Cal at Medicare. Layunin nitong magbigay ng pangangalagang may mataas na kalidad na makakatulong sa mga taong manatiling malusog at nasa kani-kanilang bahay hangga't posible.

Kung nakatala ka sa Alliance, sasaklawin ng plano ang:

- Isang network ng mga provider na nagtutulungan para sa iyo
- Personal na coordinator ng pangangalaga na titiyak na makukuha mo ang pangangalaga at suportang gusto mo
- Naka-customize na pagsusuri ng iyong mga pangangailangan sa kalusugan at plano ng pangangalaga

### ***Mga Pinapamahalaang Pangmatalagang Serbisyo at Suporta (MLTSS)***

Ang mga indibidwal na kwalipikado sa parehong Medicare at Medi-Cal o ang Mga Nakatatanda o Mga Taong May Mga Kapansanan (Seniors or Persons with Disabilities SPD) na sa Medi-Cal lang nakatala ay dapat sumali sa isang plano ng pinapamahalaang pangangalaga sa Medi-Cal para matanggap nila ang kanilang mga benepisyo sa Medi-Cal, kasama ang MLTSS at mga wrap-around na benepisyo sa Medicare.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Pinahusay na Pamamahala ng Kalusugan (ECM)

Sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo sa Pinahusay na Pamamahala ng Kalusugan (Enhanced Care Management, ECM) para sa mga miyembrong may mga napakakumplikadong pangangailangan. Ang ECM ay isang benepisyong nagbibigay ng mga karagdagang serbisyo para matulungan kang matanggap ang pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Inaayos nito ang pangangalagang nakukuha mo sa iba't ibang doktor. Nakakatulong ang ECM sa pag-aayos ng mga serbisyo sa pangunahing pangangalaga, pangangalaga ng malalang sakit, kalusugang nauugnay sa pag-uugali, development, kalusugan ng bibig, pangmatagalang serbisyo at suporta sa komunidad (long-term services and supports, LTSS), at referral sa mga available na resource sa komunidad.

Kung kwalipikado ka, puwedeng makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga serbisyo sa ECM. Puwede ka ring tumawag sa Alliance para malaman kung at kailan ka puwedeng kumuha ng ECM. O makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na makakapagsabi sa iyo kung kwalipikado ka para sa ECM at kung kailan at paano mo ito matatanggap.

### ***Mga sinasaklaw na serbisyo sa ECM***

Kung kwalipikado ka para sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong team ng pangangalaga, pati ng coordinator ng pangangalaga. Ang taong ito ay makikipag-usap sa iyo at sa iyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng kaso, provider ng serbisyonang panlipunan, at iba pa para matiyak na nagtutulungan ang lahat para maibigay sa iyo ang pangangalagang kailangan mo. May coordinator ng pangangalaga ring makakatulong sa iyo na maghanap ng at mag-apply para sa iba pang serbisyo sa iyong komunidad.

Ang ECM ay may:

- Outreach at pakikipag-ugnayan
- Komprehensibong pagtatasa at pamamahala ng pangangalaga
- Pinahusay na koordinasyon ng pangangalaga
- Promosyong pangkalusugan
- Komprehensibong transitional na pangangalaga
- Mga serbisyo para sa suporta sa miyembro at pamilya
- Koordinasyon at referral sa mga suporta sa komunidad at lipunan



---

Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Para malaman kung naaangkop para sa iyo ang ECM, makipag-usap sa iyong kinatawan sa Alliance o provider ng pangangalagang pangkalusugan.

### ***Babayaran ng miyembro***

Walang babayaran ang miyembro sa mga serbisyo sa ECM.

### ***Mga Suporta sa Komunidad***

Posibleng may available na Mga Suporta sa Komunidad sa ilalim ng iyong Pang-indibidwal na Plano ng Pangangalaga. Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga medikal na naaangkop at murang alternatibong serbisyo o lugar para sa mga sinasaklaw sa ilalim ng Pang-estadong Plano ng Medi-Cal. Opsyonal ang pagtanggap ng mga miyembro sa mga serbisyong ito. Kung kwalipikado ka, posibleng makatulong sa iyo ang mga serbisyong ito na makapamuhay sa mas independent na paraan. Hindi pamalit ang mga ito sa mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal. Mag-aalok ang Alliance ng ilang Suporta sa Komunidad. Medikal na Iniangkop/Pansuportang Meal, at Remediation sa Hika na nauugnay sa mga walang matirhan. Kung kailangan mo ng tulong o kung gusto mong malaman kung anong Mga Alternatibong Serbisyo (Community Supports, CS) ang posibleng available para sa iyo, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** or **711**) o tumawag sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

### **Pag-transplant ng Major na Organ**

#### ***Mga transplant para sa mga batang wala pang 21 taong gulang***

Iniaatas ng batas ng estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng transplant sa programang California Children's Services (CCS) para malaman kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasaklawin ng CCS ang mga gastusin para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, ire-refer ng Alliance ang bata sa isang kwalipikadong transplant center para sa pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kinakailangan at ligtas ang transplant, sasaklawin ng Alliance ang transplant at mga kaugnay na serbisyo.

#### ***Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na may edad na 21 taon pataas***

Kung mapagpapasyahan ng iyong doktor na posibleng kailanganing mag-transplant ng major na organ sa iyo, ire-refer ka ng Alliance sa isang kwalipikadong transplant center para sa pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kinakailangan ng



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

transplant at ligtas ito para sa iyong medikal na kundisyon, sasaklawin ng Alliance ang transplant at iba pang kaugnay na serbisyo.

Ang mga sumusunod na pag-transplant ng major na organ na sinasaklaw ng Alliance ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/baga
- Bato
- Bato/lapay
- Atay
- Atay/bituka
- Baga
- Lapay
- Bituka

---

## Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

### Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng fee-for-service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal

Kung minsan, hindi sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyo, pero makukuha mo pa rin ang mga ito sa pamamagitan ng fee-for-service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Makikipagtulungan ang Alliance sa iba pang programa para matiyak na matanggap mo ang lahat ng medikal na kinakailangang serbisyo, kahit na ibang programa, at hindi Alliance, ang sumasaklaw sa mga serbisyong iyon. Inililista ng seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga outpatient na inireresetang gamot

### *Mga inireresetang gamot na sinasaklaw ng Medi-Cal Rx*

Ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng isang parmasya ay sinasaklaw ng Medi-Cal Rx, na isang programang FFS ng Medi-Cal. Posibleng saklawin ng Alliance ang ilang gamot na ibinibigay ng provider sa isang tanggapan o klinika. Puwede kang resetahan ng iyong provider ng mga gamot na nasa Nakakontratang Listahan ng Gamot ng Medi-Cal Rx.

Kung minsan, may kailangang gamot na wala sa Nakakontratang Listahan ng Gamot. Kailangang maaprubahan muna ang mga gamot na ito bago kunin ang mga ito sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng **24 na oras**.

- Puwedeng magbigay sa iyo ang isang pharmacist sa iyong outpatient na parmasya o sa emergency room ng ospital ng **72 oras** na supply sa emergency, kung sa palagay nila ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang emergency na supply ng gamot na ibibigay ng outpatient na parmasya.
- Posibleng tumanggi ang Medi-Cal Rx sa isang hindi emergency na kahilingan. Kung hihindi sila, papadalhan ka nila ng liham na nagsasaad kung bakit. Sasabihin nila sa iyo ang mga opsyon mo. Tingnan ang seksyong **“Mga Reklamo”** sa **Kabanata 6 “Pag-uulat at paglutas ng mga problema”** para sa higit pang impormasyon.

Para malaman kung nasa Nakakontratang Listahan ng Gamot ang isang gamot o makakuha ng kopya ng Nakakontratang Listahan ng Gamot, tumawag sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pindutin ang **5** o **711**), o bisitahin ang website ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov>.

### **Mga Parmasya**

Kung kukunin mo ang iyong inireresetang gamot o kukuha ka ng panibagong supply, kailangan mo itong kunin sa isang parmasya na nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makakakita ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Makakakita ka rin ng parmasya malapit sa iyo ng parmasyang puwedeng magpadala sa iyo ng reseta mo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pagpindot sa **5** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Kapag nakapili ka ng parmasya, dalhin ang iyong reseta sa parmasya. Puwede rin itong ipadala ng iyong provider sa parmasya para sa iyo. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ng iyong Card ng Pagkakakilanlan para sa Mga Benepisyo (BIC) sa Medi-Cal. Tiyaking alam ng parmasya ang tungkol sa lahat ng gamot na ginagamit mo at anumang allergy na mayroon ka. Kung mayroon kang anumang tanong sa iyong reseta, tiyaking tanungin ang pharmacist.

Puwede ring tumanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa Alliance para makapunta sa mga parmasya. Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “**Mga benepisyo sa transportasyon**” sa handbook na itow.

### **Mga specialty na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip**

Ang ilang serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ay ibinibigay ng mga plano ng county sa kalusugan ng pag-iisip, at hindi ng Alliance. Kasama rito ang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa espesyalista (SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal, na nakakatugon sa mga panuntunan sa medikal pangangailangan.

Maaaring kasama sa SMHS ang mga outpatient, residensyal at inpatient na serbisyonang ito:

#### ***Mga outpatient na serbisyo:***

- Mga serbisyo sa kalusugan kaugnay ng pag-iisip (mga pagtatasa, pag-develop ng plano, therapy, rehabilitasyon, at collateral)
- Mga serbisyo para sa suporta sa gamot
- Mga intensive na serbisyo sa paggamot sa umaga
- Mga serbisyo sa rehabilitasyon sa umaga
- Mga serbisyo sa pamamagitan sa panahon ng krisis
- Mga serbisyo sa stabilization sa panahon ng krisis
- Mga naka-target na serbisyo sa pamamahala ng kaso
- Mga therapeutic na serbisyonang nauugnay sa pag-uugali (sinasaklaw para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**)
- Koordinasyon ng intensive na pangangalaga (intensive care coordination, ICC) (sinasaklaw para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**)
- Mga intensive na serbisyo sa bahay (intensive home-based services, IHBS) (sinasaklaw



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**)

- Therapeutic na foster na pangangalaga (therapeutic foster care, TFC) (sinasaklaw para sa mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang**)

#### ***Mga residensyal na serbisyo:***

- Mga pang-nasa hustong gulang na residensyal na serbisyo sa paggamot
- Mga residensyal na serbisyo sa paggamot sa panahon ng krisis

#### ***Mga inpatient na serbisyo:***

- Mga psychiatric na inpatient na serbisyo sa ospital para sa malalang sakit
- Mga psychiatric na inpatient na propesyonal na serbisyo sa ospital
- Mga psychiatric na serbisyo sa pasilidad para sa kalusugan

Para matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa espesyalista na ibinibigay ng plano ng county sa kalusugan ng pag-iisip, puwede mong tawagan ang iyong plano ng county sa kalusugan ng pag-iisip. Para makita ang mga toll-free na numero ng telepono ng lahat ng county online, bumisita sa [www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx).

### **Mga serbisyo ng paggamot sa karamdaman sa pagkonsumo ng ipinagbabawal na gamot**

Nagbibigay ang county ng mga serbisyo sa problema sa paggamit ng substance sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan sa medikal na pangangailangan. Ang mga miyembrong matutukoy para sa mga serbisyo sa paggamot ng problema sa paggamit ng substance ay ire-refer sa departamento ng kanilang county para sa paggamot. Para makita ang mga numero ng telepono ng lahat ng county online, bumisita sa [www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD\\_County\\_Access\\_Lines.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx).

### **Mga dental na serbisyo**

Ang Medi-Cal (sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental Program [Programa sa Ngipin ng Medi-Cal]) ay may sinasaklaw na ilang serbisyo sa ngipin, kasama ang:

- Pang-diagnostic at pang-iwas sa sakit na dental hygiene (gaya ng mga eksaminasyon, X-ray at paglilinis ng ngipin)
  - Mga pang-emergency na serbisyo para sa pagkontrol ng pananakit
  - Pagbunot ng ngipin
  - Mga filling



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).



- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratoryo)
- Scaling at root planning
- Mga complete at partial denture
- Orthodontics para sa mga batang magkakwalipika
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Medi-Cal Dental Program sa **1.800.322.6384** (TTY **1.800.735.2922** o **711**). Puwede mo ring bisitahin ang website ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa [www.dental.dhcs.ca.gov](http://www.dental.dhcs.ca.gov) o <https://smilecalifornia.org>.

### California Children's Services (CCS)

Ang California Children's Services (CCS) ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga batang **wala pang 21 taong gulang** na may ilang partikular na pabalik-balik na kundisyon sa kalusugan, mga sakit o pabalik-balik na problema sa kalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programa ng CCS. Kung naniniwala ang Alliance o ang iyong PCP na may kundisyon ang iyong anak na kwalipikado sa CCS, ire-refer siya sa programang CCS ng county para i-assess para sa pagkakwalipikado.

Pagpapasyahan ng mga tauhan ng programang CCS ng county kung kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi Alliance ang nagpapasya sa pagiging kwalipikado sa CCS. Kung magkakwalipika ang iyong anak para makuha ang ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga provider ng CCS para sa kondisyon ng CCS. Patuloy na sasaklawin ng Alliance ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kundisyon sa CCS gaya ng mga pisikal na eksaminasyon, bakuna, at checkup habang walang sakit ang bata.

Hindi sinasaklaw ng Alliance ang mga serbisyong ibinibigay ng programang CCS. Para saklawin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, mga serbisyo, at kagamitan.

Hindi sinasaklaw ng CCS ang lahat ng kondisyon sa kalusugan. Sinasaklaw ng CCS ang karamihan ng mga kondisyon sa kalusugan na pisikal na nagpapabaldado o na kailangang gamutin ng mga gamot, surgery o rehabilitasyon (rehab).

Sinasaklaw ng CCS ang mga batang may mga kondisyon sa kalusugan gaya ng:

- Sakit sa puso mula sa pagkasilang



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

- Mga cancer
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malalang pabalik-balik na problema sa bato
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate
- Spina bifida
- Pagkawala ng pandinig
- Mga Katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- AIDS
- Matitinding injury sa ulo, utak o gulugod
- Matitinding pagkalapnos
- Matinding hindi pantay-pantay na ngipin

Medi-Cal ang nagbabayad para sa mga serbisyo ng CCS. Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programa ng CCS, patuloy silang makakakuha ng medikal na kinakailangang pangangalaga mula sa Alliance.

Para matuto pa tungkol sa CCS, bumisita sa web page ng CCS sa [www.dhcs.ca.gov/services/ccs](http://www.dhcs.ca.gov/services/ccs). O tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Institusyonal na pangmatagalang pangangalaga

Sasaklawin ng Alliance ang pangmatagalang pangangalaga para sa buwan ng pagpasok mo sa isang pasilidad at para sa buwan pagkatapos noon. **Hindi** sasaklawin ng Alliance ang pangmatagalang pangangalaga kung mas matagal kang mananatili.

Sinasaklaw ng FFS Medi-Cal ang iyong pananatili kung tatagal ito nang lampas sa buwan matapos mong pumasok sa isang pasilidad. Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

---

## Mga serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Alliance o Medi-Cal

May ilang serbisyong hindi sasaklawin ang Alliance o Medi-Cal, kasama ang, pero hindi limitado sa:

- Mga pang-eksperimentong serbisyo
- Preserbasyon ng fertility
- In vitro fertilization (IVF)
- Mga modipikasyon sa bahay
- Mga modipikasyon ng sasakyan
- Cosmetic na operasyon

Posibleng sumaklaw ang Alliance ng isang hindi benepisyo kung matutukoy na medikal itong kinakailangan. Dapat magsumite ang iyong provider ng paunang pahintulot sa Departamento sa Pamamahala ng Paggamit ng Alliance sa numero ng fax number na **1.855.891.7174** na may mga dahilan kung bakit medikal na kinakailangan ang hindi benepisyo.

Para matuto pa, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## 5. Pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit

---

### Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit ng bata

Kasama sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na check-up sa kalusugan, screening para matulungan ang iyong doktor na malaman kaagad kung may mga problema, at serbisyo sa pagpapayo para matukoy ang mga karamdaman, sakit, o medikal na kundisyon bago magdulot ng problema ang mga ito. Ang mga regular na check-up ay nakakatulung sa doktor mo o ng iyong anak na malaman kung may mga problema. Puwedeng kasama sa mga problema ang medikal na problema, problema sa ngipin, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang problema sa paggamit ng substance (droga). Sinasaklaw ng Alliance ang mga check-up para malaman kung may mga problema (kasama ang pagtatasa sa antas ng lead sa dugo) anumang oras na kailanganin ito, kahit hindi sa panahon ng regular na pagpapa-check up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga bakunang kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Alliance na ang lahat ng naka-enroll na bata ay mabakunahan sa anumang pagbisita sa pangangalagang pangkalusugan. Available ang mga pang-iwas na serbisyo at screening sa pangangalaga nang libre para sa iyo at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Puwedeng makakuha ang mga bata at teenager na miyembro na **wala pang 21 taong gulang** ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan kapag nagpatala sila. Sa pamamagitan nito, natitiyak na makukuha nila ang mga naaangkop na serbisyong pang-iwas sa sakit, serbisyo sa ngipin, serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, serbisyo sa development, at epesyal na serbisyo. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga nasabing serbisyo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga pediatric na serbisyo (Mga batang wala pang 21 taong gulang)

Sinasaklaw ang mga miyembrong wala pang **21 taong gulang** para sa kinakailangang pangangalaga. Kasama sa sumusunod na listahan ang pangangalagang isang medikal na kinakailangang serbisyo para magamot o maibsan ang mga depekto at diagnosis ng pangangatawan at pag-iisip.

Kasama sa mga sinasaklaw na serbisyo ang:

- Mga pagpapatingin habang walang sakit ang bata at check-up sa mga teenager (mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Pagpapabakuna (mga bakuna)
- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip (sinasaklaw ng county ang mga espesyal na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang pagsusuri para sa pagkalason ng dugo dahil sa lead
- Edukasyon para sa kalusugan at pag-iwas sa sakit
- Mga serbisyo sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sinasaklaw sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo sa pandinig (sinasaklaw ng CCS para sa mga kwalipikadong bata; sasaklawin ng Alliance ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kwalipikado sa sa CCS)

Tinatawag ang mga serbisyong ito na mga serbisyo sa Maaga at Pana-panahong Pag-screen, Pag-diagnose, at Paggamot (EPSDT). Ang mga serbisyo sa EPSDT ay inirerekomenda ng mga alituntunin sa Mga Magandang Hinaharap ng mga pediatrician para tulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog ay sinasaklaw nang walang bayad



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Dapat magpa-check up ang iyong anak sa mga edad na ito:

- 2-4 na araw pagkatapos ipanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kasama ang mga sumusunod sa mga check-up sa kalusugan habang walang sakit ang bata:

- Kumpletong kasaysayan at eksaminasyon sa katawan na mula ulo hanggang paa
- Mga bakunang naaangkop sa edad (sumusunod ang California sa iskedyl ng Periodicity ng Bright Futures ng Akademya ng Pediatrics ng America)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kasama ang pagsusuri para sa pagkalason ng dugo dahil sa lead
- Edukasyong pangkalusugan
- Screening sa paningin at pandinig
- Screening para sa kalusugan ng bibig
- Pagtatasa ng kalusugang nauugnay sa pag-uugali

Kapag natukoy ang problema sa kalusugan ng pangangatawan o pag-iisip sa isang check-up o screening, maaaring may pangangalaga na makakaayos o makakatulong sa problema. Kung medikal na kinakailangan ang pangangalaga at responsibilidad ng Alliance na bayaran ang pangangalaga, sasaklawin ng Alliance ang pangangalaga para sa iyo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kasama sa mga serbisyong ito ang:

- Pangangalaga ng doktor, nurse practitioner, at ospital.
- Mga bakunang magpapanatili sa iyong malusog.
- Physical, speech/language, at occupational therapy.
- Mga serbisyong pangkalusugan sa tahanan, na maaaring medikal na kagamitan, supply, at appliance.
- Paggamot ng mga problema sa paningin, kasama ang mga salamin sa mata.
- Paggamot ng mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sinasaklaw ng CCS ang mga ito.
- Paggamot sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali para sa mga autism spectrum disorder at iba pang kapansanan sa development.
- Pamamahala ng kaso at edukasyong pangkalusugan.
- Reconstructive surgery, na isang surgery para maitama at maayos ang mga hindi normal na istruktura ng katawan na sanhi ng mga depekto sa katawan nang isinilang, mga abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, tumor, o sakit para mapabuti ito at magawang normal ang hitsura.

---

## Pagsusuri para sa pagkalason ng dugo na dulot ng lead

Ang lahat ng batang nakatala sa Alliance ay dapat magpasuri ng dugo para sa pagkalasong dulot ng lead sa kanilang **ika-12 at 24 na buwan** o sa **edad na 24 hanggang 72 buwan** kung hindi pa sila nasuri noon para dito.

---

## Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng mga bata at teenager habang walang sakit

Tutulungan ng Alliance ang mga miyembrong **wala pang 21 taong gulang** at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila.

Magagawa ng coordinator ng pangangalaga ng Alliance na:

- Sabihin sa iyo ang mga available na serbisyo
- Tumulong na maghanap ng mga provider na nasa o wala sa network, kung kinakailangan



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).

Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.

O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



- Tumulong na mag-iskedyul ng mga appointment
- Mag-ayos ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment
- Tumulong na mag-ayos ng pangangalaga para sa mga serbisyo na available sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal, gaya ng:
  - Mga serbisyo ng paggagamot at rehabilitasyon para sa mga karamdaman sa kalusugan ng pag-iisip at paggamit ng ipinagbabawal na gamot
  - Paggamit sa mga isyu sa ngipin, kasama ang orthodontics

---

## Iba pang serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng fee-for-service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa

### Mga check-up sa ngipin

Panatilihin malinis ang mga gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng marahan na pagpupunas dito gamit ang isang tela araw-araw. Sa humigit-kumulang **apat (4) – anim (6) na buwan**, magsisimula na ang “teething” habang nagsisimulang tumubo ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagpapatingin sa ngipin ng iyong anak sa oras na tumubo ang kauna-unahan niyang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman doon ang mauna.

Libre o mura ang mga sumusunod na serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal para sa:

#### ***Mga sanggol na edad na isa (1) – apat (4)***

- Unang pagpapatingin sa ngipin ng sanggol
- Unang eksaminasyon sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat **anim [6] na buwan**; bawat **tatlong [3] buwan** mula **kapanganakan hanggang edad tatlo [3]**)
- Mga x-ray
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat **anim [6] na buwan**)
- Fluoride varnish (bawat **anim [6] na buwan**)
- Mga filling
- Pagbunot ng ngipin



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga outpatient na serbisyo
- Sedation (kung medikal na kinakailangan)

***Mga batang edad 5 – 12***

- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat **anim [6] na buwan**)
- Mga x-ray
- Fluoride varnish (bawat **anim [6] na buwan**)
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat **anim [6] na buwan**)
- Mga sealant sa molar
- Mga filling
- Mga root canal
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga outpatient na serbisyo
- Sedation (kung medikal na kinakailangan)

***Mga batang edad 13 – 17***

- Mga pagsusuri sa ngipin (bawat **anim [6] na buwan**)
- Mga x-ray
- Fluoride varnish (bawat **anim [6] na buwan**)
- Pagpapalinis ng ngipin (bawat **anim [6] na buwan**)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga filling
- Mga crown
- Mga root canal
- Pagbunot ng ngipin
- Mga serbisyong pang-emergency
- Mga outpatient na serbisyo
- Sedation (kung medikal na kinakailangan)



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung mayroon kang mga tanong o kung gusto mong matuto pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tumawag sa Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa **1.800.322.6384**) TTY (**1.800.735.2922** o **711**). Puwede mo ring bisitahin ang website ng Programa sa Ngipin ng Medi-Cal sa <https://smilecalifornia.org>.

## **Mga karagdagang serbisyo sa referral para sa edukasyong pang-iwas sa sakit**

Kung nababahala kang nahihirapang makibahagi at matuto sa paaralan ang iyong anak, kausapin ang provider ng pangunahing pangangalaga, mga guro, o administrator ng iyong anak sa paaralan. Bukod sa iyong mga medikal na benepisyong sinasaklaw ng Alliance, may mga serbisyong dapat ibigay ang paaralan para matulungan ang iyong anak na matuto at hindi mapag-iwanan.

Kasama sa mga serbisyong puwedeng ibigay para matulungan ang iyong anak na matuto ang:

- Mga serbisyo sa wika sa pagsasalita at wika
- Mga psychological na serbisyo
- Physical therapy
- Occupational therapy
- Pantulong na teknolohiya
- Mga serbisyo sa gawaing panlipunan
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nurse sa paaralan
- Transportasyon papasok ng at pauwi mula sa paaralan

Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay at binabayaran ng Departamento ng Edukasyon ng California. Kasama ang mga doktor at guro ng iyong anak, puwede kang gumawa ng custom na plano na pinakamakakatulong sa iyong anak.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## 6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

May **dalawang (2)** paraan ng pag-uulat at paglutas ng mga problema:

- Ang **reklamo** (o **karaingan**) ay kapag may problema ka sa Alliance o isang provider, o sa planong pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang provider.
- Ang **apela** ay kapag hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng Alliance na baguhin ang iyong mga serbisyo o hindi saklawin ang mga ito.

May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Alliance para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Hindi nito aalisin ang alinman sa iyong mga legal na karapatan at remedyo. Hindi ka namin didiskriminahan o paghihigantihan para sa pagrereklamo sa amin. Kung ipapaalam mo sa amin ang iyong problema, matutulungan mo kaming pahusayin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Dapat ay palagi ka munang makipag-ugnayan sa Alliance para maipalam sa amin ang iyong problema. Tumawag sa amin Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm, sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Sabihin sa amin ang iyong problema.

Kung hindi pa rin malulutas ang iyong karaingan at apela pagkalipas ng **30 araw**, o kung hindi ka masaya sa resulta, puwede kang tumawag sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (Department of Managed Health Care, DMHC) at hilingin sa kanila na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Puwede kang tumawag sa DMHC sa **1.888.466.2219** (TTY **1.877.688.9891** o **711**) o bumisita sa website ng DMHC para sa higit pang impormasyon **[www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov)**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Makakatulong rin ang Ombudsman sa Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California. Makakatulong sila kung mayroon kang mga problema sa pagsali sa, pagpapalit ng, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat ka ng tirahan at nagkakaproblema ka sa pagpapalipat ng iyong Medi-Cal sa bago mong county. Puwede kang tumawag sa Ombudsman mula Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm, sa **1.888.452.8609**.

Puwede ka ring maghain ng karaingan sa tanggapan sa pagiging kwalipikado ng iyong county tungkol sa pagiging kwalipikado mo sa Medi-Cal. Kung hindi mo sigurado kung saan ka maghahain ng karaingan, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong karagdagang insurance sa kalusugan, tumawag sa Medi-Cal mula Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm nang toll-free sa **1.800.541.5555**.

---

## Mga Reklamo

Ang reklamo (o karaingan) ay kapag may problema o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong natatanggap mo mula sa Alliance o isang provider. Walang limitasyon sa panahon para sa paghahain ng reklamo. Puwede kang maghain ng reklamo sa Alliance anumang oras sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) mula Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Ibigay ang iyong numero ng ID sa pangangalagang pangkalusugan, ang pangalan mo, at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) at hilinging magpadala sa iyo ng form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Tiyaking isasama mo ang iyong pangalan, numero ng ID sa pangangalagang pangkalusugan, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Ipadala ang form sa:

Alameda Alliance for Health  
ATTN: Alliance Grievance and Appeals Department  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502

Magiging available ang form ng reklamo sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Alliance. Pumunta sa **www.alamedaalliance.org**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Puwede ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Sa loob ng **limang (5) araw ng kalendaryo** matapos naming matanggap ang iyong reklamo, magpapadala kami sa iyo ng liham na nagsasabing natanggap na namin ito. Sa loob ng **30 araw**, magpapadala kami sa iyo ng isa pang liham na nagsasabi kung paano namin nilutas ang iyong problema. Kung tatawag ka sa Alliance tungkol sa isang karaingang hindi tungkol sa saklaw sa pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang na paggamot, at malulutas ang iyong karaingan sa pagtatapos ng susunod na araw ng negosyo, posibleng hindi ka makatanggap ng liham.

Kung gusto mong gumawa kami ng mabilis na pasya dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang mag-function kapag hindi kaagad nalutas ang iyong reklamo, puwede kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa amin sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Sa loob ng **72 oras** pagkatapos matanggap ang iyong reklamo, pagpapasyahan namin kung paano papangasiwaan ang iyong reklamo at kung papabilisin namin ang pagtugon dito. Kung mapagpapasyahan naming hindi namin papabilisin ang iyong reklamo, sasabihin namin sa iyong lulutasin namin ang iyong reklamo sa loob ng **30 araw**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**www.alamedaalliance.org**.

Ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng karaingan ng Alliance o kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Maaaring magsumite ang mga miyembro ng mga reklamo tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pagpindot sa **5** o **711**) o pagpunta sa **<https://med-calrx.dhcs.ca.gov>**. Gayunpaman, ang mga reklamong nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay posibleng kwalipikado para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay **1.888.466.2219** at ang linya ng TTY ay **1.877.688.9891**). Makikita mo ang form at mga tagubilin sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Pagrereklamo online sa website ng DMHC **[www.dmhc.ca.gov](http://www.dmhc.ca.gov)**.

---

## Mga Apela

Iba ang apela sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para suriin at baguhin namin ang isang pasyang ginawa namin tungkol sa iyong (mga) serbisyosaklaw para sa isang hinihiling na serbisyo. Kung nagpadala kami sa iyo ng liham na Abiso ng Pagkilos (Notice of Action, NOA) na nagsasabi sa iyong tatanggihan, iaantala, babaguhin, o wawakasan namin ang (mga) serbisyo, at hindi ka sumasang-ayon sa aming pasya, puwede kang humiling sa amin ng apela. Ang iyong PCP o iba pang provider ay puwede ring humiling sa amin ng apela para sa iyo, nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humiling ng apela sa loob ng **60 araw** mula sa petsa sa NOA na nakuha mo mula sa amin. Kung napagpasyahan naming bawasan, suspindihin, o ihinto ang (mga) serbisyong natatanggap mo, puwede mong patuloy na matanggap ang (mga) serbisyong iyon habang hinihintay mong mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng **10 araw** mula sa petsa sa NOA o bago ang petsa kung kailan sinabi naming hihinto ang iyong (mga) serbisyo, alinman doon ang mahuli. Kapag humiling ka ng apela sa mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang (mga) serbisyo.

Puwede kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o online:



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang serbisyo na inaapela mo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) at hilinging magpadala sa iyo ng form. Kapag nakuha mo na ang form, sagutan ito. Tiyaking ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong inaapela mo.

Ipadala ang form sa:

Alameda Alliance for Health  
ATTN: Alliance Grievance and Appeals Department  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502

Magiging available ang form ng apela sa tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Alliance. Pumunta sa **www.alamedaalliance.org**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Puwede ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Sa loob ng **limang (5) araw** matapos naming matanggap ang iyong apela, magpapadala kami sa iyo ng liham na nagsasabing natanggap na namin ito. Sa loob ng **30 araw**, sasabihin namin sa iyo ang aming pasya sa apela at papadalhan ka namin ng liham ng paunawa sa Paglutas ng Apela (Notice of Appeal Resolution, NAR). Kung hindi ka namin mabibigyan ng pasya sa apela sa loob ng **30 araw**, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR. Pero kung Pagdinig ng Estado muna ang hihilingin mo, at naisagawa na ang pagdinig, hindi ka puwedeng humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang huling magpapasya.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na pasya dahil mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang mag-function kapag hindi kaagad napagpasyahan ang iyong apela, puwede kang humiling ng pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**). Magpapasya kami sa loob ng **72 oras** matapos naming



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

matanggap ang iyong apela.

---

## Ang Dapat Gawin Kung Hindi Ka Sumasang-ayon sa Isang Pasya sa Apela

Kung humiling ka ng apela at nakatanggap ka ng liham ng NAR na nagsasabing hindi namin binago ang aming pasya, o hindi ka kailanman nakatanggap ng liham ng NAR at **30 araw** na ang nakalipas, magagawa mong:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services, CDSS), at susuriin ng hukom ang iyong kaso.
- Maghain ng form sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) para masuri ang pasya ng Alliance o humiling ng **Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR)** sa DMHC. Sa IMR ng DMHC, susuriin ng isang doktor na hindi bahagi ng Alliance ang iyong kaso. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay **1.888.466.2219** at ang linya ng TTY ay **1.877.688.9891**. Makikita mo ang form at mga tagubilin sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Pagrereklamo online sa website ng DMHC **www.dmhc.ca.gov**.

Wala kang kakailanganing bayaran para sa Pagdinig ng Estado o IMR.

May karapatan ka sa Pagdinig ng Estado at IMR. Pero kung Pagdinig ng Estado muna ang hihilingin mo, at naisagawa na ang pagdinig, hindi ka puwedeng humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang huling magpapasya.

Makakakita sa mga seksyon sa ibaba ng higit pang impormasyon tungkol sa paghiling ng Pagdinig ng Estado at IMR.

Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinapangasiwaan ng Alliance. Puwede kang magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.800.977.2273** (TTY **1.800.977.2273** at pagpindot sa **5** o **711**). Gayunpaman, ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx ay posibleng kwalipikado para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasyang nauugnay sa iyong benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado. Ang mga pasya sa benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi napapailalim sa proseso ng IMR sa DMHC.

---

## Mga Reklamo at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan

Sa IMR, may panlabas na doktor na hindi nauugnay sa iyong planong pangkalusugan na sumusuri sa kaso mo. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa Alliance. Kung hindi ka makakatanggap ng sagot mula sa iyong planong pangkalusugan sa loob ng **30 araw ng kalendaryo**, o kung hindi ka masaya sa pasya ng iyong planong pangkalusugan, puwede kang humiling ng IMR. Dapat kang humiling ng IMR sa loob ng **anim (6) na buwan** mula sa petsang nasa paunawa na nagsasabi sa iyo tungkol sa pasya sa apela, pero mayroon ka lang **120 araw** para humiling ng Pagdinig ng Estado, kaya kung gusto mo ng IMR at Pagdinig ng estado, ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon. Tandaan, kung Pagdinig ng Estado muna ang hihilingin mo, at naisagawa na ang pagdinig, hindi ka puwedeng humiling ng IMR. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang huling magpapasya.

Puwede kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela. Para ito sa mga kaso kung saan nangangailangan ng agarang pansin ang iyong problema sa kalusugan.

Kung ang iyong reklamo sa DMHC ay hindi kwalipikado para sa isang IMR, susuriin pa rin ng DMHC ang reklamo mo para matiyak na ginawa ng Alliance ang tamang pasya noong iniapela mo ang pagtanggihan sa mga serbisyo. Kailangang sumunod ng Alliance sa IMR ng DMHC at suriin ang mga pasya.

Ganito humiling ng IMR.

Ang terminong “karaingan” ay para sa mga “reklamo” at “apela”:

Responsibilidad ng Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California na pangasiwaan ang mga plano ng serbisyo sa



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**) at gamitin ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago ka makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit ng pamamaraang ito para sa karaingan ay hindi makakapigil sa anumang potensyal na legal na karapatan o remedyong posibleng available sa iyo. Kung kailangan mo ng tulong sa isang karaingang nauugnay sa emergency, karaingang hindi kasiyasiyang nalutas ng iyong planong pangkalusugan, o karaingang mahigit **30 araw** nang hindi nalulutas, puwede kang tumawag sa departamento para sa tulong. Posible ring kwalipikado ka para sa isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung kwalipikado ka sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang kinikilingang pagsusuri ng mga medikal na pasyang ginawa ng planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya sa saklaw para sa mga paggamot na pang-eksperimento o sinisiyasat pa lang, at di-pagkakasundo sa bayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emergency o kinakailangan kaagad. Ang departamento ay mayroon ding toll-free na numero ng telepono (**1.888.466.2219**) at linya ng TDD (**1.877.688.9891**) para sa mga may problema sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na **www.dmhc.ca.gov** ay may mga form sa reklamo, form sa aplikasyon sa IMR, at mga tagubilin online.

---

## Mga Pagdinig ng Estado

Sa Pagdinig ng Estado, nagpupulong kasama ng mga tao mula sa Departamento ng Mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS). Tutulong ang isang hukom na lutasin ang iyong problema o sasabihin niya kung tama ang pasya namin. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung nakapaghain ka na ng apela sa amin at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming pasya o hindi ka nakatanggap ng pasya sa iyong apela pagkalipas ng **30 araw**.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng **120 araw** mula sa petsa sa aming liham ng NAR. Gayunpaman, kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela, at gusto mo itong ituloy hanggang sa magkaroon ng pasya sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng **10 araw** mula sa aming liham ng NAR, o bago ang petsa kung kailan namin sinabing ihihinto ang iyong



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

(mga) serbisyo, alinman doon ang mahuli. Kung kailangan mo ng tulong sa pagtiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na pasya sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Alliance mula Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **1.800.735.2929**. Puwedeng humiling ang iyong PCP ng Pagdinig ng Estado para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Kung minsan, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi nakukumpleto ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang aming proseso ng apela, kung hindi ka namin inabisuhan nang tama o nang nasa oras tungkol sa iyong (mga) serbisyo. Tinatawag itong Deemed Exhaustion.

Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi ka namin nabigyan ng liham ng NOA na nasa gusto mong wika.
- May nagawa kaming mali na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan.
- Hindi ka namin nabigyan ng liham ng NOA.
- Nagkamali kami sa aming liham ng NAR.
- Hindi namin napagpasyahan ang iyong apela sa loob ng **30 araw**. Napagpasyahan naming nangangailangan ng agarang atensyon ang iyong kaso, pero hindi namin nasagot ang iyong apela sa loob ng **72 oras**.

Puwede kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa pamamagitan ng telepono o koreo.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Unit sa Pagtugon sa Publiko ng CDSS sa **1.800.952.5253** (TTY **1.800.952.8349** o **711**).
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang ibinigay na form kasama ang iyong paunawa sa paglutas ng apela. Ipadala ito sa:

California Department of Social Services  
State Hearings Division  
P.O. Box 944243, MS 09-17-37  
Sacramento, CA 94244-2430



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Puwede ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

Sa pagdinig, ibibigay mo ang iyong panig. Ibibigay namin ang aming panig. Puwedeng abutin nang hanggang 90 araw bago mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Alliance ang mapagpapasyahan ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang CDSS ng mabilis na pasya dahil lubos na mailalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang mag-function sa tagal na aabutin ang Pagdinig ng Estado, ikaw o ang iyong PCP ay puwedeng makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magpasya ang CDSS nang hindi hihigit sa **tatlong (3) araw ng negosyo** matapos nitong makuha ang iyong kumpletong file ng kaso sa Alliance.

---

## Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso (FWA)

Kung naghihinala na ang isang provider o taong nakakatanggap ng Medi-Cal ay gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso (fraud, waste, or abuse, FWA), karapatan mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na toll-free na numero **1.800.822.6222**

o pagsusumite ng reklamo online sa **www.dhcs.ca.gov**.

Kasama sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso:

- Pagpapalsipika ng mga medikal na talaan.
- Pagrereseta ng gamot nang higit sa medikal na kinakailangan.
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan nang higit sa medikal na kinakailangan.
- Pagsingil ng mga serbisyong hindi ibinigay
- Pagsingil ng mga propesyonal na serbisyo kahit hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.

- Pag-aalok ng libre o may mga diskwentong item at serbisyo sa mga miyembro sa pagsisikap na maimpluwensyahan kung aling provider ang pipiliin ng miyembro.
- Pagbabago ng doktor sa pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro.

Ang panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng isang indibidwal na nakakatanggap ng mga benepisyong ay kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o Card ng Pagkakakilanlan sa Benepisyong (Benefits Identification Card, BIC) sa Medi-Cal sa ibang tao.
- Pagkuha ng katulad o kaparehong paggamot o gamot mula sa mahigit sa **isang (1)** provider.
- Pagpunta sa emergency room kahit walang emergency.
- Paggamit ng numero ng social security o numero ng ID sa pangangalagang pangkalusugan ng ibang tao.
- Paggamit ng mga medikal at hindi medikal na transportasyon para sa mga serbisyong hindi nauugnay sa pangangalagang pangkalusugan, serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, o kapag wala kang medikal na appointment o kukuning reseta.

Para mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso. Magbigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa indibidwal hangga't posible, gaya ng numero ng telepono o specialty kung isa itong provider. Ibigay ang mga petsa ng mga kaganapan at buod ng eksaktong nangyari.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Alameda Alliance for Health  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502

Hotline sa Pagsunod ng Alliance (Toll-Free): **1.855.747.2234**

Email sa FWA ng Alliance: **compliance@alamedaalliance.org**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **www.alamedaalliance.org**.



# 7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Alliance, mayroon kang ilang partikular na karapatan at responsibilidad: Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga nasabing karapatan at responsibilidad. Ang kabanatang ito ay may mga kasama ding legal na abiso kung saan mayroon kang karapatan bilang miyembro ng Alliance.

## Iyong Mga Karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Alliance:

- Mapakitunguhan nang may paggalang at dignidad, nang isinasaalang-alang ang iyong karapatan sa privacy at pangangailangan na panatilihing kumpidensyal ang iyong medikal na impormasyon.
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa plano at mga serbisyo nito, pati sa mga sinasaklaw na serbisyo, practitioner, at mga karapatan at responsibilidad ng miyembro.
- Gumawa ng mga rekomendasyon tungkol sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng Alliance.
- Makapili ng provider ng pangunahing pangangalaga sa network ng Alliance.
- Para magkaroon ng napapanahong access sa mga provider ng network.
- Makasali sa pagpapasya tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, pati sa karapatang tumangging magpagamot.
- Maipabatid ang iyong mga karaingan, nang pasalita o sa pamamagitan ng pagsulat, tungkol sa organisasyon o pangangalagang natanggap mo.
- Makatanggap ng koordinasyon ng pangangalaga.
- Mahiling na iapela ang mga pasyang tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

- Makatanggap ng mga libreng serbisyo sa interpretasyon na nasa iyong wika.
- Makatanggap ng libreng legal na tulong mula sa iyong lokal na tanggapan ng legal aid o iba pang grupo.
- Makagawa ng mga paunang direktiba.
- Para humiling ng Pandinig ng Estado kung tinanggihan ang isang serbisyo o benepisyo, at naghain ka na ng apela sa Alliance at hindi ka pa rin masaya sa pasya, o kung hindi ka nakatanggap ng pasya tungkol sa iyong apela pagkalipas ng **30 araw**, kasama ang impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig.
- Para mag-disenroll sa Alliance at para magpalit ng planong pangkalusugan sa county, kung hihilingin.
- I-access ang mga serbisyo sa pagpapahintulot ng menor de edad.
- Makatanggap ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format (gaya ng braille, malaking print, audio, at accessible na elektronikong format) kapag hiniling at nang nasa oras na naaangkop sa format na hinihiling at alinsunod sa Seksyon 14182 (b)(12) ng Kodigo ng Kapakanan at Mga Institusyon.
- Maging malaya sa anumang uri ng panunupili o seklusyon bilang paraan ng pamimilit, pandidisdiplina, kaginhawaan, o paghihiganti.
- Matapat na matalakay ang impormasyon tungkol sa mga available na opsyon sa paggamot at alternatibo, na ipepresenta sa paraang naaangkop sa iyong kundisyon at kakayahang makaunawa, anuman ang gastos o saklaw.
- Magkaroon ng access sa, at ng kopya ng, iyong mga medikal na talaan, at mahiling na susugan o iwasto ang mga ito, gaya ng nakasaad sa 45 Kodigo ng Mga Pederal na Regulasyon §164.524 at 164.526.
- Kalayaang gamitin ang mga karapatang ito nang hindi naapektuhan ang pakikutungo sa iyo ng Alliance, mga provider mo, o ng Estado sa hindi kanais-nais na paraan.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Freestanding na Center para sa Panganganak, Center ng Kalusugan na Kwalipikado sa Ilalim ng Pederal na Pamahalaan, pasilidad para sa Serbisyo sa Kalusugan ng Mga Indian, serbisyo sa pagpapaanak, Klinika ng Kalusugan sa Probinsya, serbisyo sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik, at emergency na serbisyo sa labas ng network ng Alliance alinsunod sa pederal na batas.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Ang iyong mga responsibilidad

Responsibilidad mo, bilang miyembro ng Alliance, na:

- Sabihin sa Alliance at sa iyong mga doktor ang dapat naming malaman (hangga't posible) para makapagbigay kami ng pangangalaga.
- Sumunod sa mga plano ng pangangalaga at payo para sa pangangalaga na napag-usapan ninyo ng iyong mga doktor.
- Matuto tungkol sa iyong mga problema sa kalusugan at tumulong na magtakda ng mga layunin sa paggamot na sinang-ayunan mo, hangga't posible.
- Makipagtulungan sa iyong doktor.
- Palaging ipakita ang iyong ID card bilang miyembro ng Alliance kapag kumukuha ka ng mga serbisyo.
- Magtanong tungkol sa anumang medikal na kundisyon at tiyaking nauunawaan mo ang mga paliwanag at tagubilin ng iyong doktor.
- Bigyan ang iyong doktor at ang Alliance ng tamang impormasyon.
- Tulungan ang Alliance na magpanatili ng mga tumpak at napapanahong talaan sa pamamagitan ng nasa oras na pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga pagpapalit ng address, status ng pamilya, at iba pang saklaw ng pangangalagang pangkalusugan.
- Magpaskedyul at pumunta sa mga medikal na appointment at sabihan ang iyong doktor hindi bababa sa **24 na oras** bago ang appointment mo kung kailangan itong kanselahin.
- Pakitunguhan ang lahat ng tauhan ng Alliance at ang lahat ng tauhan sa pangangalagang pangkalusugan nang may paggalang.
- Gamitin lang ang emergency room (ER) kung may emergency o kung sinabi ng iyong doktor.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Paunawa laban sa diskriminasyon

Labag sa batas ang pandiskrimina. Sumusunod ang Alliance sa mga batas sa mga karapatang sibil ng estado at pederal. Ang Alliance ay walang dinidiskrimina, ibinubukod, o pinapakitunguhan nang iba sa karaniwang pagtrato nito nang labag sa batas batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, genetic na impormasyon, status sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon.

Ang Alliance ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para tulungan silang makipag-ugnayan nang mas maayos, gaya ng:
- Mga kwalipikadong interpreter ng sign language
- Nakasulat na impormasyon sa ibang format (malaking print, audio, mga accessible na elektronikong format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, gaya ng:
  - Mga kwalipikadong interpreter
  - Impormasyong nakasulat sa ibang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance mula Lunes - Biyernes, 8 am – 5 pm, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738**. O kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **1.800.735.2929** o **711** para magamit ang California Relay Service (CRS).

## Paano maghain ng karaingan

Kung sa palagay mo ay hindi naibigay ng Alliance ang mga serbisyong ito, o nandiskrimina ito, nang labag sa batas, sa ibang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, pinagmulang bansa, kinikilalang pangkat etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kundisyon, genetic na impormasyon, status sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian, o sekswal na oryentasyon, puwede kang maghain ng karaingan sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Puwede kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng pagsulat, sa personal, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan mula Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm, sa pamamagitan ng pagtawag sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738**. O kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa **1.800.735.2929** o **711** para magamit ang California Relay Service (CRS).
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form sa pagrereklamo o sumulat ng liham at ipadala ito sa:

Alameda Alliance for Health  
ATTN: Grievance and Appeals Department  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502

- **Sa personal:** Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ng Alliance at sabihing gusto mong maghain ng karaingan.
- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang website ng Alliance sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1.916.440.7370**. Kung hindi ka nakakapagsalita o nakakarinig nang maayos, tumawag sa **711** (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form sa pagrereklamo o magpadala ng liham sa:

Deputy Director, Office of Civil Rights  
Department of Health Care Services  
Office of Civil Rights  
P.O. Box 997413, MS 0009  
Sacramento, CA 95899-7413



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

- Makukuha ang mga form sa pagrereklamo sa [www.dhcs.ca.gov/Pages/Language\\_Access.aspx](http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx).
- Sa elektronikong paraan: Mag-email sa [CivilRights@dhcs.ca.gov](mailto:CivilRights@dhcs.ca.gov).

## Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S.

Kung sa palagay mo ay nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, pinagmulang bansa, edad, kapansanan, o kasarian, puwede ka ring maghain ng reklamo sa mga karapatang sibil sa Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S., Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng telepono, pagsulat, o sa elektronikong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa **1.800.368.1019**. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY **1.800.537.7697** o **711** para magamit ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng pagsulat:** Punan ang form sa pagrereklamo o magpadala ng liham sa:

U.S. Department of Health and Human Services  
200 Independence Avenue, SW  
Room 509F, HHH Building  
Washington, D.C. 20201

- Makakakuha ng mga form para sa pagrereklamo sa [www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html](http://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html).
- **Sa elektronikong paraan:** Bisitahin ang Portal sa Pagrereklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.

---

## Mga paraan ng pakikibahagi bilang miyembro

Gustong malaman ng Alliance ang saloobin mo. Bawat quarter, may mga isinasagawang meeting ang Alliance para pag-usapan ang mga nagagawa nang maayos ng Alliance at ang mga puwede pa nitong pahasayin. Iniimbitahang pumunta ang mga miyembro. Sumama sa isang meeting!



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

## Komite sa Pagpapayo ng Miyembro (MAC)

Ang Alliance ay may grupong tinatawag na Komite sa Pagpapayo ng Consumer (Consumer Advisory Committee, CAC) na tinatawag ding Komite sa Pagpapayo ng Miyembro (Member Advisory Committee, MAC). Binubuo ng mga miyembro ng Alliance, tagapagsulong ng komunidad, at provider ang grupong ito. Puwede kang sumali sa grupong ito kung gusto mo.

Pinag-uusapan ng grupo kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Alliance, at responsibilidad nitong:

- Magbigay ng feedback sa mga programa at patakaran.
- Magbigay ng mga rekomendasyon sa pakikipag-ugnayan sa miyembro, pagbibigay ng kaalaman, at pagtugon sa mga pangangailangan ng miyembro.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro ng Alliance sa **1.510.747.4567** o nang toll-free sa **1.877.932.2738** (TTY **1.800.735.2929** o **711**).

## Gusto naming malaman ang saloobin mo!

Posibleng makatanggap ka ng survey o tawag na nagtatanong tungkol sa palagay mo sa mga ginagawa namin. Maglaan ng ilang minuto para sagutan ito para mapahusay namin ang aming mga programa para sa lahat ng miyembro.

---

## Paunawa sa mga kasanayan sa privacy

Available ang isang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Alliance para sa pagpreserba ng pagkakumpidensyal ng mga talaang medikal at ibibigay ito kapag hiniling.

Nangangako kami (ang Alliance) na papanatilihin naming kumpidensyal ang iyong impormasyon. Sa ilalim ng batas, dapat naming panatilihing pribado ang iyong impormasyon. Sa ilalim ng batas, dapat ka naming bigyan ng paunawa tungkol sa aming mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy kaugnay ng iyong impormasyon. Ipapaalam sa iyo ng Paunawang ito kung paano namin puwedeng gamitin at ibahagi ang iyong impormasyon. Sinasabi rin nito sa iyo ang iyong mga karapatan at ang aming mga legal na obligasyon kaugnay ng impormasyon mo.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa Abisong ito, makipag-ugnayan sa amin sa:

Alameda Alliance for Health  
ATTN: Member Services Department  
1240 South Loop Road  
Alameda, CA 94502

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):  
**711/1.800.735.2929**

Para mabasa ang buong Paunawa, bisitahin ang [www.alamedaalliance.org/privacy](http://www.alamedaalliance.org/privacy).

---

## Paunawa tungkol sa mga batas

Maraming nalalapat na batas sa Handbook ng Miyembro na ito. Posibleng makaapekto ang mga batas na ito sa iyong mga karapatan at responsibilidad kahit hindi kasama o ipinaliwanag sa handbook na ito ang mga nasabing batas. Ang mga pangunahing batas na nalalapat sa handbook na ito ay ang mga batas ng estado at pederal tungkol sa programa ng Medi-Cal. Posibleng may mailapat ding iba pang batas ng pederal at estado.

---

## Paunawa tungkol sa pagiging huling tagapagbayad ng Medi-Cal, iba pang saklaw sa kalusugan, at pag-recover ng tort

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga batas at regulasyon ng estado at pederal na nauugnay sa legal na pananagutan ng mga third party para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga miyembro. Gagawin ng Alliance ang lahat ng makatuwirang pag-iingat para matiyak na ang programa ng Medi-Cal ang huling tagapagbayad.

Puwedeng magkaroon ang mga miyembro ng Medi-Cal ng iba pang saklaw sa kalusugan (other health coverage, OHC), na tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Bilang kundisyon ng pagiging kwalipikado sa Medi-Cal, dapat kang mag-apply para sa at/o magpanatili ng anumang available na OHC kapag libre ito.

Inaatasan ng mga batas ng pederal at estado ang mga miyembro ng Medi-Cal na iulat ang OHC at ang anumang pagbabago sa OHC. Kung hindi mo iulat kaagad ang OHC, posibleng kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyong hindi dapat nila binayaran. Isumite ang iyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>. Kung wala kang access sa internet, puwedeng iulat ang OHC sa iyong planong pangkalusugan, o sa **1.800.541.5555** (TTY **1.800.430.7077** o **711**; sa loob ng California), o **1.916.636.1980** (sa labas ng California). Ang DHCS ng California ay may karapatan at responsibilidad na maningil para sa mga sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung magtatamo ka ng pinsala sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, posibleng kailanganin ng insurance sa sasakyan o para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa na maunang magbayad, o na i-reimburse ang Medi-Cal.

Kung magtatamo ka ng pinsala, at may ibang panig na dapat managot sa iyong pinsala, dapat abisuhan mo o ng iyong legal na kinatawan ang DHCS sa loob ng **30 araw** matapos maghain ng legal na pagkilos o claim.

Isumite ang iyong abiso online:

- Personal Injury Program (Programa sa Personal na Pinsala) sa <http://dhcs.ca.gov/PI>
- Workers Compensation Recovery Program (Programa sa Recovery ng Kabayaran sa Mga Manggagawa) sa <http://dhcs.ca.gov/WC>

Para matuto pa, tumawag sa **1.916.445.9891**.

---

## Paunawa tungkol sa pag-recover ng estate

Ang programa ng Medi-Cal ay maghahabol ng bayad mula sa mga estate ng ilang partikular na pumanaw na miyembro ng Medi-Cal para sa mga ginawang pagbabayad, kasama ang mga premium sa pinapamahalaang pangangalaga, para sa serbisyo sa pasilidad ng pag-aalaga, serbisyo sa tahanan at komunidad, at kaugnay na serbisyo sa ospital at inireresetang gamot na ibinigay sa pumanaw na miyembro ng Medi-Cal sa o makalipas ang kanyang **ika-55 kaarawan**.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

Kung walang naiwang estate o walang pag-aari ang isang pumanaw na miyembro sa kanyang pagkamatay, walang magiging utang.

Para matuto pa tungkol sa pag-recover ng estate, pumunta sa <http://dhcs.ca.gov/er>. O tumawag sa **1.916.650.0490** o humingi ng legal na payo.

---

## Paunawa ng Pagkilos

Magpapadala sa iyo ang Alliance ng liham ng Paunawa ng Pagkilos (NOA) sa tuwing may tatanggihan, iaantala, wawakasan, o babaguhin ang Alliance na kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa pasya ng plano, puwede kang maghain ng apela sa Alliance anumang oras. Tingnan ang seksyong “**Mga Apela**” sa itaas para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpadala sa iyo ng NOA ang Alliance, malalaman mo rito ang lahat ng karapatang mayroon ka kung hindi ka sang-ayon sa binigay na pasya.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa [www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org).

# 8. Mahahalagang numero at salitang dapat malaman

## Mahahalagang numero ng telepono

Linya para sa Payo ng Nurse

Toll-Free: **1.888.433.1876**

Alameda Alliance for Health – Departamento ng Mga Serbisyo sa Miyembro

Numero ng Telepono: **1.510.747.4567**

Toll-Free: **1.877.932.2738**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS/TTY):

**711/1.800.735.2929**

Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na Nauugnay sa Pag-uugali ng Alameda County - ACCESS Program

Toll-Free: **1.800.491.9099**

Ahensya ng Mga Serbisyong Panlipunan ng Alameda County (Medi-Cal Center)

Numero ng Telepono: **1.510.777.2300**

Toll-Free: **1.800.698.1118**

Beacon Health Options (Manager ng Benepisyo sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali ng Alliance)

Toll-Free: **1.855.856.0577**

California Children's Services (CCS)

Numero ng Telepono: **1.510.208.5970**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS) – Pinapamahalaang Pangangalaga ng Medi-Cal  
Numero ng Telepono: **1.916.449.5000**

Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DMHC) – Organisasyon sa Pagmementina ng Kalusugan (Health Maintenance Organization, HMO) Help Center  
Toll-Free: **1.888.466.2219**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (TDD): **1.877.688.9891**

California Home Medical Equipment (CHME)  
Toll-Free: **1.800.906.0626**

California Relay Service (para sa may problema sa pandinig)  
Toll-Free: **1.800.735.2929**

Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (CRS): **711**

Children First Medical Group (CFMG)  
Numero ng Telepono: **1.510.428.3154**

Community Health Center Network (CHCN)  
Numero ng Telepono: **1.510.297.0200**

Denti-Cal (Medi-Cal Dental)  
Toll-Free: **1.800.322.6384**  
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (TTY): **1.800.735.2922**

Mga Opsyon sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Options, HCO)  
Toll-Free: **1.800.430.4263**  
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (TTY): **1.800.430.7077**

March Vision Care  
Toll-Free: **1.844.336.2724**

Medi-Cal Rx  
Toll-Free: **1.800.977.2273**  
Mga taong may mga problema sa pandinig at pagsasalita (TTY/TDD):  
**1.800.977.2273**  
(pindutin ang **5** o **711**)

Panrehiyong Center ng East Bay  
Numero ng Telepono: **1.510.618.6100**



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

## Mga salitang dapat malaman

**Acute:** Medikal na kundisyong biglaan na nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon, at hindi tumatagal.

**Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo):** Mga serbisyong ibinibigay para magamot ang isang hindi emergency na karamdaman, pinsala, o kundisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Puwede kang kumuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider, na wala sa network kung pansamantalang hindi available o accessible ang mga provider na nasa network.

**Aktibong labor:** Ang panahon kung saan nasa **tatlong (3)** yugto ng panganganak ang isang babae at hindi siya ligtas na maililipat sa ibang ospital nang nasa oras bago siya manganak, o makakasama sa kalusugan o kaligtasan ng babae o ng hindi pa naisisilang na sanggol ang paglilipat.

**American Indian:** Isang indibidwal, na tinutukoy sa titulo 25 ng mga seksyon 1603(c), 1603(f), 1679(b) ng Kodigo ng Estados Unidos (United States Code, USC) o natukoy na kwalipikado, bilang Indian, alinsunod sa 42 Kodigo ng Mga Regulasyon ng Pederal (Code of Federal Regulations, CFR) 136.12 o Titulo V ng Batas sa Pagpapahusay ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian, na makatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga Indian na provider sa pangangalagang pangkalusugan (Indian Health Service, an Indian Tribe, Tribal Organization, or Urban Indian Organization–I/T/U) o sa pamamagitan ng referral sa Mga Nakakontratang Serbisyo sa Kalusugan.

**Apela:** Ang apela ay isang kahilingan para suriin at baguhin ng Alliance ang isang pasyang ginawa namin tungkol sa saklaw para sa isang hinihiling na serbisyo.

**California Children’s Services (CCS):** Isang programa ng Medi-Cal nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang may edad na **hanggang 21 taon**, na may ilang partikular na sakit at problema sa kalusugan.

**Center ng Kalusugan na Kwalipikado sa Ilalim ng Pederal (Federally Qualified Health Center, FQHC):** Center ng kalusugan sa isang lugar na wala masyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Puwede kang kumuha sa isang FQHC ng pangunahing pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Chiropractor:** Provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manu-manong pagmamaniipula.

**Copayment:** Bayad na, sa pangkalahatan, ibinibigay mo sa panahon ng serbisyo, bukod pa sa bayad ng insurer.

**Dati nang pasyente:** Pasyenteng dati nang may ugnayan sa isang provider at nagpatingin sa provider na iyon sa loob ng isang partikular na tagal ng panahon na itinakda ng Plano.

**DHCS:** Ang Departamento ng Mga Sebisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang opisina ng Estado na nangangasiwa sa programa ng Medi-Cal.

**Direktoryo ng Provider:** Listahan ng mga provider na nasa network ng Alliance.

**DMHC:** Ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang opisina ng Estado na nangangasiwa sa mga plano sa pangangalagang pangkalusugan.

**Emergency na medikal na kundisyon:** Medikal na kundisyon o kundisyon sa pag-iisip na may mga malalang sintomas, gaya ng aktibong labor (pumunta sa kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na puwedeng dahilan para makatuwirang maniwala ang isang ordinaryong indibidwal na may kaalaman sa kalusugan at medisina na puwedeng humantong sa sumusunod ang hindi pagkatanggap ng agarang medikal na pangangalaga:

- Matinding panganib sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol
- Problema sa pag-function ng katawan
- Hindi maayos na paggana ng isang bahagi o organ ng katawan

**Emergency na medikal na transportasyon:** Transportasyon sakay ng ambulansya o pang-emergency na sasakyan papuntang emergency room para makatanggap ng emergency na medikal na pangangalaga.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



**Espesyalista (o specialty na doktor):** Doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, orthopedic surgeon na gumagamot ng mga baling buto; allergist na gumagamot ng mga allergy; at cardiologist na gumagamot ng mga problema sa puso. Madalas ay kailangan mo ng referral mula sa iyong PCP para makapagpatingin ka sa isang espesyalista.

**Fee-For-Service (FFS) Medi-Cal:** Kung minsan, hindi sinasaklaw ng iyong plano sa Medi-Cal ang mga serbisyo pero puwede mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng Medi-Cal FFS, gaya ng maraming serbisyo sa parmasya sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal Rx.

**Follow-up na pangangalaga:** Regular na pangangalaga ng doktor para matingnan ang progreso ng pasyente matapos maospital o habang nagpapagamot.

**Gamot na wala sa pormularyo:** Gamot na hindi nakalista sa pormularyo ng gamot.

**Health Care Options (HCO):** Ang programang makakapagtala o makakapag-alis sa iyo sa pagkakatala sa planong pangkalusugan.

**Hindi kalahok na provider:** Provider na wala sa network ng Alliance.

**Hindi medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag bumibiyahe ka papunta o mula sa isang appointment para sa isang sinasaklaw na serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng iyong provider at kapag nagpi-pick up ng mga reseta at medikal na supply.

**Hindi** mo kailangan ng referral mula sa iyong PCP para sa ilang uri ng mga serbisyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya, emergency na pangangalaga, pangangalaga ng OB/GYN, o sensitibong serbisyo.

**Hindi sinasaklaw na serbisyo:** Serbisyong hindi sinasaklaw ng Alliance .

**Hospice:** Pangangalaga para mabawasan ang kawalan ng ginhawa sa pangangatawan, emosyon, pakikisalamuha sa iba, at espirituwal na aspeto ng isang miyembrong may malalang karamdaman. Available ang hospice care kapag ang miyembro ay inaasahan na lang na mabuhay sa loob ng **anim (6) na buwan o mas maikli**.

**Iba pang saklaw sa kalusugan (other health coverage, OHC):** Tumutukoy ang iba pang saklaw sa kalusugan sa pribadong insurance sa kalusugan at mga tagabayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Posibleng kasama sa mga serbisyo ang mga medikal na



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

plano, plano sa ngipin, plano sa paningin, parmasya, at/o karagdagang plano ng Medicare (Part C at D).

**Iniimbestigahang paggamot:** Gamot para sa paggamot, biological na produkto, o device na matagumpay na nakakumpleto sa unang yugto ng isang klinikal na imbestigasyong naaprubahan ng FDA pero hindi naaprubahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at iniimbestigahan pa sa ilalim ng isang klinikal na imbestigasyong naaprubahan ng FDA.

**Inpatient na pangangalaga:** Kapag kailangan mong manatili nang magdamag sa isang ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kinakailangan mo.

**Insurance sa kalusugan:** Saklaw sa insurance na nagbabayad ng mga medikal at pang-operasyong gastusin sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastusin mula sa karamdaman o pinsala o direktang pagbabayad sa provider ng pangangalaga.

Kadalasan, kailangan mo ng referral mula sa iyong PCP para makapagpatingin ka sa isang espesyalista. Dapat humingi ang iyong PCP ng paunang pag-apruba mula sa Alliance para makatanggap ka ng pangangalaga mula sa espesyalista.

**Kalahok na ospital:** Lisensyadong ospital na may kontrata sa Alliance para makapagbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa panahon ng pagtanggap ng pangangalaga ng miyembro. Ang mga sinasaklaw na serbisyo na posibleng ialok ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay nililimitahan ng mga patakaran sa pagsusuri sa paggamit at pagtiyak ng kalidad ng Allianceo kontrata ng Alliance sa ospital.

**Kalahok na provider (o kalahok na doktor):** Doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad ng kalusugan, kasama ang mga sub-acute na pasilidad na may kontrata sa Alliance para makapag-alok ng mga sinasaklaw na serbisyo sa mga miyembro sa panahon ng pagtanggap ng pangangalaga ng miyembro.

**Kalusugan at Pag-iwas sa Kapansanan ng California (California Health and Disability Prevention, CHDP):** Pampublikong programa sa kalusugan na nagre-reimburse ng mga pampubliko at pribadong provider ng pangangalagang pangkalusugan para sa mga maagang pagtatasa ng kalusugan nang sa gayon ay matukoy at mapigilan ang sakit at mga kapansanan sa mga bata at teenager. Nakakatulong ang programa sa mga bata at teenager na maka-



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

access ng regular na pangangalagang pangkalusugan. Puwedeng magbigay ang iyong provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) ng mga serbisyo sa CDHP.

**Karaingan:** Pasalita o nakasulat na pahayag ng hindi pagkakuntento ng isang miyembro tungkol sa Alliance, isang provider, o mga ibinibigay na serbisyo. Ang reklamo ay isang halimbawa ng karaingan.

**Klinika ng Kalusugan sa Probinsya (Rural Health Clinic, FQHC):** Center ng kalusugan sa isang lugar na wala masyadong provider ng pangangalagang pangkalusugan. Pwede kang kumuha ng pangunahing pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit sa isang RHC.

**Klinika:** Pasilidad na puwedeng piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Ito ay puwedeng Center ng Kalusugan na Kwalipikado sa Ilalim ng Pederal (FQHC), klinika sa komunidad, klinika ng Kalusugan sa Probinsya (RHC), Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP), at iba pang pasilidad ng pangunahing pangangalaga.

**Koordinasyon ng Mga Benepisyo (Coordination of Benefits, COB):** Proseso ng pagtukoy sa kung aling saklaw sa insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance, o iba pa) ang may mga pangunahing responsibilidad sa paggamot at pagbabayad para sa mga miyembrong may mahigit saisang uri ng saklaw sa insurance sa kalusugan.

**Kwalipikadong provider:** Doktor na kwalipikado sa larangan ng practice na naaangkop sa paggamot ng iyong kundisyon.

**Maaga at pana-panahong screening, diagnostic, at paggamot (Early and periodic screening, diagnostic, and treatment, EPSDT):** Ang mga serbisyo sa EPSDT ay benepisyo para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang **21 taong gulang** na makakatulong sa kanilang manatiling malusog. Dapat makuha ng mga miyembro ang mga pagsusuri sa kalusugan na tama para sa kanilang edad at ang mga naaangkop na screening para makita ang mga problema sa kalusugan at maagang magamot ang mga karamdaman, at ang anumang paggamot para mapangalagaan o maibsan ang mga kundisyong makikita sa mga check-up.

**Malalang karamdaman:** Sakit o kundisyong dapat gamutin at puwedeng magresulta sa pagkamatay.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Matibay na medikal na kagamitan (durable medical equipment, DME):** Kagamitang medikal na kinakailangan at ipinapagamit ng iyong doktor o iba pang provider. Ang Alliance ang magpapasya kung magrerenta o bibili ng DME. Hindi dapat mas malaki ang bayad sa pagrenta kaysa sa bayad sa pagbili. Sinasaklaw ang pagkukumpuni ng medikal na kagamitan.

**Medi-Cal Rx:** Isang serbisyo sa benepisyo sa parmasya ng FFS Medi-Cal na tinatawag na “Medi-Cal Rx,” na nagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo sa parmasya, pati ng mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryo ng Medi-Cal.

**Medicare:** Programa ng insurance sa kalusugan ng pederal para sa mga taong may edad na **65 taon pataas**, ilang partikular na teenager na may mga kapansanan, at mga taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, na kung minsan ay tinatawag na end-stage na sakit sa bato [end-stage renal disease, ESRD]).

**Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan):** Ang medikal na kinakailangang pangangalaga ay mahahalagang serbisyo na makatuwiran at nakakaprotekta ng buhay. Kinakailangan ang pangangalagang ito para hindi magkaroon ng malalang sakit o kapansanan ang mga pasyente. Binabawasan ng pangangalagang ito ang matinding pananakit sa pamamagitan ng paggamot sa sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang **21 taong gulang**, kasama sa mga medikal na kinakailangang serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalagang medikal na kinakailangan para maayos ang o makatulong sa isang karamdaman o kundisyon sa pangangatawan o pag-iisip, kasama ang mga disorder sa paggamit ng substance, gaya ng nakasaad sa Seksyon 1396d(r) ng Pamagat 42 ng Kodigo ng Estados Unidos.

**Medikal na tahanan:** Modelo ng pangangalaga na magbibigay ng pinahusay na kalidad ng pangangalagang pangkalusugan, magpapahusay sa pamamahala ng mga miyembro sa kanilang sariling pangangalaga, at pagbabawas sa naiiwasang bayarin sa paglipas ng panahon.

**Medikal na transportasyon:** Transportasyon kapag hindi ka makakapunta sa isang sinasaklaw na medikal na appointment at/o para mag-pick up ng mga reseta sa pamamagitan ng sasakyan, bus, tren, o taxi. Babayaran ng Alliance ang pinakamurang transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Mga Benepisyo:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na sinasaklaw sa ilalim ng planong pangkalusugan na ito.

**Mga Freestanding na Center para sa Panganganak (Freestanding Birth Center, FBC):** Mga pasilidad ng kalusugan kung saan pinaplanong gawin ang panganganak, nang malayo sa tirahan ng nagbubuntis, na nilisensyahan o inaprubahan ng estado na magbigay ng pangangalaga para sa prenatal labor at panganganak o postpartum, at iba pang ambulatoryong serbisyong kasama sa plano. Hindi ospital ang mga pasilidad na ito.

**Mga hindi kasamang serbisyo:** Mga serbisyong hindi sinasaklaw ng California Medical Program.

**Mga inireresetang gamot:** Gamot na legal na kinakailangan ng order mula sa isang lisensyadong provider para maibigay.

**Mga outpatient na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga outpatient na serbisyo para sa mga miyembrong may mga hindi malala hanggang sa katamtamang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip, kasama ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Psychological na pagsusuri kapag klinikal na isinaad para masuri ang isang kundisyon sa kalusugan ng pag-iisip
- Mga outpatient na serbisyo para sa mga layunin ng pagsubaybay ng medication therapy
- Psychiatric na konsultasyon
- Outpatient na laboratoryo, mga supply, at supplement

**Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan:** Mga doktor at espesyalista gaya ng mga surgeon, doktor na gumagamot ng cancer, o doktor na gumagamot ng mga espesyal na bahagi ng katawan, at na nakikipagtulungan sa Alliance o na nasa network ng Alliance. Dapat ay may lisensya ang mga provider na nasa network ng Alliance na mag-practice sa California at magbigay sa iyo ng serbisyong sinasaklaw ng Alliance.

**Mga provider ng pantahanang pangangalagang pangkalusugan:** Mga provider na nagbibigay sa iyo ng sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyo sa tahanan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Mga rehabilitative at habilitative therapy na serbisyo at device:** Mga serbisyo at device para tulungan ang mga tao sa mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kundisyon para magkaroon ng o mabawi ang mga mental at pisikal na kasanayan.

**Mga sensitibong serbisyo:** Mga serbisyo para sa pagpapalano ng pamilya, impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (sexually transmitted infection, STI), HIV/AIDS, sekswal na pang-aabuso, at pagpapalagpag.

**Mga serbisyo at device para sa habilitasyon:** Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa iyong mapanatili, matutunan, o mapahusay ang mga kakayahan at pag-function para sa pang-araw-araw na pamumuhay.

**Mga serbisyo ng doktor:** Mga serbisyong ibinibigay ng indibidwal na lisensyado, sa ilalim ng batas ng estado, na mag-practice ng medisina o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyong iniaalok ng mga doktor habang naka-admit ka sa isang ospital na sinisingil sa bill ng ospital.

**Mga serbisyo para sa nasa hustong gulang sa komunidad (Community-based adult services, CBAS):** Mga outpatient na serbisyo sa pasilidad para sa sanay na pag-aalaga, mga serbisyong panlipunan, therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta sa pamilya at tagapag-alaga, serbisyo sa nutrisyon, transportasyon, at iba pang serbisyo para sa mga kwalipikadong miyembro.

**Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip mula sa espesyalista:** Mga serbisyo para sa mga miyembrong may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na nasa mas mataas na antas ng kapansanan kumpara sa hindi malubha at katamtaman.

**Mga serbisyo sa midwifery :** Prenatal, intrapartum, at postpartum na pangangalaga, kasama ang pangangalaga sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga ng kasisilang pa lang na sanggol, na ibinibigay ng mga sertipikadong nurse midwife (CNM) at lisensyadong midwife (Licensed Midwives, LM).

**Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya:** Mga serbisyo para maiwasan o maantala ang pagbubuntis.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



**Mga serbisyo sa pampublikong kalusugan:** Mga serbisyo sa kalusugan na naka-target sa pangkalahatang populasyon. Kasama rito ang pagsusuri ng sitwasyon sa kalusugan, surveillance ng kalusugan, promosyon ng kalusugan, mga serbisyong pang-iwas sa sakit, kontrol sa nakakahawang sakit, proteksyon at sanitasyon ng kapaligiran, paghahanda at pagtugon para sa sakuna, at occupational health.

**Mga serbisyo sa post-stabilization:** Mga sinasaklawang serbisyo na nauugnay sa isang pang-emergency na medikal na kundisyon na ibinibigay pagkatapos maging stable ng miyembro para mapanatili ang stable na kundisyon. Sinasaklaw at binabayaran ang mga serbisyo sa post-stabilization na pangangalaga. Posibleng kailanganin ng mga ospital na wala sa network ng paunang pag-apruba.

**Mga serbisyong wala sa pinagseserbisyuhang lugar:** Mga serbisyo habang wala sa pinagseserbisyuhang lugar ang isang miyembro.

**Miyembro:** Sinumang kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na nakatala sa Alliance na may karapatang makatanggap ng mga sinasaklaw na serbisyo.

**Nagpapatala:** Isang taong miyembro ng planong pangkalusugan at nakakatanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

**Nakakontratang Listahan ng Gamot (Contract Drugs List, CDL):** Ang naaprubahang listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan puwedeng i-order ng iyong doktor ang mga sinasaklaw na gamot na kailangan mo.

**Nakamamatay na karamdaman:** Medikal na kundisyon na hindi na gagaling at malamang ay humantong sa pagkamatay sa loob ng hindi hihigit sa **isang (1) taon** kung magpapatuloy ang paglala ng sakit.

**Network:** Grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na kinontrata ng Alliance para magbigay ng pangangalaga.

**Orthotic device:** Device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa katawan sa external na paraan para masuportahan o maiwasto ang isang bahagi ng katawan na may matinding pinsala o sakit, at na medikal na kinakailangan para sa medikal na pagpapagaling ng miyembro.

**Ospital:** Lugar kung saan ka kumukuha ng inpatient at outpatient na pangangalaga mula sa mga doktor at nurse.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.



**Outpatient na pangangalaga sa ospital:** Medikal o pang-operasyong pangangalaga na isinasagawa sa isang ospital nang hindi naa-admit bilang inpatient.

**Outpatient na pangangalaga:** Kapag hindi mo kailangang manatili nang magdamag sa isang ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalagang kinakailangan mo.

**Pabalik-balik na kundisyon:** Sakit o iba pang medikal na problemang hindi ganap na mapapagaling o na lumalala sa paglipas ng panahon, o na dapat gamutin para hindi lumala ang kalagayan.

**Pagpapaospital:** Admission sa isang ospital para sa paggamot bilang inpatient.

**Pagpapatuloy ng pangangalaga:** Kakayahan ng miyembro ng plano na patuloy na makatanggap ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanyang kasalukuyang provider sa loob ng hanggang **12 buwan**, kung magkakasundo ang provider at Alliance.

**Palliative na pangangalaga:** Pangangalaga para mabawasan ang kawalan ng ginhawa sa pangangatawan, emosyon, pakikisalamuha sa iba, at espirituwal na aspeto ng isang miyembrong may malalang karamdaman. Hindi inaatas sa palliative pangangalaga na ang miyembro ay dapat na inaasahang mabubuhay pa nang **anim (6) na buwan o mas maikli**.

**Pangangalaga sa emergency room:** Eksaminasyong isinasagawa ng doktor (o mga tauhan sa ilalim ng tagubilin ng doktor kung pinapayagan ng batas) para malaman kung may emergency na medikal na kundisyon. Mga medikal na kinakailangang serbisyo na kailangan para maging stable ang kalagayan mo sa ilalim ng mga kakayahan ng pasilidad.

**Pangmatagalang pangangalaga:** Pangangalaga sa isang pasilidad nang mas matagal sa buwan ng admission.

**Pangunahing pangangalaga:** Pumunta sa “Regular na pangangalaga.”

**Panloloko:** Intensyonal na pagkilos ng isang tao para manlinlang o manloko, nang may kaalamang magreresulta ang naturang panlilinlang sa hindi awtorisadong pakikinabang ng indibidwal o iba pang tao.

**Pantahanang pangangalagang pangkalusugan:** Sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyonang ibinibigay sa tahanan.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Pasilidad ng sanay na pag-aalaga:** Lugar na nagbiigay ng 24 na oras na sanay na pag-aalaga na mga nagsanay lang na propesyonal sa kalusugan ang puwedeng magbigay.

**Paunang awtorisasyon (paunang pag-apruba):** Pormal na proseso na nag-aatas sa isang provider sa pangangalagang pangkalusugan na kumuha ng pag-apruba para magbigay ng mga partikular na serbisyo o pamamaraan.

**Paunang pag-apruba (o paunang pahintulot):** Dapat humingi ang iyong PCP o iba pang provider ng pag-apruba sa Alliance para makakuha ka ng ilang partikular na serbisyo. Ang mga serbisyo lang na kinakailangan mo ang aaprubahan ng Alliance. Hindi aaprubahan ng Alliance ang mga serbisyo ng mga hindi kalahok na provider kung sa palagay ng Alliance ay makakakuha ka ng mga katulad o mas naaangkop na serbisyo sa pamamagitan ng mga provider ng Alliance. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Dapat kang humingi ng pag-apruba sa Alliance.

**Pinagseserbisyuhang lugar:** Heograpikong lugar na pinagseserbisyuhan ng Alliance. Kasama rito ang Alameda County.

**Plano ng pinapamahalaang pangangalaga:** Plano ng Medi-Cal na gumagamit lang ng ilang partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tatanggap ng Medi-Cal na nakatala sa planong iyon. Ang Alliance ay isang pinapamahalaang planong pangkalusugan.

**Plano:** Pumunta sa “Plano ng pinapamahalaang pangangalaga.”

**Pormularyo:** Listahan ng mga gamot o item na nakakatugon sa ilang partikular na pamantayan at na naaprubahan para sa mga miyembro.

**Prosthetic device:** Artipisyal na device na nakakabit sa katawan bilang pamalit sa isang kulang na bahagi ng katawan.

**Provider na wala sa network:** Provider na hindi bahagi ng network ng Alliance.

**Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip:** Mga lisensyadong indibidwal na nagbibigay sa mga pasyente ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugang nauugnay sa pag-uugali.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (Indian Health Care Provider, IHCP):** Isang klinikang pangkalusugan na pinapatakbo ng Serbisyo sa Kalusugan para sa Mga Indian (Indian Health Service, IHS) o ng isang Indian Tribe, Tribal Organization, o Urban Indian Organization.

**Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP):** Ang lisensyadong provider na mayroon ka para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tumutulong sa iyo ang PCP na makuha ang pangangalagang kinakailangan mo.

Kailangan munang maaprubahan ang ilang pangangailangan sa pangangalaga, maliban na lang kung:

- Mayroon kang emergency
- Kailangan mo ng pangangalaga ng OB/GYN
- Kailangan mo ng mga sensitibong serbisyo
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya/pamigil sa pagbubuntis

Ang iyong PCP ay puwedeng isang:

- Pangkalahatang practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Pampamilyang practitioner
- OB/GYN
- Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Mga Indian (IHCP)
- Center ng Kalusugan na Kwalipikado sa Ilalim ng Pederal (FQHC)
- Klinikang Pangkalusugan sa Probinsya (Rural Health Clinic, RHC)
- Nurse practitioner
- Physician assistant
- Klinika

**Provider sa network (o provider na nasa network):** Pumunta sa “Kalahok na provider.”

**Psychiatric na emergency na medikal na kundisyon:** Disorder sa pag-iisip kung saan ang kalalaan ng mga sintomas ay umaabot sa punto kung saan puwede itong magdulot ng panganib sa iyong sarili o sa ibang tao o mawawalan ka kaagad ng kakayahang magbigay o maghain ng kumain, matutuluyan, o damit dahil sa disorder sa pag-iisip.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Reconstructive na operasyon:** Operasyon para maiwasto o maisaayos ang mga abnormal na istruktura sa katawan para mapahusay ang pag-function o makagawa ng normal na hitsura hangga't posible. Ang mga abnormal na istruktura ng katawan ay iyong mga sanhi ng depekto sa puso, abnormalidad sa development, trauma, impeksyon, tumor, o sakit.

**Referral:** Kapag sinabi ng iyong PCP na puwede kang magpatingin sa ibang provider. Nangangailangan ang ilang sinasaklaw na serbisyo ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

**Regular na pangangalaga:** Mga medikal na kinakailangang serbisyo at pangangalagang pang-iwas sa sakit, pagpapatingin ng bata habang walang sakit, o pangangalaga gaya ng regular na follow-up na pangangalaga. Layunin ng regular na pangangalaga na maiwasan ang mga problema sa kalusugan.

**Reklamo:** Pasalita o nakasulat na pahayag ng hindi pagkakuntento ng isang miyembro tungkol sa Alliance, isang provider, o kalidad ng mga ibinibigay na serbisyo. Magkapareho lang ang reklamo at karaingan.

**Saklaw (mga sinasaklaw na serbisyo):** Ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga miyembro ng Alliance, na napapailalim sa mga tuntunin, kundisyon, limitasyon, at pagbubukod ng kontrata sa Medi-Cal at na nakalista sa Ebidensya ng Saklaw (EOC) na ito at anumang pagsusog.

**Saklaw sa inireresetang gamot:** Saklaw para sa mga medikasyong inirereseta ng provider.

**Sanay na pag-aalaga:** Mga sinasaklaw na serbisyong ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, technician, at/o therapist habang namamalagi sa isang pasilidad ng sanay na pag-aalaga o sa tahanan ng isang miyembro.

**Sertipikadong Nurse Midwife (Certified Nurse Midwife, CNM):** Indibidwal na lisensyado bilang Rehistradong Nurse at nasertipikahan bilang nurse midwife ng Lupon sa Rehistradong Nursing ng California. Pinapahintulutan ang isang sertipikadong nurse na midwife na asikasuhin ang mga kaso ng normal na panganganak.

**Sinisiyasat na paggamot:** Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyo na sinusuri pa lang sa laboratoryo at/o pag-aaral ng hayop bago suriin sa mga tao. Ang mga sinisiyasat na serbisyo ay hindi sumasailalim sa klinikal na imbestigasyon.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**).  
Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag.  
O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa  
**[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.

**Tagapamahala ng kaso: Mga** rehistradong nurse o social worker na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga pangunahing problema sa kalusugan at mag-ayos ng pangangalaga sa iyong mga provider.

**Triage (o screening):** Pagtatasa ng doktor o nurse sa iyong kalusugan na nagsanay na mag-screen para sa layunin ng pagtukoy kung kinakailangan kaagad ang iyong pangangalaga.

**Umalis sa Pagkakatala:** Para ihinto ang paggamit ng planong pangkalusugan na ito dahil hindi ka na kwalipikado o magpapalit ka ng planong pangkalusugan. Dapat kang lumagda ng form na nagsasabing ayaw mo nang gamitin ang planong ito o tumawag sa HCO at umalis sa pagkakatala sa pamamagitan ng telepono.



Tumawag sa mga serbisyo sa miyembro sa **1.510.747.4567** (TTY **1.800.735.2929**). Narito ang Alliance Lunes – Biyernes, 8 am – 5 pm. Toll free ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa **711**. Bumisita online sa **[www.alamedaalliance.org](http://www.alamedaalliance.org)**.